

ANG MAGIGING TAHANAN NG MAKALANGIT NA NOBYO AT NG MAKALUPANG NOBYA



Manatili tayong nakatayo sumandali, habang iniyuyukod natin ang ating mga puso ngayon sa harapan ng Diyos.

² Makalangit naming Ama, kami'y tunay ngang nagpapasalamat para sa pribilehiyo na makaparito ngayon, na nagkakatipong sama-sama sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Dalangin namin na patawarin Mo po ang aming mga kasalanan, at habang naririto kami upang ituon ang aming pansin sa mga bagay na Walang Hanggan at sa Buhay na naroon sa ibayong lagpas na sa mortal na hangganan. Ngayon ay dalangin namin na Iyo po kaming gabayan, sa kung papaano kami dapat na bumaling, kung ano ang dapat naming gawin sa hinaharap, at maging sa kasalukuyan ngayon, upang makamtan ang lugar na iyon na sa amin . . . ay naipangako.

³ Marami po ang mga maysakit at nangangailangan sa lupain, at hindi pa nila natatapos ang kanilang lakbayin. At ang matindi naming kaaway, hindi lang aming kaaway, kundi ang Iyong kaaway, ay naparito upang ligaligin sila at para—at para pigilin ang kanilang buhay, at para ipadala sila sa isang—isang maagang kamatayan. At humihiling kami para sa kanila, ngayon, na Ikaw at ang Iyong awa at biyaya, Panginoon, ay dugtungan pa ang kanilang mga araw hanggang sa nakatalagang panahon.

⁴ Nakalagay sa may entablado, o sa pulpito, nakalapag rito ang mga panyo at mga ipinadalang pakete. At doon sa mga pasilyo at sa buo nitong lugar, ay sila na mga nasa tiheras, mga istretser, mga may sakit at nahihirapan, na nakatayo sa gitna ng mga nagsidalo na halos wala nang sapat na lakas upang tumayo.

⁵ O Walang Hanggang Diyos, Ang Mapagpala, dinggin Mo nawa ang aming panalangin sa umagang ito, sa pamamagitan ng Dugo ng Panginoong Jesus; na hindi tumitingin sa aming kasamaan, kundi nalalaman na humalili Siya sa aming lugar, at Siya ang kumakatawan sa amin para sa panalangin ito. Gumaling nawa ang bawat isa at ang lahat para sa Iyong ikaluluwalhati, Panginoon.

⁶ Pagpalain Mo po ang mga panyong ito. Kapag naidampi na ang mga ito sa mga maysakit, ay magsigaling nawa sila.

7 At ngayon, Ama, hanggang sa paghihintay namin para sa dakilang gawaing ukol sa pagpapagaling, na naniniwala kami na susunod na, buksan Mo po sa amin ang daan ng Buhay, Panginoon, upang malaman namin sa pamamagitan ng Iyong Salita ang dapat naming gawin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

8 Gaya ng dati, itinuturing ito na isa sa mga pinakamataas na pribilehiyo, ay ang mapasa tahanan ng Diyos at ang mangusap sa Kanyang mga tao. At ngayon ay alam ko na masyadong siksikan, at mayroon akong napakahabang aralin. Kaya ako'y . . . ako—umaasa ako na—na sana'y maging komportable kayo, hangga't maaari, hanggang sa matapos natin ang Mensahe.

9 Ngayon, mainit, pero nagpapasalamat tayo para sa air conditioner. Pero, sa grupo na ganito karami, walang air conditioner na makakayanan ito, kita n'yo, dahil ang mismong katawan n'yo ay isang bahaging lumilikha ng init, ng halos siyamnapu't walong antas, at ito'y patuloy na naglalabas ng init, at nakaupong magkakalapit pa. Ngunit ako—umaasa ako na gawin kayong lubos na komportable ng Diyos hangga't maaari.

10 At kapag tayo ay nasa, binuong mga pagtitipon na katulad nito, ako—hindi ko kayo papupuntahin dito, sa anumang paraan, kung hindi ko inisip na ito ay para matulungan kayo, kung hindi ko inisip na makabubuti ito sa inyo, at na makikinabang kayo rito, sa inyong pagdalo. At saka, nalalaman din na wala na tayong mahabang panahon pa para gawin ito, na tayo'y—tayo'y papalapit na sa—sa mismong mga oras ng pagtatapos, at ako—nais kong maging mahalaga ang bawat sandali, na magagawa ko, para sa Kanyang Kaharian. At ngayo'y umaasa akong pagpapalain tayo ng Panginoong Diyos habang tayo ay nagkakatipon.

11 At gusto ko kayong purihin, na, kahapon ay nagpunta ako sa iba't ibang mga lugar, binibisita ang ilan sa mga maysakit at nahihirapan, sa mga motel, at nakilala ko ang ilan sa mga manedyer ngayong linggong ito, ng ilan sa mga lugar na kainan. Tulad ng, nandoon ako sa Ranch House nitong linggo, sa dako rito, at kinamayan ako ng manedyer habang papalabas na kami. At sinabi niya, tinawag niya ako, “Kapatid na Branham.” Nagtaka ako kung papaano niya ako nakilala. At sinabi niya . . .

Sinabi ko, “Ikaw ba ang manedyer?”

12 Sabi niya, “Ako ang may-ari.” Kaya pagkatapos ay sinabi niya, “Oo, nagpupunta dito ang mga tao mo para kumain, mula roon.” Sabi, “Sila . . .”

At sinabi ko, “Buweno, palagay ko ay nagsisiksikan sila rito sa inyo.”

13 Sinabi niya, “Ginoo, isa iyon sa mga pinakamainam na pangkat ng mga tao na nakita ko na.” Sabi niya, “Talagang mababait sila.”

14 Nagpunta ako sa isang motel kahapon, para dalawin ang isang kabataang babae na gusto kong makausap, naroroon ang ama't ina niya, at kinailangan kong puntahan ang manedyer para alamin kung nasaan ang—ang mot-. . .ang silid na kinaroroonan nila.

15 Sinabi niya, “At ikaw ba si Kapatid na Branham?” Doon 'yun sa Oaks.

At sinabi ko, “Opo, ginoo.”

16 Sabi niya, “Gusto kitang kamayan.” Sabi niya . . . Ipinakilala niya ako sa kanyang asawa; napakabait na mag-asawa. Sinabi nila, “Bawat tao dito sa motel ay dadalo sa mga gawain mo. Inireserba na namin ito para sa kanila.” At sabi, “Lahat ng iba pa naming kostumer ay tinanggihan namin.”

At sinabi ko, “Buweno, salamat dahil diyan.”

17 Sabi niya, “Kapatid na Branham, isa sa pinakamababait na pangkat ng mga tao na nakita ko na, ay ang mga taong nagpupunta rito, na dumadalo sa mga pagtitipon mo.”

18 Nagpunta nga ako kagabi sa isa kong kaibigan, si G. Becker sa dako rito, at gustung-gusto ko na noon pa ang mga sandwich niya. Siya'y talagang isang . . . Siya, kilala ko na siya noong bata pa ako; buong buhay ko kilala ko na siya. May mag-asawa na nakaupo roon mula sa—sa dating lugar, doon sa Riverside Hotel sa dako roon. Kaya sila . . . Sabi ni G. Becker, “Billy?”

19 Sabi ko, “Ano 'yon, Homer?” Kilalang-kilala na namin ang isa't isa.

Sabi niya, “Pinapakain kong lahat ang mga tao mo roon.”

20 Mga dalawandaan, o mga ganun, bawat Linggo, ang kumakain sa Blue Boar. At kahit saan ako magpunta, nakakarinig ako ng mga papuri kung gaano kayo kabuti.

21 Sinabi ng lalaking ito, “Doon sa may—sa may Riverview sa dako roon,” sabi, “ang buong lugar na iyon ay okupado na ng mga taong dumadalo sa pagtitipong iyon.” Sabi, “Daan-daan na nga ang hindi na makakapasok pa.”

22 Kaya, ang maging ganyan, para sa akin kayo ang asin ng sanlibutan. Ako—ako'y labis na nagpapasalamat na malaman na mayroon akong pribilehiyo na makapangaral sa mga tao na maging ang mga makasalanan at mga taong . . . Hindi ko naman sinasabi na ang mga taong ito ay mga makasalanan, kundi ang ibig kong sabihin ay mga tao na, sa negosyo at iba pa, na nakapagsasabing mabubuting tao kayo, at ikinatutuwa nila kayo sa kanilang negosyo, sa kanilang mga lugar. Alam n'yo, ganyan ang pagiging maalat. Ikinatutuwa ko iyan, ang inyong pag-uugali, kung paano kayo nag-aasikaso ng mga bagay-bagay.

23 Noon ko pa laging sinasabi, “Kung may pumasok at hindi, walang pera para mabayaran ang kanyang bayarin, tawagan mo lang ako.” Kita n’yo? Sabi ko, “Gagawan namin ng paraan iyon.” At sinabi ko, “Lagi mo silang pakainin, may pera man sila o wala.” Kita n’yo, anumang bagay na maaaring gawin.

24 Pakiramdam ko na kayo’y mga anak ko. Kayo’y—kayo ang mga bituin na aking. . . Kung magkaroon man ako ng isa pagdating ko roon, kayo ang magiging hiyas na iyon, ang nagniningning na bahagi, sa—sa korona ng aking ministryo. Kapag ito’y kinoronahan na, kayo ang magiging hiyas na iyon.

25 At noon ko pa sinasabi sa inyo, sa mga panahon na nakalipas, ang tungkol sa Pitong Tatak, ang Kapanahunan ng Iglesya, at ang mga bagay na—na nagaganap na.

26 At ngayon, sa umagang ito, mayroon akong napakahalagang paksa. Para sa akin, isa itong labis na pinagpala. Umaasa ako na maantig kayo nito nang ganoon din. At kung maibibigay ko lang ito nang ayon din sa inspirasyon na natanggap ko ito, ay magiging napakaganda, subalit nasa Diyos na ang paggawa niyon.

27 Noon ko pa sinasabi sa inyo ang tungkol sa *kung saan at kung ano* ang nangyayari, at nakikita na natin ang lahat ng mga bagay na ito na nangyayari na nga.

28 Ngayon ay mangungusap ako, sa umagang ito, tungkol sa: *Ang Magiging Tahanan Ng Makalangit Na Nobyo At Ng Makalupang Nobya*, kung saan ba sila titira. At, dahil sa, umaasa ako na sa biyaya ng Diyos ay kabahagi tayong lahat ng dakilang ekonomiyang iyan ng Diyos.

29 At ngayon ako—umaasa ako na makikipagtiis kayo sa akin, ihanda ang inyong mga Biblia, ang mga lapis n’yo, o anuman ang ginagawa n’yo para makasabay sa aking bumasa, dahil marami akong babanggiting Mga Kasulatan. Sinisikap na makatapos nang tama lang sa oras para magkaroon ng pananalangin para sa mga maysakit; at naipangako ko kasi iyan. Dumating ako dito, na nananalangin nitong kani-kanina lang, sa mga silid at kung saan-saan sa paligid, para sa mga talagang halos wala nang kakayahan at wala nang pag-asa.

30 At, kung loloobin ng Panginoon, magkakaroon ako marahil ng isa pang gawain sa a-disisais, siguro ay pananalangin lamang para sa mga maysakit.

31 Sinimulan ko na ang bakasyon ko ngayon. Mula pa noong nakaraang Enero, ay naglalakbay na ako, at babalik na ako dito. Babalik na ako. Dadalhin ko ang pamilya ko sa Tucson sa umaga, at saka ako babalik para dumito naman sa Kentucky, kasama ng ilang mga kaibigan ko, mangangaso, at mangangaso ng squirrel, sa loob ng ilang linggo, o marahil ay pito o walo, sampung araw, anuman iyon, maliban na idirekta ako ng Panginoon sa kung saan pa. Hindi ko kailanman nalalaman, sadyang kung saan ka

mapaparoon; hindi natin kailanman malalaman iyon, dahil iyan ay nasa mga kamay na ng Diyos, ng Diyos lamang.

³² Ngayon para sa dakilang paksa na ito, tayo—tayo . . . Palagay ko, kung gugugulin ko ang oras ko rito, dahil kailangan mong isama ang maraming bagay, kinakailangan nito ng ilang linggo. Ngunit isinulat ko ang ilang Mga Kasulatan, ilang mga tala, para lang matalakay ang mga pinakamahahalagang kaisipan nito, tungo sa kung saan papagsasaliksikin kayo nito.

³³ Pagkatapos hindi magtatagal, siguro, kung loloobin ng Panginoon, sa Oktubre, hindi ko alam kung kailan, pero kung kailan man Niya ipagkaloob, gusto kong magkaroon ng isang—ng ilang araw, ng tuluy-tuloy lamang na pagtitipon, tungkol sa ika-12 kabanata ng Apocalipsis, para maidugtong sa bahaging ito rito. Oh, naniniwala ako na magiging napakainam niyon. Sadyang magiging napakainam. Magiging napakainam na makita kung papaano Niya isinagawa.

³⁴ Pagkatapos, dahil nagkasama-sama na nga tayo ngayon, sinabi ko pa naman kagabi, sabi ko, “Alam n’yo, pag ako . . .” Sa umaga, para bang tuwing umaga, iniisip ko, “Pagpunta ko rito, babatiin ko ang bawat isa sa mga kaibigan ko na naroroon.” Ngayon paano ko na kaya magagawa iyon?

³⁵ Ang makasama ko rito, gaya ng mabuti kong kaibigan, na si Doktor Lee Vayle na nakaupo sa gawi rito, ang kanyang kaibig-ibig na maybahay at anak na babae. At si Kapatid na Roy Borders, at, palagay ko, sina Kapatid na Ruddell, Kapatid na Beeler, at Kapatid na Palmer, at Kapatid na Jackson. At, oh, naku, ang—ang . . . Sila na mga minamahal na kapatiran mula sa lahat ng iba’t ibang panig! Si Kapatid na Anthony Milano, at, oh, kahit saan ka tumingin, makikita mo ang ilan pang kapatid na lalaki! Mula roon sa Arkansas, hindi ko maalala ang kanilang pangalan; sina Kapatid na John, Kapatid na Earl Martin, at Kapatid na Blair. At, oh, sadyang mayroong . . . kayo . . . Sadyang wala itong katapusan, nakita n’yo. Labis akong nagagalak na magkaroon ng ganyang grupo na nakapaligid sa akin kapag nagtuturo ako ng tungkol sa Salita ng Diyos, mga lalaking sa tingin ko’y mga magigiting na lalaki, mga totoong tao ng Diyos.

³⁶ Nagpapasalamat ako para sa munting tabernakulo na ito. Ako’y nagpapasalamat sa limang pintuan nitong nakabukas sa publiko. Bawat pintuan . . . Mayroon tayong apat na diakono rito, mga lalaking puspos ng Espiritu; apat na katiwala, mga lalaking puspos ng Espiritu. Iyan ay dalawa sa bawat pintuan. At ito’y may dobleng pintuan sa harapan, para sa dalawang pastor, ang mga tagapagpastol.

³⁷ Ikinagalak naming makasama kayo; nagpapasalamat sa Diyos dahil dito. Nawa ay lagi Niya kayong pagpalain.

³⁸ Ngayoy nais nating tumayo panandali lamang, habang bumabasa tayo mula sa Ikalawang Pedro sa ika-3 kabanata, at gayon din mula sa Aklat ng Apocalipsis 21.

³⁹ Sa aming pagtayo, Oh Panginoon, punuin Mo ang aming mga puso ng kagalakan dahil sa pagbasa ng Iyong Salita, nalalaman na sinabi ni Jesus, na, “Ang mga langit at lupa ay lilipas, datapuwat ang Aking Salita ay hindi kailanman mabibigo.” Nalalaman muli na sinabi Niya, “Ang lahat ng Kasulatan ay kinakailangang matupad.” At habang aming binabasa ang mga bagay na ito, magkaroon nawa kami ng isang kaunawaan na mula sa Iyo, sa panahon na aming kinabubuhayan. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, ang May-Akda ng Aklat. Amen.

⁴⁰ Ikalawang Pedro 3.

Ito nga ang ikalawang sulat, mga minamahal, na isinusulat ko sa inyo; at sa dalawa’y ginigising ko ang inyong tapat na pagiisip sa pamamagitan ng sa pagpapaalaala sa inyo:

Upang maalaala ninyo ang mga salitang sinabi nang una ng mga banal na propeta, at ang mga utos ng Panginoon at Tagapagligtas sa pamamagitan ng inyong mga apostol:

Na maalaman muna ito, na sa mga huling araw ay magsisiparito ang mga manunuya na may pagtuya, na magsisilakad ayon sa kanikanilang masasamang pita,

At magsisipagsabi, Saan naroon ang pangako ng kaniyang pagparito? (Kung hindi ba naman iyan tumutugma sa babaeng ito na di-mananampalataya sa...).. buhat nang araw na mangatulog ang mga magulang, ay nangananatili ang lahat ng mga bagay na gaya ng kalagayan nila mula nang pasimulan ang paglalalang.

Sapagka’t sadyang nililimot nila, na mayroong sangkalangitan mula nang unang panahon, at isang lupang inanyuan sa tubig at sa gitna ng tubig, sa pamamagitan ng salita ng Dios:

Na sa pamamagitan din nito ang sanglibutan noon, na inapawan ng tubig, ay napahamak:

Nguni’t ang sangkalangitan at ang lupa, na sa ngayon, sa pamamagitan ng gayon ding salita ay iningatang talaga sa apoy, na itinataan sa araw ng paghuhukom at sa paglipol sa mga taong masama.

Datapuwat, mga minamahal, huwag ninyong kalimutan ang isang bagay na ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw.

Ngayon, *hindi mapagpaliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako, na gaya ng pagpapalibang ipinalalagay ng ibang tao; kundi mapagpahinuhod sa inyo, na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi upang ang lahat ay magsipagsisi.*

Datapuwa't darating ang araw ng Panginoon na gaya ng magnanakaw; na . . . ang sangkalangitan at ang lupa, na kasabay ng malaking ugong. . . ay mapaparam na kasabay ng malaking ugong, at ang mga bagay sa langit ay mapupugnaw sa matinding init, at ang lupa at ang mga gawang nasa lupa ay pawang masusunog.

Yamang ang lahat ng mga bagay na ito ay mapupugnaw ng ganito, ano ngang anyo ng pagkatao ang nararapat sa atin sa banal na pamumuhay at pagiging maka-Dios,

Na ating hinihintay ang pinakananasa na pagdating ng kaarawan ng Dios, na dahil dito'y ang sangkalangitan na nagniningas ay mapupugnaw, at ang mga bagay sa langit ay matutunaw sa matinding init?

Nguni't, ayon sa kaniyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at ng bagong lupa, na tinatahanan ng katuwiran.

Kaya nga, mga minamahal, yamang tayo'y nagsisipaghintay ng mga bagay na ito, ay pagsikapan ninyong hindi kayo masumpungan. . . masumpungan kayo sa kapayapaan, na walang dungis, at walang bahid sa paningin niya.

At inaari na ang pagpapahinuhod ng Panginoon ay pagliligtas; na gaya rin naman ng ating minamahal na . . . Pablo . . . ayon sa karunungan ibinigay sa kaniya ay sinulatan kayo;

Gayon din naman . . . lahat ng kaniyang mga sulat, na doo'y sinasalita ang mga bagay; . . . doo'y may ilang mga pagkakataon na mahirap unawain, na sinisinsay, isinisinsay, ng mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya—na gaya rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang mga kasulatan, sa ikapapahamak din nila.

Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipagingat kayo, baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng . . . kamalian ng masama, ay mangahulog kayo sa inyong . . . katiyagaan.

Datapuwa't magsilago kayo sa biyaya, . . . sa pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesus

Cristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailan man. Siya nawa.

41 Ngayon sa—sa Apocalipsis ni Cristo, sa ika-21 kabanata, babasahin ko ang mga Salitang ito.

At nakita ko ang isang bagong langit at ang isang bagong lupa: sapagka't ang unang langit at ang unang lupa ay naparam; at ang dagat ay wala na.

At akong si Juan ay nakita ang bayang banal, ang bagong Jerusalem, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios, na nahahandang gaya ng isang babaing kasintahan na nagagayakang talaga sa kaniyang asawa.

At narinig ko ang isang malakas na tinig na mula sa langit na nagsasabi, Narito, ang tabernakulo ng Dios ay nasa tao, at siya ay mananahan sa kanila, at sila'y magiging mga bayan niya, at ang Dios din ay sasa kanila, at magiging Dios nila.

At papahirin ng Dios ang bawat luha sa kanilang mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan, hindi na magkakaroon pa ng pagdadalamhati, o ng pananambitan man, o ng hirap pa man: ang mga bagay nang una ay naparam na.

At yaong nakaluklok sa luklukan ay nagsabi, Narito, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay! . . . sinabi niya sa akin, Isulat mo: sapagka't ang mga salitang ito ay tapat at tunay.

At sinabi niya sa akin, Nagawa na. Ako ang Alpha at ang Omega, ang pasimula at ang wakas. At ang nauuhaw ay aking paiinumang walang bayad sa mga bukal ng tubig ng buhay.

Ang magtagumpay ay magmamana ng lahat ng mga bagay na ito; at ako'y magiging Dios niya, at siya'y magiging anak ko.

Manalangin tayong muli.

42 Panginoong Jesus, sa gayong pangako at gayong kahigpit na pananalita na ibinigay sa amin si Jesus Mismo at ng apostol patungkol sa papalapit na sa amin na panahon, bigyan Mo po kami, O Panginoon, ng Iyong paggabay, upang malaman namin kung papaano ang tamang paraan ng paglapit dito. Dahil, paparating na ito, nalalaman namin. Ang Mga Kasulatan ay kinakailangang matupad, at matutupad ngang gayon. At ngayon, Panginoon, hinihiling namin ang Iyong awa muli sa aming lahat, habang pinag-aaralan namin ang Iyong Salita. Samahan Mo po kami at buksan Ito sa amin, Panginoon, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na kayo.

43 Ngayon, iniisip ko kung may paraan pa kaya na marahil, baka puwede nilang patayin ang mga ilaw sa pinaka bulwagan, at hayaan na lang ang mga narito sa may entablado, na siguro ay magiging mas mainam, at mababawasan ang kuryente. Muntik na tayong makasunog ng isang transpormer, noong isang gabi. At kung magagawa iyon ng katiwala para sa atin, ay pasasalamat natin ang pagpapatay ng mga ilaw sa ibaba, ang mga ilaw sa pinaka bulwagan, na patayin. At sa gayon palagay ko ay magkakaroon pa naman kayo ng sapat na puwang para makakita, para makasulat.

44 Ngayon, isang paksa muli, upang ipabatid ito, na ating tatalakayin na ang—ang paksa ng: *Ang Magiging Tahanan Ng Makalangit Na Nobyo At Ng Makalupang Nobya*.

45 Ngayon gaya ng dati . . . Kailangan ko na talagang gawin ito. Talagang napakainit dito, kita n'yo. Siyanga, po. Habang tayo . . . Alam kong hindi gusto ng asawa ko na gawin ko ang ganoon; pero, iyon, ang alisin ang amerikana ko. Talagang napakainit kasi dito. Kita n'yo, may hangin kayo riyon, at iyon ay talagang nahaharag na pagdating dito sa isang maliit na kuwarto, kita n'yo. Ngayon, sa—sa hinaharap, o . . .

46 Noong mga nakaraan, pala, ay napag-aralan na natin 'yung *Ang Pitong Tatak, Ang Pitong Iglesya*. Ginagawa na nina Kapatid na Vayle at nila ang mga iyon ngayon, nang buong katapatan, para maisaaklat ang mga iyon.

47 At sa pagkakita sa lahat ng mahihiwagang bagay na ito na nakita na nating natupad, kung gayon sa palagay ko, matapos na maunawaan iyon, sa panahon na kinabubuhayan natin, at ang kinalalagyan; walang sinuman na magnanais na maupo nang talagang may saysay at sisiyasatin kung ano ang sinalita, at kung ano ang naipangakong mangyayari, at kung ano na ang nangyari, kundi tiyak na makapagsasabi na ang mga bagay na iyon ay natupad na nga. Kita n'yo? Tugmang-tugma sa kung ano ang sinabi ng Diyos na gagawin Niya, ginawa Niya iyon nang tugmang-tugma sa pagkakasabi. Kita n'yo?

48 Ngayon, sa palagay ko rito, na, dahil hindi natin alam kung anong oras na maaaring magpakita ang Panginoong Jesus, naisip ko na makabubuti, para bang nakalulugod sa Espiritu Santo na mangusap tayo tungkol dito, kung gayon; at marahil ay balikan muli ito, nang dalawa o tatlo pang beses, dahil wala akong gaanong sapat na panahon para maipahayag lahat ito.

49 Katulad ng kung saan mahahagip mo ang isang—isang paksa na maaaring maging isang medyo katitisan sa isang tao, hindi mo naman ito matalakay nang lubos para gawing malinaw ito, pagka ganoon ay babalik ka na naman para makadako ka sa susunod na paksa.

50 At pagkatapos sa mga susunod pa, doon sa . . . kung loloobin ng Panginoon, tutungo tayo sa ika-12 mga tatak, o hindi . . .

Pasensiya na. Sa ika-12 kabanata ng Apocalipsis, na nasa pagitan ng Pagparito ng Panginoon at ng pagtatapos ng Mga Trumpeta, at iba pa. Sisikapin nating talakayin muli iyon, upang ipakita kung sino si satanas, at kung ano ang ginawa niya, kung saan siya nagmula, kung ano ang kanyang layunin, at kung papaano na ang kanyang labis na kagandahan na ibinigay sa kanya ay naging sanhi ng kanyang pagkahulog. Ang kanyang panlilinlang ay naging sanhi ng pagkahulog niyon; kagandahan.

⁵¹ Pagkatapos, kung papaanong imposible para sa sinuman na gustong makita iyon nang tama, ang “binhi” ng serpiyente na iyon. Mangahamon ako ryan, sa sinuman, kita n’yo, na gustong suriin ito, gamit—gamit lamang ang karaniwang pang-unawa. Kaya itong makita ng isang bata. Kita n’yo? Ngayon, at makakarating din tayo diyan sa mga susunod.

⁵² Ngayon, nauunawaan natin dito na ang dalawang Kasulatan na ito. . . Ang dahilan kaya binasa ko ang Ikalawang Pedro sa ika-3 kabanata, at inihambing ito sa Apocalipsis 21, ang mga iyon ay parehong nangungusap tungkol sa iisang paksa, ngunit si Juan ay hindi—hindi isinulat ito na katulad ng ginawa ni Pedro. Kita n’yo? Nauunawaan natin na itong dakilang Tahanan ng Nobya ay dito sa ibabaw ng lupa.

⁵³ At ngayon kung inyong babasahin, tulad lamang ng 21 kabanata, ika-21 kabanata ng Apocalipsis, sinabi ng apostol dito, o sinabi ng propeta, na, “Nakita ko ang isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa.” Para bang magkakaroon ng pagpuksa.

⁵⁴ Ngayon, ang paraan na lagi kong nasusumpungan ang mga Mensahe ko ay sa pananalangin. Nasa pananalangin ako habang nakaupo at may mahahayag sa akin. At hinihintay ko iyon nang ilang sandali at tinitingnan kung tama nga ito, saka ko ito mararamdaman ng mas malapit. At pagkatapos kung minsan patuloy pa akong naghihintay hanggang sa iyon ay maging isa nang pangitain. Ngunit kapag nagsimula nang dumating ’yon, at natiyak ko nang mula iyon sa Diyos, saka ako dumadako sa Kasulatan. Kita n’yo, Iyan ay, dapat na pagpapatibay ng bawat bagay na espirituwal na nagawa, dahil ang Biblia ay ang ganap na kapahayagan ni Jesus Cristo; kita n’yo, Ito ay Kanyang Katawan.

⁵⁵ At ngayon, diyan, makakakita ako marahil ng isang lugar sa Kasulatan na para bang sadyang hindi tama, at ako’y mag-iisip. Babalik muli ako sa pananalangin. Babalik muli ’yon. Saka ko—saka ko sisimulan nang—na siyasatin ang aking Kasulatan.

⁵⁶ Ngayon, ang ating Biblia ay naisulat sa Ingles, at ang mga salitang Ingles ay nagbabago, palagi. Halimbawa, katulad sa San Juan 14, ang sabi, “Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming mansyon,” isang mansyon sa loob ng isang bahay. Buweno, kung gayon, ikaw, ang gagawin mo roon kung ganoon, ay balikan

ito roon sa—sa orihinal at alamin kung ano ang ibig sabihin ni James, o bumalik doon sa Hebreo, o doon sa Griyego, mula sa unang pagkasalin. At doon ay sinasabi nito, “Sa Kaharian ng Aking Ama ay maraming mga palasyo.” Buweno, kung gayon, ay bumalik ka sa panahon kung kailan nagsalin ang mga tagapagsalin noon para kay Haring James, ang *kaharian* ay tinatawag noon, sa Ingles, na isang “house,” at ang hari ang siyang ama sa kanyang mga nasasakupan. Hayan ang dahilan kaya isinalin nila, “Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming mansyon.” Kita n’yo? At pagkatapos kunin ninyo ang mga salitang iyon at kailangang saliksikin ninyo ang mga iyon.

⁵⁷ Pagkatapos, nakita n’yo, mula sa inspirasyon na iyan . . . Ang pulpitong ito ngayong umaga, sinasabi ko na, wala ni minsang pagkakataon na hindi ito naging anupaman kundi tuwid, ang Kasulatan. Ganyan na dumating ang *Binhi Ng Serpiyente* at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Kita n’yo? Sa . . .

⁵⁸ At ito’y, talagang, kung babasahin lamang ng isang tao at sasabihin, “Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming mansyon,” kung hindi ka huminto para pag-aralan, manalangin, malilito ka nang husto. Kita n’yo? Subalit patuloy lamang na manalangin. Palagi itong itinatama ng Diyos, kung ito ay galing sa Diyos.

⁵⁹ Ngayon, ipinapaliwanag ni Juan ang pagbabago at ang pagda- . . . kung papaano ito darating. . . Hindi niya iyon ipinaliwanag, pala, kundi ipinaliwanag iyon ni Pedro. Sinabi lamang ni Juan, “Nakita ko ang mga Bagong Langit at Bagong Lupa; ang mga unang langit at unang lupa ay naparam. Wala nang dagat. Akong si Juan ay nakita ang Bayang banal na bumababang buhat sa Diyos mula sa Langit, na nahahandang gaya ng isang Babaeng Kasintahan na nagagayakang talaga sa Kanyang Asawa.” Subalit, dumako naman tayong muli sa Ikalawang Pedro ngayon upang malaman natin, ipinapaliwanag ni Pedro kung papaano mangyayari ang prosesong ito. Ngayon, kung susuriin n’yo ang sinabi ni Juan, para bang ang dating nito ay, “Sapagkat ang mga unang langit at unang lupa ay naparam,” napuksa. Kita n’yo, kung gayon, para bang lubha yatang kakaiba ’yon. Kaya iyon ang pumukaw sa akin, at sinimulan kong hanapin ang salitang, “naparam.” At, ngayon, ngunit maliwanag na ang dalawang ito, ang sa apostol at ang propeta, ay nangungusap tungkol sa iisang bagay.

⁶⁰ At ngayon, gayundin, doon sa Aklat ni Isaias, ngayon, na kung gusto ninyong isulat ang Mga Kasulatang ito, sa Isaias 65:17. Si Isaias, na nangungusap tungkol sa Milenyum, ’yung isang libong taon ng pamamahinga para sa—para sa mga tao ng Diyos. Si Isaias ay nangusap tungkol dito, at sinabi niya, “Ako . . . Mayroong isang . . . Ang lahat ng mga unang bagay ay naparam,” at kung paanong sila ay magsisipagtayo ng mga bahay, pananahanan ang mga iyon. Kung mayroon pa tayong oras . . . Marahil ay gumugol na lang tayo ng oras at—at basahin

ito sandali, ang Isaias 65, at magbasa lamang tayo nang ilang sandali rito. At heto ito, tama, para sa atin. Ngayon, para pasimulan, Isaias 65:17.

At, narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit at ng bagong lupa: . . .

⁶¹ Ngayon, si Isaias, na propeta, ay isa sa mga propeta na sumulat mismo ng buong Biblia sa kanyang propesiya. Nagsimula siya sa paglalang; sa kalagitnaan ng kanyang Aklat, mga sa ika-40 kabanata, ay dumating si Juan Bautista, ang Bagong Tipan na; at nagtatapos dito, ang kanyang Aklat, sa Apocalipsis, doon sa Milenyum. Mayroong animnapu't anim na mga aklat sa Biblia, at mayroong animnapu't anim na kabanata sa Isaias. Sumulat siya ng kumpletong komentaryo.

⁶² Ngayon, napag-alaman natin, dito ngayon siya'y dumadako na sa ika-65 kabanata, na isa pang kabanata, at siya ay nangungusap tungkol sa Milenyum. Pansinin ninyo ito, napakaganda.

. . . narito, ako'y lumilikha ng bagong langit at . . . bagong lupa: at ang dating bagay ay hindi maaalaala, o mapapasa isip man. (Ito'y "mapaparam" na.)

Nguni't kayo'y—kayo'y mangatuwa at mangagalak . . . maging sa aking nilikha: sapagka't, narito, aking nililikha na kagalakan ang Jerusalem, at kaligayahan ang kaniyang bayan.

At ako'y magagalak sa Jerusalem, at maliligaya sa aking bayan: at ang tinig ng iyak ay hindi na maririnig pa sa kaniya, sapagka't . . . o ang tinig man ng daing.

Hindi na magkakaroon mula ngayon . . . ng sanggol na mamamatay, at . . . ng matanda man na hindi nalubos ang kaniyang mga kaarawan: sapagka't ang isang bata ay mamamatay na may isang daang taong gulang; at ang isang makasalanan na may isang daang taon ang gulang ay uusigin. Pagkatapos ay . . .

At sila'y mangagtatayo ng mga bahay, at ang mga yao'y kanilang tatahanan; at sila'y mangaguubasan, at kakain ng bunga niyaon.

At sila'y hindi magtatayo, at iba ang tatahan; ('yun ay, ang inyong bukirin, ang inyong anak ang magmamana niyon, o ang ilan sa inyong mga tagapagmana) . . . sila'y hindi magtatanim, at iba ang kakain doon: (sila mismo ang magtatanim at mananatili sila roon; mayroon silang Buhay na Walang Hanggan) . . . sapagka't kung paano ang kaarawan ng punong kahoy ay magiging gayon ang mga kaarawan ng aking bayan, at ang aking malaon . . . ang aking mga pinili ay mangagalak na malaon sa mga gawa ng kanilang mga kamay.

Sila'y hindi gagawa ng walang kabuluhan, o manganganak man para sa kasakunaan; sapagka't sila ang lahi ng mga pinagpala ng PANGINOON, at ang kanilang mga anak na kasama nila.

63 Ngayon pansinin n'yo, dito ako dadako, maya-maya lang.

At mangyayari, na bago sila magsitawag, sasagot ako; at samantalang sila'y nangagsasalita, aking didinggin.

At ang lobo at ang kordero ay manginginaing magkasama, at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng isang baka: . . . alabok ang magiging pagkain ng ahas. At sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa aking buong banal na bundok, sabi ng PANGINOON.

64 Napakagandang pangako, na ang mga propetang ito at mga dakilang pantas, na mga tagapagturo ng Biblia, mula pa noong sinaunang panahon, ay nakitang darating ang maluwalhating Araw na ito!

65 Sa mga talatang ito, maaaring may mag-isip, o mahikayat, pala, na maniwala na ang buong planeta, ng mundong ito, ay mapaparam, "Lilikha Ako ng isang Bagong Langit at ng isang Bagong Lupa," kita n'yo, na ang kalangitan ay mawawala na at ang lupa ay mawawala na, lubusang mapaparam. Ngunit sa isang masusing pag-aaral, at sa tulong ng Espiritu Santo, ay makikita natin ang Katotohanan nito; at diyan tayo dadako.

66 Ang mga himpapawid lamang na bumabalot dito, at ang kasalanan na nasa ibabaw ng lupa, ang siyang mapupuksa. Kita n'yo? Ngayon, napag-uunawa na natin na ang ibig sabihin ng *kalangitan* ay ang "mga himpapawid sa itaas." Kita n'yo?

67 Ano'ng gagawin nito? Ito sa oras na iyon, itong mga dawag na ito, at karamdaman, at kamatayan, at pulitika, at makasalanang lalaki, at makasalanang babae, at masasamang espiritu, ay mawawalang lahat at mapupuksa. Kita n'yo? Kinakailangang mangyari sa ganoong paraan, dahil tayo ay maninirahan mismo rito. Patutunayan natin iyan sa pamamagitan ng Biblia. Dito mismo tayo maninirahan. Ngayon pansinin, ang mga dawag, mga mikrobyo, lahat ng mga karamdaman at gayong mga bagay, ay ganap nang aalisin. Lahat ng ito, ang pagkakaroon nito sa lupa ngayon, mga sistemang gawa ng tao, pulitika, kasalanan, lahat ng uri ng masasamang espiritu na nagpaparumi sa sanlibutan, at ng buong kalangitan dito sa itaas natin, ay kontaminado na ng masamang espiritu. Ngayon tayo'y magpapakalalim at magpapakahaba, dito, kita n'yo.

68 Ang lahat ng ito ay nasa kalangitan, o mga himpapawid, at sa lupa na kasalukuyan. Taglay ng lupang ito ang mga bagay na iyon, ngunit hindi ito nilikha para sa ganung layunin. Kasalanan ang nagdulot dito na magkaganoon. Kita n'yo? Nilikha ito ng Diyos, ang Manlilikha. Ngunit lahat . . .

69 At ang lahat ng ating mga katawan, na pinananahanan natin ngayon, ay inilagay sa ibabaw ng lupa nang likhain ito ng Diyos, dahil kayo ay mula sa alabok ng lupa. Nailagay nang lahat ito rito. Nang likhain Mismo ito ng Diyos, kayo ay nasa Kanyang isipan na noon. At sa Kanya, ang Dakilang Walang Hanggan, ay naroon na ang kaisipan, na siya Niyang katangian.

70 At ngayo'y kasalanan ang nagdulot na mangyari ang lahat ng ito. At ang Diyos, sa buong kapanahunang ito, ay tinitipon na ang Kanyang sangkap.

71 Si satanas ay naririto pa rin. Iyan ang dahilan kaya nangyayari ang lahat ng mga bagay na ito. Naririto pa rin siya, at lahat ng kanyang masasamang puwersa ay naririto pa rin. Pansinin n'yo, iyan ang dahilan kaya nga ang sanlibutan ngayon ay napakarumi. Kaya nga ang mga basura at kalibak-libak na mga bagay na patuloy pa rin; ang mga patayan, digmaan, pamumulitika, kasalanan, pangangalunya, lahat na ng uri ng mga kahalayan ay patuloy pa rin, ay sa dahilan na si satanas ang siyang tagapangulo ng mundong ito at ng himpapawid na ito.

Sasabihin n'yo, "Ang himpapa- . . .?" Siyanga, po!

72 Ang kalangitan at lupa ngayon ay parehong kontaminado na ng mga diablo na magagawa tayong paratangan sa harapan ng Diyos. Naroroon naman si Jesus upang mamagitan para sa atin. Kita n'yo? Habang ang mga tagapagparatang ay patuloy na nakaturo ang daliri, "ginawa nila *ito*, ginawa nila *ito*, ginawa nila *ito*," ngunit tumatakip pa rin ang Dugo. Naparito Siya upang tubusin ang Mga Hinirang na iyon na Kanya nang nakita noong una. Iyan ang dahilan kaya napakarumi nito ngayon.

73 Dito, ang apostol, sa Ikalawang Pedro rito, sa ika-2 kabanata, at sa ika-5 at sa . . . at sa ika-5 at ika-6 na talata. Oo, nakita ko na. Tinutukoy niya ang tatlong yugto ng mundo. Kita n'yo, siya—binanggit niya ang tatlong yugto nito. Pansinin kung papaano niya inilalahad ang mga iyon.

74 "Ang dating lupa ay inanyuan mula sa tubig," ngayon, iyon ang mundo bago ang pagkagunaw sa pamamagitan ng baha.

75 Ngayon, itong ngayon, ang kasalukuyang sanlibutan na tinatahanan natin ngayon, tinawag itong "daigdig."

76 "Ang dating lupa na inanyuan mula sa tubig," Genesis 1:1. Ngayon at ang "daigdig" na sa ngayong kasalukuyan. At saka, muli, tumutukoy siya ng isa pa, "ang daigdig na darating," ang Bagong Daigdig. Tatlong daigdig; tatlong yugto ng daigdig.

77 At pansinin ninyo kung papaano nililiwanag ng Diyos sa atin ang Kanyang plano ng pagtutubos. Oh, sadyang nagalak nang labis ang kaluluwa ko noong makita ko ito, kung papaanong nililiwanag Niya sa atin dito ngayon ang Kanyang plano ng pagtutubos. Ngayo'y ikumpara ang mismong nakikita ng sarili nating mga mata. Kung ano ang ginawa ng

Diyos upang tubusin ang Kanyang daigdig, ay ginawa Niya ang gayon ding plano upang tubusin ang Kanyang mga tao, sapagkat ang di-nagbabagong Diyos ay hindi rin nagbabago sa alinman sa Kanyang mga plano o ano pa mang bagay. Napakadakilang bagay!

⁷⁸ Kung papaanong inakay Niya tayo sa Kanyang Sarili, patungo sa isang tabernakulo sa loob natin, sa pamamagitan ng tatlong yugto ng biyaya; katulad lamang ng pag-akay Niya sa mundo sa tatlong yugto, na darating sa mundo. Kung papaanong darating ang Diyos sa mundo pagkatapos nitong dumaan sa tatlong iba't ibang yugto ng pagdadalisay, ganun din mismo Siya darating sa atin sa pamamagitan ng tatlong yugto ng biyaya. Itinuro ko na iyan sa simula pa; hindi ako kailanman nagbago, mula pa noon. Ito'y Salita ng Diyos.

⁷⁹ Kailangan ninyong panatilihin na sama-sama ang inyong mga tatlo, ang inyong mga pito, ang inyong mga labindalawa. Ang mga numero sa Biblia ay dapat na ganap na magkakatugma kung hindi ay gagawin n'yong nakakalito ang larawan n'yo. Kung hindi ninyo ito naiintindihan, patuloy lang kayong manalangin. Masdan ninyo, lilinaw rin ito, nang lubos. Ang Diyos ay nagiging sakdal sa tatlo-tatlo. Kita n'yo?

⁸⁰ Pansinin n'yo, "ang dating lupa," 'yung isa noong bago ang pagkagunaw sa pamamagitan ng baha; ang "daigdig" na sa kasalukuyan ngayon; at ang Isa na darating.

⁸¹ Ngayon, ang unang yugto na pagdadalhan Niya sa atin . . . Kita n'yo, ang Kanyang plano ng pagtutubos ay ganoon na ganoon din sa lahat. Ganoon din ang gamit Niyang pamamaraan. Hindi Siya kailanman nagbabago. Sinabi Niya, sa Malakias 3, "Ako ang Diyos, at hindi Ako nagbabago." Ang paraan Niya ng paggawa rito, samakatwid, kung iniligtas Niya ang unang tao na iniligtas Niya, sa pamamagitan ng ibinubong Dugo ng Isang walang-sala, kailangan Niya ring iligtas ang kasunod; at ang bawat isang inililigtas Niya ay magiging sa gayon ding paraan.

⁸² Kung pinagaling Niya ang isang tao sa anumang pagkakataon sa buong lakbayin ng buhay; maging ito man ay noong panahon ni Jesus, ng mga apostol, ng mga propeta, kung kailanman ito; kapag nasunod ang gayon pa ring mga kundisyon, kinakailangan Niyang gawin iyon muli. Siyanga. Hindi Siya nagbabago. Ang tao ay nagbabago, ang oras ay nagbabago, ang kapanahunan ay nagbabago, ang dispensasyon ay nagbabago, ngunit ang Diyos ay nananatili pa ring ganoon. Siya ay sakdal. Anong gandang pag-asa ang dapat na ibigay niyan sa mga taong may sakit!

⁸³ Kung Siya man ay nagpagaling ng isang tao, kailangan Niyang gawin iyon muli kapag nasunod ang gayon pa ring mga kundisyon. Kung Siya man, ay nagligtas ng isang tao, kailangan Niyang gawin muli iyon sa parehong mga batayan na ginawa

Niya iyon noong unang pagkakataon. Kung pinuspos man Niya ang isang tao ng Banal na Espiritu, kinakailangan Niyang gawin iyon sa parehong mga batayan na ginawa Niya noong unang pagkakataon. Kung buhayin man Niya ang isang tao mula sa libingan, kinakailangan Niyang gawin iyon sa ikalawang pagkakataon, at sa bawat iba pang pagkakataon, sa gayon pa ring panuntunan.

⁸⁴ Hindi Siya nagbabago. Oh, kaygandang pag-asa ang ibinibigay niyon sa akin! Ano nga ito? Hindi sa isang kung anong teorya na gawa ng tao, isang bagay na pinagkaisahan ng mga grupo ng tao na nagkasama-sama; kundi ang Kanyang dinagbabagong Salita.

Sasabihin n'yo, "Iyan ba ang Katotohanan?"

⁸⁵ Ang sabi Niya, "Ang salita man ng bawat tao ay kasinungalingan, at ang sa Akin ay totoo." "Sapagkat ang mga langit at lupa ay lilipas, datapuwat ang Aking Salita ay hindi mabibigo." "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan, samakatwid ito'y mabuti at mapapakinabangan para sa pagtuturo." At tandaan, na, "Ang lahat ng Kasulatan ay matutupad," bawat kaliit-liitan nito.

⁸⁶ Pansinin ninyo kung paanong nililiwanag ito ng Diyos sa atin. At kung iyan ay hindi nga ba isang—isang napakalaking pagpapatibay, isang mabuting . . . isang dakila't mapagmahal na pagpapala mula sa Diyos! Kapag nakikita ko ito, at nakita iyan mula nang ako'y bata pa, noong unang pagkakataon na nakipag-ugnay sa akin si Cristo, palagi ko pa ring itinuturo ang tatlong yugtong iyan ng biyaya. Pansinin ninyo kung iyon ay hindi nga ba't totoo ngayon.

⁸⁷ Ngayon, ang unang hakbang ay "pagsisisi sa Diyos." At saka ang susunod diyan, ay bautismo sa tubig, "bautismo sa tubig," "Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Kita n'yo, sumusunod ang bautismo sa tubig, na nagpapakita na ang pagsisisi ay totoo. O, upang "patawarin" ang ating mga kasalanan sa nakaraan, walang kinalaman 'yon sa kasalanan sa hinaharap. Nagpapatawad lamang ito. "Magsisi, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo." Para saan? "Pagpapatawad." Ang pag-alis ng nakaraang kasalanan ay walang kinalaman sa hinaharap. Basta, ang inyong kasalanan ay naalis lang, kung ano ang inyong nagawa na.

⁸⁸ Hindi kayo maaaring magsisi para sa nagawa ni Adan. Hindi n'yo naman ginawa iyon; ginawa iyon ni Adan. Makakatanggap lang kayo ng kapatawaran para sa nagawa ninyo. Ang dating kalikasan ay naroroon pa rin.

⁸⁹ Gamitin ko lang muna itong pisara sandali. [Gumagawa si Kapatid na Branham ng mga larawang-guhit sa pisara—Pat.] Ngayon, *narito* ang isang puso ng tao. Ngayon, hindi ako . . . napakalayo ko sa pagiging isang pintor. *Narito* ang isang puso

ng tao; at *narito* pa ang isang puso ng tao. Ngayon, ang isang ito sa banda *rito* ay may ahas sa loob nito, 'yun ay kasalanan, nandito ang kanyang buhay. Ang isang ito naman sa banda *rito* ay may kalapati sa loob nito, na ito'y ang Espiritu Santo, dito'y meron siyang Buhay. Buweno, ang isang ito naman *dito*, ay mayroon siyang masamang pag-iisip, pagkapoot, pagkainggit; 'yun ang nagdudulot nito, ay ang taong ito *rito*. Buweno, ang isang ito naman sa banda *rito* ay may pag-ibig, at kagalakan, at pagpapahinuhod; at Iyon ang gumagawa nito, sa dako *rito*.

⁹⁰ Ngayon, kapag ikaw ay hiningan, o ikaw ay napatawad na sa iyong mga kasalanan, ito lang ang nagawa mo, inalis lang *iyon*. Pero ang bagay na nagtulak para gawin mo iyon ay naroroon pa rin. Iyon ang dating ugat ng kasamaan; naroroon pa rin ito. Pansinin n'yo, pagkatapos ay magsisisi ka at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, na pinatawad ka na Niya sa iyong mga kasalanan. Pansinin.

⁹¹ Pagkatapos, ikalawa, ay pumapasok naman ang pagpapabanal, na nagsasaayos sa ating kaisipan tungo sa kabanalan, upang mag-isip nang tama. Inalis na . . . ang pagpapabanal ay isang tambalang salitang Griyego, na ang ibig sabihin ay "nilinis, at inilaan para sa paglilingkod."

⁹² Pagkatapos, ang kasunod, ay ang bautismo na ng Apoy at Banal na Espiritu, upang ang Diyos ay makapanahan sa atin. At nililinis ng Apoy ng Diyos ang ating mga puso mula sa kasalanan, at inilalagay ang Banal na Espiritu sa loob. Kung gayon ay ipamumuhay na natin ang gayon ding Buhay na ipinamuhay *Nito*, dahil Iyan ay nasa atin na.

⁹³ Pansinin n'yo, sa natural na kapanganakan, kapag manganganak na ang isang babae ng sanggol. Itinitipo ng natural na buhay ang espirituwal na buhay. Kapag nanganganak ang isang babae ng isang sanggol, ang natural, ang unang bagay na mangyayari ay paglabas ng tubig, pagkatapos ay dugo, at pagkatapos ay ang espiritu (ang buhay). Kukunin ang munting sanggol at papaluin siya [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang isang beses—Pat.], at hayun na siya, sumisigaw na. Tubig, dugo, espiritu.

⁹⁴ At ngayon kapag ang isang sanggol ay ipinanganak sa Kaharian ng Diyos, dumarating siya sa gayon ding paraan: tubig, Dugo, Espiritu.

⁹⁵ Ngayon pansinin n'yo, pagpapabanal, ang ikatlong yugto . . . ikalawang yugto nito, ay nililinis ang pag-iisip; isinasaayos ang puso, ang pag-iisip ng puso, tungo sa kabanalan.

⁹⁶ Ang isang tao ay magagawang magsisi sa mga kasalanan at nag-iisip pa rin siya ng . . . Buweno, marahil siya ay isang—isang imoral na lalaki, bawat babaeng mukhang imoral na makikita niya, ay naroroon pa rin. Marahil siya ay isang lasenggo; sa tuwing maaamoy niya ang alak, naroroon pa rin iyon. Kita n'yo?

⁹⁷ Ngunit gayon pa man kapag siya ay napaging-banal na, nililinis na niyon ang pagnanasang iyon paalis sa kanya. Kita n'yo? Inaalis na nito ang pagnanasa niya rito. Maaari pa rin siyang matukso, ngunit inaalis na Niya ang pagnanasa rito. Gayon pa man, hindi pa rin siya matuwid.

⁹⁸ Pagkatapos, siya ay babautismuhan na sa Banal na Espiritu at Apoy. Nilinis na, sinunog na, lubos nang nilinis; at pagkatapos ay inilagay sa paglilingkod sa Diyos.

Nilalalan lamang sila ng pagpapabanal *para sa* paglilingkod.

⁹⁹ At pansinin n'yo kung papaano dumating iyon nang sadyang eksakto, ang pagdating ng mga mensahe. Si Martin Luther, sa pag-aaring-ganap; si John Wesley, sa pagpapabanal; ang pentecostal, sa bautismo ng Banal na Espiritu. Ang mga mensahe, doo'y kung saan hindi na maaaring magkaroon pa ng mga kapanahunan nito, kita n'yo. Nasa huling panahon na tayo. Tatlong yugto. Nililinis ng bautismo ang puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

¹⁰⁰ Talagang kapansin-pansin ngayon, pinapadaan Niya ang lugar na ating titirhan, sa ganoon ding proseso.

¹⁰¹ Ngayon, tinawag Niya ang Iglesya sa pag-aaring-ganap, tinawag Ito sa pagpapabanal, pagkatapos ay pinuspos Ito ng Banal na Espiritu at Apoy. At pinadaan Niya Ito sa isang proseso, upang Siya Mismo, ang Espiritu Santo Mismo, ang Anak ng Diyos, ay makapanahan sa puso ng tao. Ngayon, kinakailangan Nitong magdaan sa ganoon bago Siya makapasok Dito.

¹⁰² Pansinin n'yo, ginawa Niya sa mundo, kung saan mananahan ang Nobya na 'yon, ang gayon ding paraan, ang siya ring plano Niya ng—ng pagliligtas.

¹⁰³ Pansinin n'yo ang mundo bago ang pagkagunaw sa pamamagitan ng baha. Siya, matapos na iyon ay makapagsisi, sa pamamagitan ng Nobya ng panahon na iyon, si Noe, ay binigyan Niya iyon ng isang bautismo sa tubig, inilubog iyon sa tubig. Tapos, pag-aaring-ganap, nagpapakita na tatawagin na Niya ang nahulog na sanlibutang ito, mula sa Eden, pabalik sa pagpapanauli ritong muli.

¹⁰⁴ Pagkatapos ay pumarito si Cristo at ibinubo ang Kanyang Dugo sa ibabaw nito, na nilinis ito at inangkin ito. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa pulpito nang ilang ulit—Pat.] Kita n'yo, iyan ang sanlibutan na pinananahanan natin ngayon.

¹⁰⁵ Nakita n'yo ba kung paanong si satanas, dito sa Kasulatan, ay sinubukan na mapasira sa Kanya ang plano ng Diyos para tanggapin ito, ibinibigay ito sa Kanya nang dalhin niya Siya sa itaas ng bundok, at sinubukang ibigay ito sa Kanya nang hindi binibili ng Dugo?

¹⁰⁶ Napansin n'yo ba kung papaanong si Abraham, noong subukan nilang ibigay sa kanya ang lupain, binili niya iyon ng

napakaraming siklo ng pilak, sa harapan ng mga tao, bilang isang tanda, bilang isang saksi? “Maalaman ito sa araw na ito na aking binili ang dakong libingan na ito.” Kita n’yo, binili iyon! At sinubok ni satanas na—na ibigay sa Kanya ang kaharian na pagmamay-ari na nito sa ngayon. Sinubok nitong ibigay ito sa Kanya bilang isang regalo, ngunit ayaw Niyang tanggapin ito. Dahil ito’y, kita n’yo, kung gayon ay maaangkin pa rin ito ni satanas. Ngunit, ito ay kinakailangang bilhin. Amen. Siya ang Salita sa buong kapuspusan niyon. Hindi nila Siya madadaya roon.

Pagkatapos, ito ngayon ay tatanggap na ng bautismo ng Apoy.

¹⁰⁷ Kita n’yo, mayroon na ito ngayong... Ano’ng nangyari? Pumarito si Cristo at tinawag ang Iglesya tungo sa pagsisisi, bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa pagpapatawad; pagpapabanal sa Iglesya; at sa pamamagitan ng Apoy ng Diyos ay bumaba at sinunog ang lahat ng karumihan, at pumasok at nananahan na sa puso ng tao.

¹⁰⁸ Ngayon, ang sanlibutan, upang matubos ito para sa taong ito na tinubos, ay gagamitin Niya ang gayon ding pamamaraan Niya. Binautismuhan Niya ito sa tubig, pagkatapos ng pagkagunaw sa pamamagitan ng baha. Ibinubo ang Kanyang Dugo rito, upang banalin ito at angkinin ito. Kanya naman talaga ito.

Sinubok na sabihin ni satanas, “Tbibigay ko ito sa Iyo.”

¹⁰⁹ Sinabi Niya, “Hindi, po, bibilhin Ko ito.” Hayaang maging patotoo ito. Itinaas Siya, bilang isang tanda, na Kanya nang binili ito. Binili nga Niya ito.

¹¹⁰ Ngunit ngayon kailangan nitong dumaan sa isang bautismo ng Apoy, banal na Apoy mula sa Diyos, na lilinis sa lupa at sa mga himpapawid sa palibot nito. Tapos, ito’y binili upang ang mga tinubos ay makapanahan dito, manahan dito sa kapayapaan. Pansinin n’yo, ang bautismo sa Apoy ay upang linisin ito mula sa kasalanan, mula sa karamdaman, mula sa mikrobyo ng sakit, mula sa mga makasalanan, mula sa diablo at sa buong kampon niya. Siya ay itatapon, doon sa Dagat-dagatang Apoy. Banal na Apoy mula sa Diyos, bababang galing sa Diyos, mula sa Langit, at susunugin ito, pansinin n’yo, upang ihanda ito para panahanan ng Diyos. Sapagkat, ang Diyos, sa Bagong Daigdig na darating, ay mananahan sa lupa. Dahil, sasabihin n’yo, “Ang Diyos, Siya ay tumatahan sa puso ng tao.” Ngunit, Siya at ang Nobya ay magiging Iisa na, at paroroon sila sa kanilang Tahanan sa Bagong Daigdig. At ang gayon ding plano ng pagtutubos ay ginamit upang tubusin, pareho, ang sanlibutan at ang mga tao na nananahan dito.

¹¹¹ Kita n’yo, kailangang malinis ang puso nang ganoon. Bago makababa ang Diyos sa persona ng Banal na Espiritu, na siyang

si Cristo na bumababa at tumatahan sa puso ng tao, dapat na nagsisi muna ito. Kailangang mabautismuhan ito sa tubig, sa Kanyang Pangalan, upang ipakita kung kanino ito.

Pagkatapos ay kailangang malinis ito sa Dugo ni Jesus.

¹¹² At pagkatapos ang banal na Apoy at Banal na Espiritu, mula sa Diyos, ay bababa at susunuging lahat ang pagnanasa ng kasalanan, ang lahat ng kalikasan ng sanlibutan. “At, samakatwid, siyang nagkakasalang sinasadya matapos na tanggapin ang kaalaman ng Katotohanan. . .” Pagkatapos, muli sinabi ng Biblia, “imposible. . .” “Sapagkat, ang isang—ang isang tao na ipinanganak ng Diyos ay hindi na maaaring magkasala pa; hindi siya nagkakasala.” Walang paraan para magkasala pa siya. Papaano siya magiging isang makasalanan, at isang tinubos, nang sabay? Papaano ako magiging nasa sanglaan, at wala na sa sanglaan, nang sabay? Kita n’yo? Oh, tinubos Niya tayo sa pamamagitan ng Kanyang Dugo; sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu ay nilinis Niya tayo; at pagkatapos ay paparito upang manahan sa atin, sa Iglesya. Hindi sa denominasyon, ha; sa Iglesya!

¹¹³ Pansining mabuti ngayon habang tinatalakay natin ito, ang mga lugar na ating—ating pananahanan. Ngayon, ngayon, ang—ang pagsisisi noong bago ang pagkagunaw sa pamamagitan ng baha, noon, ay nagdala ng bautismo sa tubig. Pagkatapos ay pumarito si Cristo at ibinubo ang Kanyang Dugo rito, upang linisin ito. At pagkatapos ay dumarating, ang kasunod, ang pagkawasak ng sanlibutan kung ano na ito sa kasalukuyan.

¹¹⁴ Ang lahat ng kasalanan na nasa kalangitan sa itaas, “siya ang pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid,” hinahadlangan niya (inilalayo) ang mga pagpapalang mula sa Diyos. Doon nanggagaling ang mga kulog ng kidlat at tumatama sa lupa, at lahat na, mula sa kalangitan, mga malalaking kimpal ng humihiwang ulan, at mga bagyo, bag-. . . mga unos at lahat na, ay “nagmumula sa itaas,” na si satanas, “ang pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid.”

¹¹⁵ Pansinin, tingnan n’yo kung papaanong sinikap na kunin ito ni satanas, gaya ng sinabi ko kani-kanina lang, sa pagbibigay nito kay Jesus nang hindi ito binibili. Kung gayon, meron pa ring pag-aangkin si satanas, dahil nga ito’y minarkahan na, kita n’yo. Subalit binili ito ni Jesus sa pamamagitan ng Kanyang ibinubong Dugo at ibinalik ito sa totoong may-ari. Kita n’yo? Ganoon Niya tayo binili, sa pamamagitan ng Kanyang Dugo, kung paano Niya binili ang Iglesya.

¹¹⁶ At ngayon nililinis ito ng bautismo nito ng Apoy sa lahat ng mga mikrobyo, lahat ng mga sakit nito, lahat ng mga karamdaman, maging ang lahat ng mga bagay na espirituwal; na sa atin, din naman, ay ganoon din ang ginagawa nito; upang

ihanda ito para panahanan ng Diyos, sa dakilang kapanahunang ito na darating, ang Bagong Lupa. Kita n'yo, tutubusin Niya ito sa gayon ding paraan ng pagtubos Niya sa Kanyang mga tao. Parehong-pareho ang paggawa Niya rito, ang Kanyang plano ng pagtutubos. Sapagkat, Siya ay ang di-nagbabagong Diyos, palaging nananatili sa Kanyang mga plano.

¹¹⁷ Kung paanong nasabi ko na sa inyo, dati, at ipinaalam na ito sa inyo, at sa lahat ng mga kapanahunan, na hindi maaaring magbago ang Diyos; ipinababatid ito, sa lahat ng paraan, na sa ganoon din.

¹¹⁸ Ipinaalam Niya ito, ang Kanyang unang mensahe, sa mundo noong bago ang pagkagunaw sa pamamagitan ng baha, sa pamamagitan ni Noe na propeta.

¹¹⁹ Kausap ko ang isang minamahal na kapatid na nariritong nakaupo ngayon kasama ko. Kahapon, sinabi niya, "Isang bagay na nasabi mo, Kapatid na Branham, na laging nagpapanginig sa akin."

Sabi ko, "Ano iyon, kapatid?"

¹²⁰ At sinabi niya, "Ganito ang sinabi mo," at totoo 'yun, "Ang kakaunti, kung paanong isang maliit na grupo ang maliligtas sa panahon ng Pagparito.' At napag-usapan natin kung paanong sinabi ni Jesus, 'Makipot ang pintuan at makitid ang daan, at ngunit kakaunti lang ang makakasumpong niyon.' Ngayon pansinin mo, sinabi ng Biblia, 'Kung paano noong panahon ni Noe kung saan walong kaluluwa ang naligtas sa pamamagitan ng tubig, ay ganoon din naman sa Pagparito.'"

Sabi ko, "Kapatid, mayroon ka lamang. . ."

Sabi niya, "Alalahanin, mayroon lamang wawalong kaluluwa roon."

Sabi ko, "Kalahati lang ng larawan ang nakita mo."

¹²¹ Gayon pa man, si Noe ay tipo ng mga nalalabi na nakatawid, hindi ang pangkat na inagaw. Si Enoc, iisang tao, ay nakapasok sa Pag-Agaw bago dumating ang baha, na nagpapakitang hindi dadaan ang Iglesya sa kapighatian o anumang bagay na kagaya nito. Si Enoc ay inagaw, iisang tao. Oh, maaaring marami ang bilang ng iglesya; ngunit ang Nobya ay magiging isang napakaliit na grupo na bubuo sa Nobya. Ngayon, maaaring napakalaki ang bilang ng iglesya; ngunit, ang Nobya, nakita n'yo, ikumpara n'yo ang walo sa isa. Walong ulit na kakaunti ang bilang, ng magiging Nobya, kaysa sa iglesya.

¹²² "At kung ang matuwid ay bahagya nang makaliligtas, saan kaya magsisiharap ang makasalanan at masama," 'yung mga nakakaalam na ng mas mabuti, na gawin iyon, at magpapatuloy at gagawin pa rin ang ganoon? 'Yung mga sumusunod sa mga patakaran ng denominasyon sa halip na sa Salita, saan kaya sila

magsisiharap, natagurian pa man ding mga Cristiano, ginagamit ang Pangalan ni Cristo?

¹²³ Ngayon, sadyang ganap, na si Noe ay tipo ng mga nakatawid. Alalahanin n'yo, nang lumabas si Noe, ay kasama niya noon si Ham. Naroon pa rin ang kasalanan. Ang kasalanan ay kasama ring nakatawid doon, sa pamamagitan ng daong. Ang di-pananampalataya, ang pag-aalinlangan, ay kasamang pumasok doon sa daong, na itinawid paibabaw sa kahatulan. Ngunit si Enoc ay umangat ng mas mataas kaysa sa daong, pumaroon siya sa Presensiya ng Diyos. Ngunit si Noe naman ay tumawid at nakalampas, at mayroon pa rin doong kasalanan; na tipo ng sa Milenyum, ng kalagayan ng sanlibutan.

¹²⁴ Ang Milenyum ay hindi ang wakas niyon. Magkakaroon pa rin ng panahon pagkatapos ng Milenyum. Ang Milenyum ay isang tagal ng panahon; ngunit, hindi ang Bagong Lupa. Hindi, talaga. Pansinin n'yo, diyan, tutungo tayo riyan maya-maya.

¹²⁵ Kita n'yo, ang lupa, na natubos na, ay babalik na muli sa orihinal na May-ari nito. Kinuha ito . . . binawi Niya ito mula kay satanas. Hinatak Niya, binawi ang lupa mula kay satanas, katulad lamang ng pagbawi Niya sa inyo mula kay satanas, katulad ng pagbawi Niya sa munting babae sa may balon mula kay satanas. Nakatayo roon ang saserdote, nag-aakalang kasama nito ang Diyos, at wala naman pala siya ni anuman. Kita n'yo?

¹²⁶ Gusto kong iguhit iyan para sa inyo sa ilang saglit lang. Ngayon, gusto nating maging maliwanag talaga ito, kaya ngayon ay magmasid kayong mabuti ngayon sa katuruang ito. [Gumuguhit si Kapatid na Branham ng mga paglalarawan sa pisara, para sa susunod na ilang mga talata—Pat.]

¹²⁷ Ngayon, ito *rito*, narito ang Diyos. Ang Diyos, na Walang Hanggan, walang . . . Walang sinuman kundi Siya lamang. Ngunit, sa Diyos, mayroon Siyang mga katangian. Ngayon, ito *rito* ay kumakatawan sa Salita, ang Salita ng Diyos, na nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin sa katauhan ni Jesus.

¹²⁸ Ngayon ito *rito*, ang lalaki rito, gagawin natin siyang *ganito*. Ngayon, *ito* ay tinatawag na ang babae sa may balon. *Ito* naman ay ang saserdote, Fariseo. At kung saan nakikita ninyo *ito*, na buong bakanteng bahagi ng pisara, ay nangangahulugang biyaya at kaligtasan.

¹²⁹ Ngayon, “Nang pasimula ay ang Salita. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin.” Ang tatlong yugto. Isa muna itong katangian, na nasa Diyos noon, na inisip Niya ang Kanyang Sarili bilang isang tao; at dinala Siya niyon tungo sa pagiging si Jesus; at ngayon, kung kayo man ay mapupunta Roon, ay kasama na Niya kayo noon pa. Sapagkat, may iisang anyo lamang ng Buhay na Walang Hanggan, iyon ay ang Diyos;

at kinakailangang bahagi na kayo ng Diyos sa pasimula, hindi kung ano lang ang pinili n'yo rito. Pinili Niya kayo. "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit."

¹³⁰ Ngayon tingnan ninyo itong saserdote rito. Makikita natin ang pang-ilalim niyang bahagi, *rito*, ang kanyang buhay noon, sa nakaraan niya, ang pagkakatalaga noon sa kanya sa dako rito, ay makasalanan.

Dito ay ang impiyerno, sa ibaba *rito*.

¹³¹ Ngayon, itong maliit na bahagi *rito*, na para bang ang pisara, kumakatawan iyan sa kanyang pagiging dalisay. Isa siyang saserdote. Isa siyang kagalang-galang na tao. Kumakatawan iyon *dito*. Siya, rin naman, ay tiyak na isang mabuting tao, kung hindi ay hindi siya magiging saserdote. Ngunit alam n'yo kung papaano niya nakamtan iyon, ay sa intelektuwal na pag-aaral.

¹³² Ngayon, ito namang munting babae, ang kanyang unang buhay, sa gawi *rito*, ay isa siya noong patutot, sirang-sira na siya. Ngunit sa kaloob-looban niya, *rito*, ay mayroon namang kaunting kaunawaan. "Nalalaman ko na kapag dumating ang Mesiyas. . ." Kita n'yo? Kita n'yo, naroroon iyon.

¹³³ Pansinin n'yo, noong dumating si Jesus at inihayag ang Salita, dahil kumikilala ang Salita ng mga pag-iisip na nasa puso; na gaya ng sinasabi ng Mga Hebreo 4 na gagawin nga Nito, 4:12, na gagawin Niya. "Ang Salita ay kumikilala ng mga pag-iisip ng puso," at pumarito Siya bilang ang Anak ng tao, ang Propeta. Ano'ng nangyari? Ang saserdoteng ito, na may intelektuwal na kaalaman lamang, ay nagsabi, "Isa itong diablo," dahil iyon ang itinawag ng kanyang denominasyon dito. Ano'ng ginawa niyon? Wala siyang representasyon, kaya pinaitim siya nito.

¹³⁴ Ngunit itong munting babae ay walang maiharap; siya ay talagang napakalasma at napakarumi. Ngunit, pansinin n'yo, sa kaloob-looban niya, ay meron siyang representasyon, kita n'yo. At, sa gayon, hinihintay niya ito na magkatawang-tao.

At nang sabihin Niya, "Tawagin mo ang iyong asawa at pumarito ka."

Sinabi niya, "Ginoo, wala akong asawa."

¹³⁵ Sabi, "Sinabi mo ang katotohanan, dahil nagkaroon ka na ng lima, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa. Nagkaasawa ka na dati ng lima. Kung ganoon ay anim na."

¹³⁶ Sinabi niya, "Ginoo!" (Hindi, "Ika'y," hindi, "Beelzebub.") "Napaghahalata kong Ikaw ay isang Propeta. Ngayon, nalalaman namin na ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, ay paparito. At kapag dumating Siya, ay gagawin Niya ang ganito."

Sinabi Niya, "Ako nga Siya."

¹³⁷ Wala nang pag-aalinlangan pa. Hindi mo na kailangan pang ipaliwanag iyon. Nakita niya iyon. Sinampalatayanan niya iyon. Humayo na siya! Bakit? Ano'ng ginawa Nito sa kanya? Tinubos siya Nito.

¹³⁸ Ngayon ay masdan n'yo, pumarito Siya upang maging isang Manunubos. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ano ba ang ibig sabihin ng *tubusin*? "Ibalik." Bakit hindi Niya nakuha ang saserdote? Wala siya roon sa itaas noon pa man. Kita n'yo? Kita n'yo, wala siyang representasyon.

¹³⁹ Naparito Siya upang tubusin 'yung nahulog. Sa pagkahulog, narumihan *ito*, doon sa babaeng iyon; subalit taglay na siya ng Diyos sa Kanyang kaisipan bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, at dumating Siya upang linisin siya. Kita n'yo? Pagkatapos ay Kanyang. . . Mayroon na siyang Buhay na Walang Hanggan. Kita n'yo?

¹⁴⁰ Samantalang, 'yung saserdote, ano naman ang ginawa niyon sa kanya? Ibalik siya niyon doon mismo sa kanyang destinasyon. Wala siyang taglay, sa simula pa lang, tanging intelektuwal na karunungan lamang.

¹⁴¹ Ngayon makinig, kaibigan, kung intelektuwal na karunungan lamang ang taglay mo, kumuha ka na ng iba pa kaysa roon. At hindi mo kailanman makukuha Ito maliban na may representasyon ka. Iyan ang dahilan sa palagay ko na nanggagaling pa kayo sa silangan at kanluran, hilaga at timog; ang Salita, na buhay, ay nahayag.

¹⁴² Pansinin n'yo ngayon kung papaano Niya ipinapaalam ang Kanyang pamamaraan sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, sa pasimula. Hindi Niya kailanman binago iyon.

¹⁴³ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . kaligtasan. Inaring-ganap Niya ang isang tao; pinaging-banal siya; isinugo ang Banal na Espiritu at Apoy, at sinunog ang kasalanan sa kanya, at tumahan sa kanya, Siya Mismo.

¹⁴⁴ Ginagawa rin Niya sa lupa, na gagamitin Niya sa isang plano ng pagtutubos, ang ganoon ding paraan. Nagsisi ito at nabautismuhan sa tubig, sa . . . sa pamamagitan ni Noe. Pumarito si Jesus at pinaging-banal ito, sa pamamagitan ng pagpapatulo ng Kanyang Dugo sa ibabaw nito, at inangkin ito. At sa Bagong Lupa na darating, ay babautismuhan ito ng banal na Apoy, upang linisin ito sa lahat ng diablo, lahat ng mikrobyo, lahat ng karamdaman, lahat ng bagay na mayroon, at gawin itong bago. "Nakita ko ang isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa."

¹⁴⁵ Ikaw ay naging bagong tao na. Amen! Hindi isang luma na tinapalan lang, sa pakikianib sa iglesya o pagsisikap na magbago't magsimula uli, kundi ikaw ay isang lubos na bagong tao na. Kinuha na ng Diyos ang dating pagkatao at sinunog ito nang lubusan, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu at

Apoy, at nanahan Siya Mismo, isinugo ang iyong representasyon. “Walang sinuman ang makakalapit sa Akin maliban na ilapit siya ng Aking Ama. At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin.” Naunawaan n’yo na ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Gayon ding plano; gayon ding paraan.

¹⁴⁶ Si satanas ay . . . aalisin mula sa lupa, sadyang katulad ng kung paano inalis si satanas mula sa inyo. Hindi na makagagambala pa si satanas; o, maaari siyang manukso, ngunit hindi niya matatangay ang isang Cristianong ipinanganak na muli. Sapagkat, ang Diyos, mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan, ay nakita na siya, at isinugo si Jesus upang tubusin siya, at ang Dugo ang nangungusap para sa kanya. Papaano pa siya magkakasala kung hindi na ito nakikita, maging, ng Diyos? Ni hindi Niya . . . Ang naririnig lang Niya ay ang inyong tinig. Nakikita Niya ang inyong representasyon. Amen! Iyan ay totoo. Kita n’yo?

¹⁴⁷ Sa iisang paraan ding iyon, sapagkat ang sanlibutan ay isa sa Kanyang mga katangian kung paanong kayo rin naman ay isa sa Kanyang mga katangian. Ang sanlibutan ay naging isa sa Kanyang mga katangian, dahil nasa kaisipan na ito noon ng Diyos, sa pasimula pa lang. Ang magkaroon ng sanlibutan, ang mapasa isang Trono, ang maging Hari, ang maging Manunubos, ang maging Tagapagpagaling, iyan ay mga katangian Niya.

¹⁴⁸ Katulad lamang ng isang katangian ninyo. Hindi ko masasabing isang—isang “poste” malibang mag-isip ako ng poste. Hindi ko masasabing “tao” malibang isipin ko ang tao. At kapag inisip ko ang tao, pagkatapos ay sabihing “tao,” ang kaisipang iyon ay katangian ko at ang pagbigkas na iyon ay ang salita. Kita n’yo?

¹⁴⁹ Katulad ni Isaias noon, papaano niya masasabi, iyon, “Isang birhen ang maglilihi”? Ano ba ang kaisipan?

¹⁵⁰ Ngayon, marami sa inyo ang nag-iisip kung paanong ang mga iyon, ’yung mga pagkilala, ay dumarating. Sasabihin ko sa inyo. Kita n’yo, salita iyon na sinasabi ko. At hindi ko kaisipan ’yon, dahil hindi ko naman alam. Hindi ko alam na isipin iyon. Papaano ko masasabi sa inyo kung sino kayo at kung saan kayo nanggaling, gayong hindi ko naman kayo kilala? Papaano ko masasabi sa inyo kung ano ang nagawa ninyo sampung taon na ang nakalipas, gayong hindi ko pa kayo nakita sa tanang buhay ko? Papaano ko masasabi sa inyo kung saan ninyo gagawin at kung ano ang inyong gagawin sampung taon mula ngayon? Papaano ko malalaman ang hinaharap? Ngunit iyon ay kaisipan ng Iba pa.

¹⁵¹ “Magkaroon kayo sa inyo ng kaisipan na na kay Cristo. Magkaroon kayo sa inyo ng kaisipan na na kay Cristo.” Kita n’yo, kung gayon ay hindi ninyo kaisipan iyon. Iyon ay kaisipan

Niya, sa pamamagitan n'yo. At hindi ninyo ipinahahayag ang sarili ninyong mga salita; ipinahahayag ninyo ang Kanyang Mga Salita.

¹⁵² Ganyan na nalilito kadalasan ang mga kapatiran, sa pagpapaliwanag ng iba't ibang wika, at mga gayong bagay. Kita n'yo, nagsasabi sila ng mga bagay na hindi tama, hindi nila napag-uunawa na iyon ay si satanas. Sasabihin ninyo, "Sa halamanan ng Diyos?" Maghintay lamang hanggang sa tayo ay makatapos, tingnan kung hindi nga ba iyon ganoon, o hindi. Ang mga dawag at ang trigo ay tumutubo sa iisang bukirin. Pareho silang nabubuhay sa iisang araw at iisang ulan. Kita n'yo?

¹⁵³ "Datapuwat kung mayroon man sa inyo na isang propeta, Ako na Panginoon ay mangungusap sa kanya. At kung ang kanyang sinasabi ay nangyayari, kung gayon ay Ako iyon, kita n'yo, dahil hindi niya ipinahahayag ang sa kanyang sarili. Ipinahahayag niya ang Aking mga kaisipan, ang Aking mga katangian sa mga bagay na kailangang dumating, at gagamitin Ko ang kanyang bibig upang ipahayag ang mga iyon. At pagkatapos niyang sabihin ang mga iyon, ay kinakailangang mangyari ang mga iyon. Ang mga langit at lupa ay lilipas, datapuwat ang Aking Salita ay hindi mabibigo."

¹⁵⁴ Sinabi ni Isaias, "Isang birhen ang maglililihi." Ganoon na nga iyon. Siya ay maglililihi. Kung ano ang sinabi ng Diyos, ay ginagawa Niya.

¹⁵⁵ Oh, ang maipabatid, sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, ang lahat ng Kanyang mga pagpapahayag, dahil iyon ay mga katangian Niya ng Kanyang mga kaisipan na ipinahayag.

¹⁵⁶ Ngayon, heto ito noon, sa munting babaeng *ito*. Isa siya sa Kanyang mga katangian. Kita n'yo?

¹⁵⁷ At naroon ang saserdote, na kumakatawan naman sa Liwanag. Natutunan niya iyon mula sa Biblia. Natutunan niya na ang Diyos ay Diyos. Natutunan niya na ang kabanalan ay tama. Naturuan siya na may kautusan ng Diyos. Natutunan niya iyon dahil sa isang intelektuwal na kaisipan. At siya ay isinilang sa tamang angkan; isa siyang Levita. Ngunit nalalaman lamang niya iyon sa pamamagitan ng intelektuwal na kaisipan. At nang ang Liwanag ng panahon. . . Kita n'yo, natutunan niya iyon sa pamamagitan ng kung ano ang nangyari *na*, hindi kung ano ang nangyayari pa lang; kung ano ang nangyari na! At noong malaman niya kung ano ang nangyayari, walang sinabi ang kanyang denominasyon tungkol dito, samakatwid hindi siya nagkaroon ng representasyon Dito.

¹⁵⁸ Ngunit narito ang Manunubos sa ibabaw ng lupa nang panahon na iyon, upang tubusin ang mga katangiang iyon ng Diyos, at tinanggap iyon ng naturang babae. Hindi niya kailanman pinagdudahan iyon. Sinabi niya, "Kapag naparito ang Mesiyas, ay gagawin Niya ang ganito," at 'yun na iyon.

At nakita niyang nagawa iyon, kaya . . . Sinabi Niya, “Ako ang Mesiyas na iyon,” kaya iyon ang tumapos doon. Wala nang tanong pa. Basta humayo na siya, sinasabi sa lahat ng iba pa, “Halikayo, tingnan ninyo kung Sino ang natagpuan ko.”

¹⁵⁹ Gagawin tayong malinis ng mga prosesong ito, isang templo para sa Kanyang dakong panahanan: pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu na may Apoy. Iyan ang lumilinis ng (ating) templong ito.

¹⁶⁰ Kaya, kung paanong hindi nasira ang dating balangkas ng sanlibutan, ng mga tubig noong ito ay mahugasan; ang balangkas ng planeta, ang dating balangkas, ang . . . lahat ng dumi, lahat ng mga bagay na inilagay ng Diyos sa ibabaw ng lupa, ay hindi nawasak noong magunaw ang unang sanlibutan. At sinabi ng Biblia na iyon ay “nawasak,” subalit hindi nito kailanman nasira ang balangkas. Nilipol lamang nito ang kasalanan at mga makasalanan na nasa ibabaw nito. Ang balangkas ay nanatili.

¹⁶¹ Subalit, nakita n’yo, bilang pag-aaring-ganap, gaya ng gusto ninyong isipin dito na mga Baptist at mga Methodist, ang pag-aaring-ganap lamang, pagsampalataya at pagpapabautismo, hindi ’yan sapat. Lilihis lang kayo pabalik mismo sa mga bagay ng sanlibutan, at puputulin ang inyong buhok at magsusuot ng shorts, at lahat na ng iba pa. Kita n’yo, wala pa kasing nangyayari. Lumingon lamang kayo at nakita na kayo ay nagkamali.

¹⁶² Ano ba’ng ginawa ng pag-aaring-ganap sa sanlibutan? Walang nagawang bagay rito; nagsimula na namang muli, ganoon pa rin karaming kasalanan na gaya ng dati. Ganoon ang ginagawa ng isang tao, at hanggang doon lang ang nararating niya.

¹⁶³ Sa ganoong paraan iyon dapat makita nitong dakilang ebanghelistang si Billy Graham. Sinabi niya, “Humahayo ako at makakaakay ng tatlungumpung libo, babalik pagkatapos ng isang taon at wala na kahit tatlungumpu.” Hanggang doon lang ang narating nila. Kita n’yo? At, sigurado, nagsisi sila. Naniniwala akong nagsisi sila; karamihan sa kanila, o ang ilan sa kanila, kahit papaano. Ngunit hindi iyon ang kailangan. Pinatutunayan iyon dito.

¹⁶⁴ Ngayon, kaya ang dating balangkas ng sanlibutan ay hindi nasira ng tubig. Nahugasan lamang ang sanlibutan. Tumanggap iyon ng bautismo nito. Nabautismuhan ito.

¹⁶⁵ Kaya gayon din naman na ang balangkas ay mananatili, bagaman masunog ito ng Apoy. Hindi nito sisirain ang lupa, kita n’yo, sinisira lamang nito ang kasalanan na nasa ibabaw nito.

¹⁶⁶ Pansinin n’yo rito, ilan sa inyo na mga mag-aaral ng Biblia, at lalung-lalo na si Doktor Dale na nakatingin sa akin. Pansinin n’yo sa Pedro, sa ika-2 kabanata ng Pedro rito, ika-3 kabanata,

pala, ginagamit niya ang salitang “sanlibutan,” bilang isang salitang Griyego na *kosmos*, na ang ibig sabihin, “ang kalakaran ng mundo.” “Ang lupa ay mapaparam, ang mga bagay ay matutunaw sa matinding init.” Kita n’yo? Hindi ibig sabihin na ang lupa, ang planeta, ay mapaparam. Kundi ang sanlibutan, *kosmos*, ang pulitika, ang mga makasalanan, ang mga sistema, kasalanan, sakit, mga mikrobyo, lahat ng bagay na mali, ay mapaparam. Lahat ng bagay na dating. . .

¹⁶⁷ Minsan nang niyanig ng Diyos ang kalangitan, ngunit sa pagkakataong ito ay sinabi Niyang yayanigin Niya ang lupa, mga langit at lupa. . . “Niyang Niya ang lupa,” pala, “at pagkatapos sa pagkakataong ito ay yayanigin naman Niya ang kalangitan.” Kita n’yo? “Sapagkat tatanggap tayo ng isang Kaharian na hindi magagalaw.” Ito’y isang Walang Hanggang Kaharian. Masdan ninyo kung papaano siya dumako rito.

¹⁶⁸ Pansinin ninyo rito, sinabi ni Pedro, “At mapupugnaw sa matinding init, at ang mga gawang nasa lupa ay masusunog,” hindi ang planeta. “Ang gawang nasa lupa,” ang mga gawa ng tao, lahat ng kanilang mga pulitiko at kanilang mga sistema, at lahat ng kanilang mga denominasyon at mga sistema na gawa ng tao, ay kasamang lahat nito kapag susunugin na ito.

¹⁶⁹ “At—at ang kalangitan ay mapaparam na kasabay ng malakas na ugong.” Napansin ba ninyo rito? “Ang sangkalangitan ay mapaparam na kasabay ng malakas na ugong.” Makinig! Ang buong lupa ay maglilibay, at pasisiklabin ang mga gas na nasa ilalim ng lupa at pasasabugin ito. Tumpak nga iyan. Mangusap. . . Sinabi ng Biblia rito, sinabi ni Pedro, “At ang kalangitan ay mapaparam, at ang lupa, kasabay ng malakas na ugong.” Yayanigin ito ng ganoon kalakas na pagsabog, oh, naku, dahil kailangan nitong patayin ang lahat ng sakit, lahat ng dawag, lahat ng tinik. Lahat ng bagay na dapat nang tapusin, susunugin iyon ng Apoy. At, tandaan, hindi iyon pawang literal na apoy lamang, iyon din naman ay isang banal na Apoy, kita n’yo, na mag-aalis kay satanas at sa lahat ng sa kanya, lahat ng mga diablo. “Kapuwa langit at lupa,” amen, “ay mapaparam,” na papatayin niyon ang lahat ng mga mikrobyo, lahat ng mga insekto, lahat ng natural na buhay sa ibabaw nito at sa palibot nito, maging ang H₂O (ang tubig) ay sasabog. Isipin ninyo iyon. Napakatinding ugong!

¹⁷⁰ Akala n’yo ’yung kaunting ingay rito sa Tucson ay matindi na, noong buksan Niya ang anim na Tatak, na yumanig sa bansa sa buong palibot, at naging sanhi ng usap-usapan. Hintayin n’yo hanggang sa tanggapin ng lupang ito ang kanyang bautismo!

¹⁷¹ Alam n’yo, kapag tinanggap ng isang tao ang bautismo ng Apoy, maraming ingay roon. Iniisip nilang kahiya-hiya iyon, ang marinig ang mga taong humihiyaw at sumisigaw nang ganoon.

Maghintay lang kayo hanggang sa matanggap ng lupang ito ang kanyang bautismo!

¹⁷² Siyanga, ipapaliwanag niyon . . . pasasabugin ito, ang H₂O, ang tubig, sapagkat sinabi ng Biblia rito sa Apocalipsis 21, “at wala nang dagat doon,” pasasabugin iyon. Babaguhin nito ang buong ibabaw ng buong lupa. Siya’y sasabog at magkakapirapiraso. Lahat ng nasa labas, ang balat, at sa daan-daang talampakan sa ilalim nito, ay sadyang lubusan lamang na mawawasak. Ang mga himpapawid, ang mga gas na nasa lupa ngayon, kung saan natuklasan nila ang mga missile na ito na hindi makatagos dito, sa isang napakalaking sphere doon sa itaas, doon sa sphere na naroroon ang lahat ng uri ng mga gas, sinasabi nila; at iyon ay sasabog. Darating dito ang banal na poot ng Diyos, kita n’yo, at lilinisin ito, babaguhin ang buong ibabaw.

¹⁷³ Ngayon, ang marami sa inyo na gustong isulat ang salitang ito, ang Griyegong salitang, “maparam.” Ito ay mula sa salitang . . . kinailangan kong hanapin ito. Naisip ko, “Papaanong mapaparam ang sanlibutang ito, at gayunpama’y maninirahan pa rin kami rito?” Ngunit kung inyong mapapansin, ’yung iba sa inyo na mga taong gustong isulat ito, babaybayin ko ito para sa inyo. Hindi ko ito mabigkas, p-a-r-e-r-e-c-h-o-m-i-a. Hindi ko alam kung paano ito bigkasin.

¹⁷⁴ Ngayon, sa ganoong paraan, gaya nga ng sinabi ko, kapag nakuha ko . . . Dumarating sa akin ang inspirasyon para sa isang bagay, pagka ganon na ay bumabalik ako para hanapin ang salitang iyon. Ngayon, dito, hindi ko mabaybay ang naturang salita, o hindi ko—hindi ko mabigkas ito. Subalit, diyan, binigyan pa rin ako ng Panginoon ng isang paraan. Pumupunta ako at inaalam kung ano ang ibig sabihin ng salitang iyon, saka ko nakukuha iyon. Kita n’yo? Pagkatapos ay nakukuha ko na, na naman. Kita n’yo?

¹⁷⁵ Ang mga langit at lupa ay *mapaparam*, ngayon, ang salitang ito ay nangangahulugang, “paglipat mula sa isang anyo patungo sa isa pa.” Hindi ito nangangahulugang “paglipol,” na gaya ng pakahulugan sa salitang Ingles na, *maparam*, ito’y nalipol. Ngunit ang salitang Hebreo, o ang Griyegong rito, ay hindi nangangahulugang *maparam*; ito’y nangangahulugang, “mula sa paglipat sa isang bagay patungo sa isa pa.” Tingnan n’yo, kundi, “upang lumipat mula sa isang kalagayan,” ang sabi nito, “patungo sa isa pa.”

¹⁷⁶ Ngayon pansinin n’yo, ginamit ito ni Pablo, kung gusto ninyong basahin ito ngayon. Isulat ninyo ito, maaari ninyong basahin ito mamaya. Sa Tito 3:5, ginagamit ni Pablo ang salita ring ito, na nangangahulugang pagbabagong-buhay ng tao, na ang taong iyon ay lumipat na mula sa pagiging isang makasalanan tungo sa pagiging isang banal, hindi lubusang napuksa. Kapag ang isang tao ay nabago, hindi siya napuksa,

kundi isa na siyang nabagong tao. Nabago na siya mula sa kung ano siya dati tungo sa kung ano na siya ngayon, hindi napuksa.

¹⁷⁷ Ginamit ni Jesus ang salita ring iyon sa Mateo 19:28; ngayon, hindi 28:19. Ngayon, 19:28, sinabi Niya sa kanila, “Upo kayong kasama Ko sa Kaharian ng Aking Ama, na napagbago na,” nakita n’yo, “nabago na,” kapag kayo ay nabago na. Ginamit Niya ang gayon ding salita.

¹⁷⁸ At ginamit Niya ang salita rin na iyon nang sabihin Niya, sa batang asno, sabi, “Kalagan ninyo ang batang asno at pawalan siya.”

¹⁷⁹ Ganoon din ang sinabi sa pagkabuhay na mag-uli ni Lazaro, “Kalagan ninyo siya! Bihisan siya! Natalian siya; pawalan ninyo siya!”

¹⁸⁰ Anong ibig sabihin nito? Ang lupa ay makakalagan mula sa mahigpit na pagkakahawak ni satanas. Ito’y makakalagan. Makakalagan ito mula sa pulitika, makakalagan ito mula sa mga panrelihiyong sistema na maka-denominasyon; upang magamit para sa Kaharian ng Diyos, upang itatag ito dito sa lupa. Subalit hangga’t nasa mga kamay ito ni satanas, ng pulitika. . . Si satanas na tagapangulo ng lupa, pagmamay-ari niya ito; sa kanya ito, ngunit ngayon ay tinubos na ito ni Cristo.

¹⁸¹ Minsan, ay naging pagmamay-ari niya ako noon, ngunit hindi na ngayon. Minsan, ang munting babaeng iyon ay naging pagmamay-ari niya noon, ngunit hindi na ngayon. Kita n’yo, pumarito Siya upang kalagin ang mahigpit na pagkakahawak nito. Kinalag Niya ang mahigpit na pagkakahawak ng kasalanan, ni satanas, sa aking buhay, sa inyong buhay, at ngayon tayo’y hindi na sa kanya.

¹⁸² Narinig n’yo bang madalas kong sinasabi noon, sa pananalangin, “alisin mo ang iyong mga kamay sa pagmamay-ari ng Diyos”? Kita n’yo? Amen! Magkaroon kayo ng pananampalataya upang angkinin ang inyong pagmamay-ari. Iyan ay inyong mga karapatan. “Alisin mo ang iyong mga kamay sa babae! Alisin mo ang iyong mga kamay sa lalaki!” Kita n’yo, gagawin iyon ng pananampalataya. Oh, naku! Hindi puksain ito, kundi, lamang, “Alisin mo ang iyong mga kamay dito,” para kalagan ito, pawalan ito, baguhin ito. Mababago ito.

¹⁸³ Ang lupa ay mababago. Ang pulitika ay mababago. Mababago ang mga relihiyon. Ang mga denominasyon ay lilipas. Ang pulitika ay lilipas. Ang Kaharian ng Diyos ay itatag.

¹⁸⁴ Mababasa natin sa Juan, mababasa si Juan sa Apocalipsis 6:14, kita n’yo, “ito’y nahawi na gaya ng isang balumbon.” Sinabi ng Biblia ang. . . na iyon. . . Sinabi ni Juan, “Nakita ko ang langit at lupa na nahawi na gaya ng isang balumbon.” Si Juan, Apocalipsis 6:14.

¹⁸⁵ Sinabi ni Jesus, “Ang mga langit at lupa ay lilipas,” o, sa ibang pananalita, “ang mga langit at lupa ay babaguhin.” Kita n’yo, ginamit na naman ang salitang iyon doon mismo.

¹⁸⁶ Hindi, hindi nalipol. Sapagkat, bandang huli, sa Apocalipsis 21:2 hanggang 24, ay nakita niya ang Bagong Jerusalem na bumababang buhat sa Diyos mula sa Langit, at lumalapag sa ibabaw ng lupang ito. Hindi ibig sabihin na malilipol ito. Ang mga sistema ang mababago.

¹⁸⁷ Ganoon din ang nakita ni Daniel. Isang Bato ang tumama sa sanlibutan, na natibag na walang mga kamay; at ang kabuuang larawan ng mga sistema ay nasira at naging tulad ng ipa sa isang giikan sa tag-araw, at tinangay iyon ng hangin. At ang Bato, Mismo, ay naging isang malaking Bundok na sumakop sa lupa. Masdan ninyo ang Bundok na iyon ngayon, sa ilang saglit. Ang Bundok na iyon ay sinakop ang lupa.

¹⁸⁸ Gayon din, nasumpungan natin dito, doon sa, gayon din, doon sa Apocalipsis, sinabi nito, “Ang mga hari sa Bagong Lupa ay magdadala ng kanilang parangal at pagluluwalhati sa loob niyon.” Sa lupa, ay naroroon . . . Ang Bagong Jerusalem ay nakalapag sa lupang ito. Kita n’yo, nagbago lamang ito.

¹⁸⁹ Kayo pa rin ang siya ring lalaki, sa pisikal, na kayo noon nang tawagin kayo ng Diyos, ang siya ring babae. Ngunit, nakita ninyo, ang ginawa nito, iyon ay isang pagbabagong-buhay. Lumipas na ang dating buhay. Lumipas na ang dating pagnanasa. Na, dati’y gustung-gusto ninyong mag-inom, at magmura, at makipagbangayan, at makipagtalo, at kung anuanong pinaggagawa, at imoral, namatay na ang bagay na iyon. Kita n’yo? Ngunit ngayon kayo ay ginagamit na . . . Noon ay instrumento kayo ni satanas; ngayon kayo ay natubos na.

¹⁹⁰ At magiging ganyan nga ang sanlibutan, sa gayon pa ring paraan, natubos na, isang Bagong Langit at Bagong Lupa.

¹⁹¹ Katulad lamang ninyo, “Kayo ay bagong nilalang na.” At ang salitang Griyego roon, alam ng sinuman, ang sabi, “Kayo ay bagong nilikha na.” Amen! Isang bagong nilikha na nasa dati pa ring templo. Hallelujah. Masdan kung ano ang mangyayari rito ngayon. Napakaganda! Hayan.

¹⁹² Ngayon napag-alaman natin na hahawakan ng lupang ito ang mga hari sa lupa.

¹⁹³ At, muli, sa Mateo 5:5, ay sinabi ni Jesus, “Mamanahin ng maaamo ang lupa.” Hindi magiging, na sadyang magkakaroon ng panibagong lupa. Ito lamang ay magiging ang dati pa ring lupa. Sinisikap kong maipaunawa sa inyo ang—ang plano ng pagtutubos, bago pa, kung sakaling hindi ko na matalakay ang iba pa, kita n’yo. Ang bautismo ng Apoy, rito, ay para lamang linisin ito at gawin itong isang karapat-dapat na lugar para panahanan ng Kanyang mga maaamo. Kita n’yo? Oh!

¹⁹⁴ Katulad ng ginawa Niya sa atin, na Kanyang nilalang, upang panahanan. Bago Siya makapasok dito, kinailangan muna Niya tayong bigyan ng bautismo ng Apoy; pagkatapos ay papasok na ang Banal na Espiritu at mananahan, bautismo ng Apoy. Kaya, kapag nakamtan n'yo na ang bautismo ng Apoy, kung gayon ang Banal na Espiritu ay makakapasok na. Ano? Sa pagpasok Nito, ay sinusunog Nito ang lahat ng bagay na salungat sa Salita, palabas sa inyo. Kita n'yo? Wala na itong iba pang paniniwalaan kundi ang Salita, dahil Ito ay ang Salita. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo?

¹⁹⁵ Ngayon, 'yan ang pinag-uusapan namin noong isang araw, ang katibayan ng pagkakaroon ng Banal na Espiritu. Kita n'yo? Ang katibayan ng pagkakaroon ng Banal na Espiritu ay kapag nagagawa mong tanggapin ang Salita; hindi ang kung anong sistema, kundi ang magkaroon ng isang malinaw na kaunawaan. Papaano mo malalaman na malinaw ang Salita, na nauunawaan mo Ito? Masdan mo Itong pinagtitibay ang Sarili Nito.

¹⁹⁶ "Aba," sasabihin n'yo, "nakikita ko *ito* na ginagawa ito, at *iyon*." Oh, oo, namumuhay sa gayon ding paraan ang mga damo. Kita n'yo?

¹⁹⁷ Subalit kinakailangan na iyon ang buong Salita. Upang maging ang Nobya, kinakailangan na bahagi Niya kayo. Siya ang Salita. Kita n'yo? At sa anong bahagi Niya ito? Ang Salitang ipinangako para sa panahong ito kapag tinawag na Niya ang Kanyang Nobya. Ang maging kabahagi kayo Roon. Nauunawaan ba ninyo? Ngayon, huwag—huwag ninyong pakakawalan iyon ngayon. Pansinin.

At gagawin Niya itong isang karapat-dapat na lugar upang panahanan sa buong Walang Hanggan.

¹⁹⁸ Pansinin n'yo, hindi pa rin ito tumutukoy sa... Ang paghaharing ito sa Milenyum, ang isang libong taon, ay hindi ang naturang Bagong Lupa. Kita n'yo, ang paghahari sa Milenyum ay iba namang paghahari. Doon tayo patungo, sa Milenyum, ngunit hindi iyon ang Bagong Lupa, ang Bagong Langit. Hindi, hindi. Dakong pahingahan lamang iyon, kita n'yo, isang panahon ng pagpapahinga, hindi ang Bagong Langit at Bagong Lupa; sapagkat, nakita n'yo, sa Milenyum ay may mga bagay pa tayong hindi papasok Roon. Isa iyong tipo ng dating ikapitong araw, mula roon sa Eden; ang ikapitong araw, pagkatapos Niyang likhain ang sanlibutan. Sa ikapitong araw, ay nagpahinga Siya sa Eden, at sa Milenyum.

¹⁹⁹ Kita n'yo, ang sanlibutan ay mayroon na ngayong halos anim na libong taon, ang gulang. Kita n'yo? Bawat dalawang libong taon ay dumanas ito ng—ng pagkasira. Kita n'yo?

²⁰⁰ Noong unang dalawang libong taon, dumating ang baha, at binautismuhan Niya ito sa (ano?) tubig.

201 Sumunod na dalawang libong taon, dumating si Jesus upang banalin ito at angkinin ito, ibinuhos ang Kanyang Dugo rito, tinawag itong Kanya. Buweno.

202 “Babalik Akong muli,” uh-huh, ngayon bilang Hari na kasama ang Kanyang Reyna, at sa ikalawang dalawang libong taon (ano ang gagawin Niya?) paririto Siya at ibibigay ang Kanyang panahon ng pamamahinga.

203 At pagkatapos ay susunugin ito, at aangkinin ito para sa mga Sariling Kanya; ilalagay muli rito ang mga Sariling Kanya.

204 At pansinin n’yo, hindi ang sakdal na sanlibutan, ang Milenyum na ito, tipo ito ng ikapitong araw. Pagkatapos darating ang Puting Trono ng Paghatol. Kita n’yo, mayroon pa rin tayong paghuhukom. Sakop pa rin tayo ng panahon, sa Milenyum. Ito’y isang araw, isang libong taon. Sakop pa ito ng panahon. Hindi, huwag ninyong ipagkamali iyan bilang ang Bagong Lupa, ha, dahil hindi iyan ’yun.

205 Maaaring sabihin n’yo ang ganito sa akin. Ngayon nararamdaman ko lang na baka may magsabi nito sa akin, na, “Ngayon, Kapatid na Branham, ano na ang gagawin mo ngayon? Naubusan ka na ng iyong ganap na tigpipito. Ano na’ng gagawin mo ngayon? Ngayon, isa kang makadispensasyon.” Na, ako nga. Naniniwala ako na ang Diyos ay ganoon, din naman. Pansinin, pansinin n’yo. “Naubusan ka na ng mga tipo ng dispensasyon. Dahil, kung maglalagay ka pa ng bagay na lalampas diyan sa ikapitong araw, papaano mo pa makukuha iyon? Saan ka na patutungo ngayon?”

206 Sige, tatawagin ko ang inyong pansin sa isang bagay, kita n’yo. Uh-huh. Kita n’yo? Kaya, hindi pa ako naubusan—hindi pa ako nauubusan ng dispensasyon, hindi pa. May isa pa akong Kasulatan dito. At, tandaan, ang lahat ng Ito ay kailangang matupad, bawat kaliit-liitan Nito. Kita n’yo?

207 Ngayon sasabihin ninyo, “Kapatid na Branham, pinipilit mong maglagay ng isang bagay na talagang lampas na roon sa ikapitong araw na iyon, sa ikapitong-araw na iyon na sabbath.”

208 Kung paanong nilikha ng Diyos ang lupa at nagpagal ng anim na araw, at nagpahinga sa ikapito, ay isang tipo lamang ng panahon, panahon. Subalit kasasabi ko pa lamang dito, na tayo ay magiging Walang Hanggan na.

209 “Kaya nasaan na ngayon ang iyong tipo? Sinabi mo na isa kang tipolohista. Kaya, ikaw, naubusan ka na ng mga tipo ngayon.” Hindi, hindi pa ako naubusan. Tingnan na lamang natin kung tayo nga.

210 Dumako tayo sa Levitico, doon sa ika-23 kabanata ng Levitico. Ngayo’y nais kong pansinin ninyo sa Levitico, kung saan naroon tayo noong nakaraang Linggo, o noong

nakaraang . . . Ito ang nagbigay sa akin ng kaisipan, dito mismo. Ang ika-23 kabanata ng Levitico, at sa ika-26 na talata.

²¹¹ Ngayon tandaan n'yo, mayroong pitong araw ng kapistahan. Ang pista ng mga trumpeta, ang pista ng—ng mga tabernakulo, ang pista ng pagwawagayway ng bigkis, ang . . . Lahat ng ito, mayroong pitong dakilang araw ng kapistahan, tipo lamang iyon ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya. At natatandaan n'yo pa ba kung ilang sabbath mayroon sa pagitan ng isa't isa? Kita n'yo, pitong sabbath sa pagitan ng pentecostes at ng mga trumpeta, na siyang Pitong Kapanahunan ng Iglesya. At mayroong pitong araw ng kapistahan, na kumakatawan sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya. Pinanatiling magkakaugnay ang inyong mga numero.

²¹² Sasabihin n'yo, “Buweno, ngayon, Kapatid na Branham, naubusan ka na. Hayan na ang pito mo.”

²¹³ Buweno, kunin natin ang huling pista, na ang kapistahan ng mga tabernakulo. Ngayon pansinin n'yo rito sa ika-36 na talata.

Pitong araw na kayo ay maghahandog sa PANGINOON ng mga handog na pinaraan ng apoy: sa ikawalong araw—sa ikawalong araw ay magkakaroon kayo ng isang banal na pagpupulong (may isa pang darating na banal na panahon) . . . kayo ng banal na pagpupulong; at kayo'y maghahandog sa PANGINOON ng handog na pinaraan sa apoy: at siyang pinaka dakilang kapulungan; huwag kayong gagawa ng anomang gawang paglilingkod.

²¹⁴ Mayroon tayo ngayong “ikawalong araw.” Ngayon, mayroon lamang pitong araw, subalit dito'y nangungusap tayo “ng ikawalong araw,” banal na pagpupulong, pagpupulong. Pansinin n'yo, “Huwag kayong gagawa rito.” Ang ikawalong araw, ay (ano?) balik na muli sa unang araw. Aba'y, tumutukoy ito sa Walang Hanggan, habang siya'y pumapaikot-ikot nang wala nang dakong hihintuan. Amen. Nauunawaan n'yo na ba ito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

²¹⁵ Pansinin n'yo, iyon din ay sa ikawalong araw na ito. Huling araw, araw ng kapistahan ng tabernakulo, pansinin n'yo pagkaraan niyan, pagkatapos ng huling araw ng kapistahan, pagkatapos ng huling Kapanahunan ng Iglesya, pagkatapos ng huling buong pitong araw sa ibabaw ng lupa, pagkatapos ng Milenyum, na darating ang Banal na Pagpupulong na ito.

²¹⁶ Tandaan n'yo, kapistahan ito ng mga tabernakulo, *mga tabernakulo*, “mga dakong tipunan.” Amen! Kung saan, “Sa Milenyum,” ang sabi ng Biblia, “sila'y magsisipagtayo ng mga bahay; kanilang pananahanan.”

²¹⁷ Ngunit sa Bagong Lupa, naparoon na Siya at inihanda na ang lugar. Naitayo na Ito. Wala tayong anumang kinalaman sa pagtatayo niyon. Amen. Walang Hanggan! Oh, talagang gustung-gusto ko ang Salitang iyon! Naku! Isang Banal na

Pagpupulong, ang ikawalong araw. Na, pitong araw lamang. Pagkatapos sa ikawalong araw, na bumabalik na muli sa unang araw, bumabalik mismo sa unang araw, ang ikawalong araw ay isang Banal na Pagpu- . . . Pagpupulong.

²¹⁸ Pansinin n'yo, ang pitong araw, ay may kinalaman lamang sa lumang paglalang, na panahon ng sanlibutan. Ang pitong araw, iyon ay ang Milenyum, ang araw ng kapahingahan. Kung paanong gumawa ang Diyos sa loob ng anim na araw, nagpahinga na sa ikapito; ang Iglesya rin nama'y gagawa sa loob ng anim na araw, at magpapahinga sa ikapito, subalit sakop pa rin kayo ng panahon. Hindi ko tinutukoy ang Walang Hanggan.

²¹⁹ Ngunit, nakita n'yo, walang ganoong bagay na gaya ng walong araw; babalik kayong muli sa unang araw, kita n'yo, sa unang araw.

²²⁰ Ang sabbath ay nangungusap tungkol sa lumang kautusan, na mapaparam. Ang pangilingin ng isang sabbath, na "naparam na," o, sinabi kong, "binago tungo sa isa pa." Hindi ito naparam; nagbago lang ito mula sa lumang kautusan, ng pangilingin ng isang tanging araw ng sanlinggo.

²²¹ Sa Isaias, sa ika-19 na kabanata, ang sabi, palagay ko'y 28:19, ang sabi, "Utos at utos; dito'y kaunti, at doo'y kaunti." "Manghawakang mainam sa mabuti." "Sapagkat sa pamamagitan ng mga taong may ibang pangungusap at may iba't ibang wika ay magsasalita Ako sa bayang ito. At narito ang kapahingahan." Kita n'yo?

²²² Kayo ay pumasok sa Buhay, hindi sa pangilingin ng isang araw o anino. Sinabi ni Pablo, doon sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata. "Ipinangilingin ninyo ang mga araw at mga anino, at mga ganoong bagay; ako'y nangangamba sa inyong karanasan." Kita n'yo, hindi tayo lumilipat tungo sa kung anong mga araw at mga panuntunan. "Kayo'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay na Walang Hanggan," hindi sa mga araw at mga panahon. Lumipat na kayo tungo sa Walang Hanggan. Iyon ang banal na pagpu- . . . pagpupulong, pagpupulong, pala.

²²³ Ang *pitong araw*, masdan n'yo, na "mapaparam," o, sinabi kong, "magbabago tungo sa isa pa." Ang walong araw ay nakapatungkol sa bagong paglalang, kita n'yo, hindi sa lumang paglalang. Ang walong araw ay bagong paglalang.

²²⁴ Sapagkat, ikawalong araw noong nagbangon mula sa mga patay ang ating Panginoon. Hayun ang isa pa ninyong pagpupulong, ang kabanalan; ni hindi na isinasaalang-alang ang mga sabbath, man lamang, o ang kapistahan ng mga tabernakulo, kapistahan ng *ganito*, at ang kapistahan ng pentecostes. Nagbangon mula sa mga patay si Jesus, para sa pag-aaring-ganap sa atin, sa ikawalong araw. Pagkatapos ng pitong sabbath, o pitong araw, Pitong Kapanahunan ng Iglesya,

ay nagbangon si Jesus mula sa mga patay. Ikawalong araw, na isang banal na pagpupulong, kita n'yo, na siyang unang araw.

225 Kita n'yo, kayo'y, natapos nang dumaan sa panahon, at humantong na muli sa Kawalang Hanggan; hindi na ang pangngilin ng mga araw, at pangngilin ng mga sabbath; at mga bagong buwan, at mga ganoong bagay. “Kundi lumipat na,” nagbago na ng inyong anyo; hindi napuksa. Luwalhati! “Kundi lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay na Walang Hanggan.” Oh, ang itinuturo nga sa atin ng Biblia! Kita n'yo, lumipat na mula sa isa patungo sa isa pa.

226 Buweno, “lumipas na,” ang lumang sabbath ay lumipas na. Nagbangon si Jesus sa ikawalong araw. Iyon ay isang taimtim na araw, banal. At hindi iyon isang araw; dahil ang araw, ang panahon, ay natapos na. Iyon ay lumipat na sa Kawalang Hanggan. Kita n'yo, bumalik na ito muli mismo sa unang araw. Kita n'yo?

227 Ang Walang Hanggan ay parang isang—isang singsing. Wala kang makikitang sulok doon. Wala kang makikitang hintuan sa isang perpektong bilog. Magpapatuloy ka't magpapatuloy. Walang anuman sa akin gaano man kalayo ka pumunta, nagpapatuloy ka pa rin. Puwede kang mag-umpisang umikot nang *paganito*; tatawid sa sahig, lilibot sa mundo, lalampas sa mundo, patuloy ka pa ring umi-... [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

228 Lahat ng mga bagay na nilikha *rito*, ay binaluktot, hindi nilikha, ni satanas, ay babagsak kapag tumunog na ang malaking ginintuang kampana at tumunog na ang isang Trumpeta.

229 At doon sa pasimula, kung saan ginawa sa Eden ang posteng talian, noong dumating ang tao sa lupa at siya'y mahulog, isang munting kordero ang nagbubo ng dugo nito, na nangusap tungkol sa isang dakilang Korderong darating upang ibubo ang Dugo Nito. Itinayo ng Kalbaryo ang krus, na nagtali para sa Lumang Tipan; sa kanila na mga inaring-ganap, ay umasa Rito. At sa bagong dispensasyon na ito, sa Pagparito ng Panginoon, sa Bagong Lupa, ang tali ng kaligtasan (ang Dugo, ang Kapangyarihang tinubos na aking tinutukoy, at sa pamamagitan ng ganoon ding pamamaraan ay tinubos kapuwa ang tao at ang lupa) ay tatayong muli doon mismo sa Walang Hanggan. At tutupukin ng Dagat-dagatang Apoy ang lahat ng bagay na masama at ang mga hindi itinalaga Rito. Nauunawaan n'yo ba?

230 Pansinin n'yo, nang ikawalong araw, nagbangon si Jesus para sa pag-aaring-ganap sa atin. Ang Walang Hanggang Hari, na may Walang Hanggang Kaharian na tungo rito'y babautismuhan tayo, tungo sa Buhay na Walang Hanggan. Hindi pitong araw; walang kinalaman 'yon sa alinman sa mga araw.

Tumutukoy iyon sa isa pa, sa Walang Hanggan, na darating; tumutukoy sa isang panahon na Walang Hanggan, 'yung sinasabi kong Mundo.

²³¹ At, pansinin, pagkatapos ng limampung araw, o pitong sabbath mula roon, magkakaroon muli ng isa pang banal na pagpupulong. Ano ba'ng nangyari? Bumaba ang Banal na Espiritu noong Araw ng Pentecostes, sa ikapitong araw . . . O, sa ikawalong araw, pala, ikawalong araw, bumaba sa ikawalong araw. Iyon ay pagkatapos ng pitong sabbath, eksakto, pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, kita n'yo; kaya iyon ay magiging pitong ulit niyon muli, ibinabalik iyon muli mismo sa unang araw ng sanlinggo, eksakto. Kita n'yo?

²³² Hayan ang inyong banal na pagpupulong, na walang anumang kinalaman sa mga bagay na literal. Lampas pa ito roon. Iyon ay doon sa Kaharian ng Diyos, na may Buhay na Walang Hanggan, sa mga itinalaga na kailanma'y hindi nagpasimula. Hindi iyon nagsimula sa alinmang araw. Hindi kayo naligtas sa alinmang araw. Kayo'y dati nang ligtas. Amen. Naparito lamang si Jesus upang tubusin iyon; ngunit ligtas na kayo, mula pa sa pasimula, dahil mayroon na kayong Buhay na Walang Hanggan, sa pasimula pa lang.

²³³ Ang isang isdang trout ay hindi kailanman magiging isang isdang gar o isang butete. Maaaring kasama niya iyon sa iisang ngunit, ngunit siya, mula pa sa simula, ay isa nang trout. Nahuli lamang siya ng lambat, kita n'yo, ngunit ganoon na siya mula pa sa simula. Hayun 'yung . . .

²³⁴ Ngayon, hindi pa tayo nauubusan ng mga dispensasyon. Naubusan na ba? Nasa mismong Kasulatan pa tayo. Pagkaraan ng limampung araw, dumating iyon.

²³⁵ Kita n'yo, hindi mo mabibilang ang walo sa sanlinggo. Kita n'yo, hindi iyon mabibilang, na walong araw sa isang linggo. Hindi mo magagawa iyon, kita n'yo, dahil pipito lang ang araw sa sanlinggo. Bilangin mo man ito sa kahit anong paraan mo gusto. Linggo ang unang araw ng sanlinggo. Kita n'yo, bibilang kayo ng pito, saka na naman kayo babalik at mag-uumpisang muli. Bibilang ng pito, babalik at uulitin na naman. Kita n'yo?

²³⁶ At namuhay tayo sa lahat ng mga tipong ito rito, ngunit, kapag narating n'yo na ang ikawalo, paroroon na kayo sa Walang Hanggan. Hindi kayo paroroon sa pamamagitan ng mga kautusan, at mga ritwal, at mga atas. Paparoon kayo sa pamamagitan ng pagtatalaga. Amen! May isang totoong, banal na pagpupulong! Kita n'yo? At papatapos na tayo sa ikapitong kapanahunan ng iglesya, kapanahunan ng iglesya, ang kapanahunang Pentecostal. Nauunawaan n'yo ba ito? Papasok na tayo sa banal na pagpupulong na iyon. Papasok na tayo doon sa tunay, na totoong, Walang Hanggan, kung saan tinawag ang Iglesya; hindi patungo sa kung anong istasyon, kung anong

denominasyon, kundi sa Walang Hanggan kasama ng kanilang Walang Hanggang Hari. Kita n'yo? Wala na tayong ganoon pa, wala nang gayong bagay na gaya ng mga araw, at mga gayong bagay, at mga panahon. Kayo'y lumipat na sa Walang Hanggan, kung saan kayo nagmula noon. Naroon na kayo noon, sa simula pa lang. Kita n'yo?

²³⁷ Kung mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, mayroon lamang iisang anyong ganoon, iyon ay ang Diyos, at kayo ay isang nahayag na katangian. Kita n'yo? Kung kayo. . . Kung kayo'y hindi, hindi kayo maparoroon, sa anumang paraan. "Walang makalalapat sa Akin maliban na inilapat siya sa Akin ng Aking Ama." Kita n'yo? Na, "mapaparam," lahat itong mga lumang bagay; subalit hindi ang mga Bagay na ito, kaya tumutukoy ito sa Walang Hanggan. Ang Banal na Espiritu ay Walang Hanggan. Kung gayon, nasa Walang Hanggan kayo, kung saan naroroon na kayo sa lahat ng panahon, ngunit inyo lamang napagkilala kung ano ang nangyari.

²³⁸ Kita n'yo, nilikha kayo para sa isang layunin na Walang Hanggan, dahil kayo ay ang—ang paghahayag ng isang katangian na nasa Diyos, na umisip sa inyo at ipinahayag kayo; at lumikha Siya ng isang lupa upang doon kayo hangin, at upang gawin kayong isang taong nilalang. At dumating ang kasalanan at binaluktot ang Kanyang pamamaraan. Dumating pa rin kayo, gayon pa man, subalit kayo ay naligaw kasama ng sanlibutan. Kaya naparito Siya upang tubusin kayo, ang ipinahayag na katangian, at tutubusin din ang lupang ito sa gayon ding paraan. Kung gayon, ang Kanyang layunin ay nagpapatuloy. Kita n'yo? Oh! Hallelujah! Oh, pinabubuti niyan nang husto ang pakiramdam ko, isipin n'yo na lamang kung ano ang nakalaan sa hinaharap!

²³⁹ Ngayon, sa Mga Taga Efeso 1:10, tinawag itong. . . Ngayon, kung isinusulat n'yo ito, sa Mga Taga Efeso 1:10, ay tinawag na, hindi isang dispensasyon, hindi na ikapitong araw. Ito'y tinawag na, "Ang kaganapan ng panahon." At kapag "ang kaganapan ng panahon" ay dumating na, doon ay kung kailan naganap na ang panahon. Kapag wala nang panahon, kung magkagayo'y paroroon na kayo sa Walang Hanggan, pagka natapos na ang ikapitong kapanahunan ng iglesya, at iyon nga; natapos na ang kapanahunan ni Luther, natapos na ang kapanahunang Methodist, natapos na ang kapanahunang Pentecostal. At ngayon kayo'y paroroon na sa (ano?) Walang Hanggan; wala nang mga pito pa, wala nang mga tatlo pa, wala nang iba pa. Sila'y nasa Walang Hanggan na, kung saan walang ganoon na panahon na gaya ng mga bilang, at mga oras, at mga gayong bagay. Amen! Oh, naku! Nauunawaan n'yo na ba ngayon?

²⁴⁰ O, pagkaraan na maganap na ang panahon, wala nang lahat ang kasalanan, inalis na, sa Milenyum, doon sa dakilang Puting

Trono ng Paghatol. (Isang tipo, ng Banal na Espiritu.) Matapos na masunog ang sanlibutan at mabautismuhan, ang bautismo nito ng banal na Apoy mula sa Langit; wala na ang lahat ng kasalanan, wala na ang lahat ng mga mikrobyo, wala nang lahat ang mga diablo, lahat ng tukso ay wala na, lahat ng masama ay wala na. (Tipo ngayon.) Pagkatapos anong gagawin ng Diyos? Makakapanahan na Siya sa lupa, kita n'yo, dahil lahat ng kasalanan ay wala na.

²⁴¹ Ganoon din ang gagawin Niya kapag ibinigay Niya sa inyo ang bautismo ng Banal na Espiritu na may Apoy. Makakapunta na Siya at makakapanahan sa inyo, at makakaupo na tayo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus, dahil tayo ay nasa Kanya na. Hindi tayo'y "uupo pa lamang." Nakaupo na tayo ngayon kay Cristo Jesus. Papaano ba tayo makakapasok doon? Sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu. "Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat papasok kay Cristo," na, naroroon na nga tayo ngayon. Hindi na "mapapasa" kay Cristo pa; naroroon na tayo! Siya ang dakilang espirituwal na Hari sa Espiritu na nasa atin, dahil nasa sa Kanya na tayo sa pasimula pa lang.

²⁴² Kita n'yo, ang Diyos, sa pasimula, nang isipin ka Niya at inisip ang iba na tulad niyon, ay inisip ang Kanyang Sarili na maging isang hayag. Iyon ang mga kaisipan Niya. Kita n'yo? Kaya, inihayag Niya ang Kanyang mga kaisipan sa pamamagitan ng Salita. Sinabi Niya, "Magkaroon." "Magkaroon," at nagkaroon nga. "Magkaroon," at nagkaroon nga.

²⁴³ Pagkatapos, pagkalipas ng ilang panahon, patuloy Siyang nagsasabing "magkaroon," hanggang sa sinabi ng mga tao, isang araw, "Huwag na ang Diyos ang magsalita!"

²⁴⁴ Sinabi Niya, "Ngayon Ako'y mangungusap sa kanila sa pamamagitan na ng isang propeta." Kita n'yo? "Mula ngayon, mangungusap Ako sa kanila sa pamamagitan na ng isang propeta."

²⁴⁵ At sinabi ng propeta, "Mayroong darating; magkakaroon," at nangyari nga, at nangyari nga. At nangyari iyon, at nangyari iyon, kita n'yo, ganoon lang. Nauunawaan n'yo na ba ngayon?

²⁴⁶ "Ang kaganapan ng panahon" ay dumating pagkatapos na maganap ang panahon. Wala na ang kasalanan, pagkatapos ng bautismo ng mundo, pagkatapos ng bautismo ng lupa ay napaging karapat-dapat na ito na dako; wala nang karamdaman, walang mga mikrobyo; walang mga tinik, walang mga dawag; walang kamatayan, walang kalungkutan, walang mga dalamhati; walang pagtanda, wala nang anuman na kumakatawan sa kamatayan; walang mali; lahat ay tama; walang natural. Walang Hanggan!

247 Pagkatapos, nahayag ang Kanyang katangian dahil naroon na iyon, nauna na, sa simula pa lang. Iyon ang inisip Niya. [Nagsasalarawan si Kapatid na Branham sa pisara—Pat.]

248 At pagkatapos ano'ng nangyari? Inilagay Niya sina Adan at Eba dito sa lupa, at sinabi, “Magpakarami kayo ngayon at kalatan ang lupa.” Ang mga katawan nila ay nailagay nang lahat dito, upang kumain kayo at sustenahan ang inyong katawan. Ganoon ang paraan Niya sa pagsasagawa nito.

249 Subalit dumating ang kasalanan at ginulo ang Kanyang plano. Nagpatuloy naman ito, gaya pa rin ng dati, nagpatuloy ang panahon.

250 Ngunit ano'ng ginawa ni Jesus? Bumaba ang Diyos at inihayag ang Kanyang Sarili sa anyo ng isang Tao, isang taong nilalang; ibinigay ang Kanyang buhay, sa halip na manatili rito. Na, Siya ang Hari, ngunit ibinigay Niya ang Kanyang Sarili upang tubusin ang iba pa. Nauunawaan n'yo ba?

251 At kapag natapos nang lahat, saka na ito ipanunumbalik, at ang layuning ng Diyos ay natupad na. Naroon na muli ang Walang Hanggang Hari kasama ang Kanyang Walang Hanggang mga sakop, na nahahayag sa katawang tao, tugmang-tugma sa pagkakaplano Niya; inalis na ang kasalanan; wala na ang diablo; tapos nang lahat ngayon.

252 Ano'ng gagawa nito? Hindi maaaring maging dako para paglagyan ng Langit ang lupang ito ngayon. Tingnan n'yo nga ito, ang kasalanan. Kinakailangan nitong malinis.

253 Walang lalaki, walang tao, walang babae, batang lalaki, batang babae, wala akong pakialam kung sino pa siya, ang karapat-dapat na magtungo sa pulpito, o ni mag-angkin man na isang Cristiano, nang hindi napupuspos ng Banal na Espiritu. Wala kayong karapatan sa hapunan ng Panginoon, o anumang komunyong, paghuhugas ng mga paa, o anumang bagay, hanggang sa kayo ay nalinis na ng Banal na Apoy ng Diyos.

254 Walang karapatan ang sinuman na mangaral maliban na kayo, katulad ni Moises, ay makatagpo Siya roon sa sagradong lupa na iyon, na 'yung Haliging Apoy ay naroroon, kung saan alam niya kung nasasaan siya. Kita n'yo?

255 Pansinin n'yo kung papaano, kung papaano tayo paroroon. Pagkatapos ng bautismo sa Apoy ng sanlibutan, lahat ng mga mikrobyo ay wala na, pinapaging karapat-dapat na ito na lugar para panahanan ng Langit dito sa lupa.

256 Tipo, ngayon, ng pagiging nakaupo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus; lumipat na mula rito, sa maruming katulad ng kung ano noon ang munting babaeng iyon, patungo sa pagiging nahayag na katangian ng Diyos. “Ngayon tayo ay mga Anak ng Diyos,” hindi tayo *magiging* mga anak pa lang. Tayo ang mga katangian ng kaisipan ng Diyos. Kita n'yo?

257 Ngayon sasabihin ninyo, “Buweno, tingnan n’yo ang saserdoteng ito. Hindi ba siya isang anak ng Diyos?” Pinatutunayan niyon na siya’y hindi. Hindi niya makilala ang ano? Sinabi ba niyang, “Naniniwala ako sa Biblia”? Oo. Subalit hindi niya makilala ang nahayag na Salita para sa panahong iyon. Mayroon lamang siyang intelektuwal na karunungan mula sa isang grupo na nauna na sa kanya.

258 At ganoon din ’yun ngayon! Kita n’yo? Alam kong mabigat ’yon, ngunit ito ang Katotohanan.

259 Naroon ang Salita, kung paanong sinalita nang tumpak para sa panahong iyon; at, siya, bagama’t isa siyang iskolar, bagama’t isa siyang kilalang tao, ngunit hindi niya Iyon makilala. Bakit? Gaano man siya katalino, anumang bagay na ganoon, wala pa rin siyang representasyon ng paunang pagkakatalaga. Kita n’yo?

260 Tanging ang mga itinalaga lamang ang makakakilala niyon; tanging sila lang. At magagawa lamang ninyo iyon. . . Dahil, tingnan n’yo, pinatutunayan nito ang paunang pagkakatalaga. Dahil, kung mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, tiyak na bahagi na kayo ng Diyos sa tuwina, dahil Siya lamang ang Nag-iisang Walang Hanggan. Naunawaan n’yo ba? Oh, nakul! Isipin n’yo iyon.

261 Ngayon masdan n’yo kung ano ang mangyayari sa dakilang Milenyum. Lahat ng kasalanan ay wala na, dumating na ngayon ang Milenyum, panahon na ngayon na paroroon ang Espiritu Santo sa lugar Nito.

262 Katulad lamang ng ginagawa Niya sa atin, na “lumilipat mula sa kamatayan patungo sa Buhay,” nananahan sa Sangkalangitan kay Cristo, sa Kanyang maluwalhating Presensiya. Maging ang pisikal na kamatayan ay lilipas na sa panahong iyon; kung papaanong lumipas na ang espirituwal na kamatayan ngayon.

263 Wala nang gayong bagay na gaya ng espirituwal na kamatayan ngayon, sa—sa isang—isang nabautismuhang banal ng Diyos. “Bagama’t siya’y patay na, gayunma’y mabubuhay siya. Ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay.” Ang lahat ng Kasulatan, kailangan Itong matupad. Kita n’yo? Hindi kayo maaaring mamatay. Mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. Ang bagay lang, nagawa na ng Manunubos na mapagkilala ninyo iyon. At Ganoon na kayo noon pa man, at ’yun ang dahilan kaya nakikita ninyo ang panahon na inyong kinabubuhayan. Ilan ang nakakakita niyon? Itaas ang inyong kamay. Kita n’yo? Salamat. Kita n’yo? Ang panahon na ating kinabubuhayan, napagkikilala ninyo ito.

264 Ngayon, ang sabi ng Methodist, “Kapag sumigaw ka, mayroon ka na Nito.” Marami sa kanila ang sumigaw at wala Nito.

265 Sabi naman ng Pentecostal, “Kapag nagsalita ka sa iba’t ibang wika, mayroon ka na Nito.” Marami ang nagsasalita sa iba’t ibang wika, at wala Nito.

266 Tingnan n’yo kung gaano, lahat ng uri ng mga anyo na mayroon noon ang mga Fariseong iyon, subalit nang mahayag na ang Salita, hindi nila nakilala Iyon. Kita n’yo? Kita n’yo?

267 At kung kayo ang Nobya, ang Nobya ay bahagi ng Asawang Lalaki. At kung. . . Ang tanging lugar na makikilala ninyo Ito, ay ang makilala n’yo kung anong bahagi kayo ng Asawang Lalaki (ng Salitang iyon), kung hindi ay hindi ninyo makikilala na kayo ang Nobya. Ilan ang nakakakita niyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Kita n’yo? Kailangan ninyong mapagkilala ang inyong posisyon.

268 Hindi ninyo maaaring mapagkilala ang posisyon ng iba. Ano kaya kung—ano kaya kung dumating si Moises na dala ang mensahe ni Noe? At kabahagi doon si Noe, ngunit tiyak na hindi iyon umubra. Ano kaya kung—kung—kung—kung si Jesus ay pumarito na dala ang Mensahe ni Moises? Tiyak na hindi iyon umubra. Kita n’yo, iba namang kapanahunan iyon, iba namang propesiya iyon, ibang bahagi ng Salita ang kinailangang matupad doon. Sila ay nasa ibang araw ng sanlinggo. Hindi, ang gawain ng Martes ay hindi maaaring gawin sa Miyerkules. At ang Miyerkules ay kailangang gawin sa Miyerkules. Kita n’yo? Ang sa Sabado ay kailangang gawain ng Sabado. Kita n’yo?

At, sila, napagkilala nila, “Oh, si Moises, nasa amin si Moises.”

269 Sinabi Niya, “Kung nakilala nga ninyo si Moises, ay makikilala ninyo Ako, sapagkat siya ang nangusap tungkol sa Akin. ‘Ang Panginoon ninyong Diyos ay magpapalitaw ng isang propetang gaya ko.’” Naunawaan n’yo ang ideya? Oh, naku! Kita n’yo?

270 Pagkatapos ay sinabi ni Jesus, sa Juan 14, “Kapag Siya, ang Banal na Espiritu, ay dumating, ay ipapaalaala Niya ang mga bagay na ito sa inyo, kita n’yo, ipapakita sa inyo kung anong panahon na ang inyong kinabubuhayan. At pagkatapos, isa pang bagay na makikilala ninyo Siya, ipapakita Niya sa inyo ang mga bagay na darating,” kita n’yo, kita n’yo, pabalik muli mismo sa pagka-propeta, “kapag Siya’y dumating.” Kita n’yo?

271 Sa Bagong Lupa at Bagong Langit, hindi na magdidilim pang muli kailanman, kapag dumating na ang Bagong Lupang ito. Ang diablo ay igagapos. . . Si satanas, malaya pa rin siya ngayon; siya ay tagapagparatang. Ngunit sa Bagong Lupa, siya ay igagapos at itatapon sa Dagat-dagatang Apoy, sa banal na Apoy na ito.

272 Pagkatapos, sa Bagong Lupang ito, tingnan natin ito sa ilang sandali ngayon. Sa Bagong Lupa na ito, ang kalangitan ay hindi na kailanman muling magdidilim pa; hindi, nagmula

iyon sa sumpa, kita n'yo. Hindi na muling pagdidilimin pa ng nagngangalit na mga ulap. Hindi na muling ihip pa ang mga hangin sa kanya nang ganoon. Hindi. Hindi na niya kailanman sisirain pa ang mga punongkahoy, at sisirain ang mga bahay, at itataob ang mga bagay-bagay. Ang kidlat at ang poot ay hindi na kailanman bubuga mula kay satanas doon, at papatayin ang isang taong naglalakad sa daan, o susunugin ang isang gusali. Kita n'yo? Hindi, hindi na. Hindi na magkakaroon pa roon ng mga bagyong malakas na bumubulusok, o mga unos at mga buhawi, at wawasak ng mga bahay, at papatay ng mga maliliit na bata, at mga gayong bagay. Huh-uh, hindi na magkakaroon pa. Sinusubukang manira, wala na iyon doon. Si satanas ay pinalayas na.

²⁷³ Sana ay mayroon pa tayong panahon ngayon. Naglalaktaw na ako ng mga Kasulatan, ngayon, para hindi tayo masyadong magtagal. Kailangan ko pang manalangin para sa mga maysakit.

²⁷⁴ Ang Kalangitan at lupa ay nagtagpo na; ang Diyos at tao ay napagkasundo na. Nagsimula na ang isang naipanumbalik na na Eden; kita n'yo, wala nang lahat ang sumpa.

²⁷⁵ Katulad lamang ng, lahat ng sumpa ng kasalanan ay nawala na noong tinanggap kayo ng Banal na Espiritu. Kita n'yo, hindi kayo ang tumatanggap Rito; tinatanggap kayo Nito, kita n'yo, dahil katangian Ito ng Diyos. Kita n'yo, kung Ito'y ang Banal na Espiritu, ibig sabihin, Espiritu ng Diyos; at ito'y ang katangian, ang kaisipan ng Diyos, ay tinanggap na kayo dahil sa itinalaga kayo para sa ganoong layunin. Kita n'yo? Gayunma'y, ipinanganak kayo sa kasalanan; subalit taglay na ng Diyos noon pa ang katangian na iyon, at narito naihayag ninyo ang inyong sarili dito sa ibabaw ng lupa, at Siya ay bumaba at kinuha kayo. Kita n'yo, *nandito* na ulit kayo; *dito* kayo nabibilang. Kita n'yo? Kita n'yo, nawalan na ng kapangyarihan ang kasalanan. Siyanga. Ang pagnanasa ng kasalanan ay wala na sa inyong puso, kapag pumasok na ang Espiritu Santo. Kayo ay isa nang naipanumbalik na tao.

²⁷⁶ At pagkatapos kapag naipanumbalik na ang lupa, sa pamamagitan ng gayon ding bagay, hindi na magkakaroon pa ng pagsumpa, wala nang mga unos, wala nang mga hangin, wala nang mga bagyo—mga bagyo, pala. Naipagkasundo na kayo; ang tao at ang Diyos ay nagpanagpo na. Ang Bagong Lupa ay maipanunumbalik na muli sa maka-Eden na kagandahan nito noon. Ang Bagong Lupa ay ilalatag, siya, pagkatapos ng kanyang bautismo ng Apoy.

²⁷⁷ Isipin lamang ninyo, siya'y maglilibay at masusunog. Ang mga bagay ay masusunog sa—sa matinding init. Lahat ng mga gawa sa lupa ay masusunog. Lahat ng tubig ay sasabog; ito'y magniningas at pasasabugin ang lahat. Sasabog ang lahat ng

bagay. Magpuputukan ang mga bulkan at, libu-libong milya ang taas sa alapaap, ay magliliparan ang nagliliyab na mainit na kumukulong putik. Bawat mikrobyo . . . Lilinisin ng Espiritu Santo ng Diyos ang bawat katiting ng lahat ng kasalanan at lahat ng bagay. Ang lahat ng diablo ay igagapos at ibubulid sa Dagat-dagatang Apoy, tumutupok na Apoy, ang Apoy na poot ng Diyos.

²⁷⁸ Wala nang halimaw doon upang muli kayong puksain. Kapag naglakad kayo sa daan, sa mga hardin ng bulaklak, wala nang anumang ahas na susutsot sa inyo doon at tutuklaw sa inyo, gamit ang kanyang makamandang na lason. Oh, naku! Hindi ba't magiging napakainam nun? Makinig kayo. Hindi magkakaroon sa Bagong Lupang iyon kailanman ng nakabunton na isang munting naninilaw na madamong lupa sa pampang, bilang libingan; hindi magkakaroon ng ganun doon.

²⁷⁹ Ang tao at ang Diyos ay nagkasama na; ang Nobya at ang Nobyo. Ang Kalangitan at lupa ay naging magkayakap na; bumaba na ang Diyos upang manahan sa gitna ng mga tao. Ang Kanyang tabernakulo ay nasa piling na nila.

²⁸⁰ Hindi na magkakaroon pa ng kasalanan, wala nang kalungkutan pa. Hindi na kailanman magkakaroon pa ng luhang papatak sa pisngi ng isang ina, para sa kanyang sanggol. Amen. Hindi na, sa Bagong Lupain na iyon. Hindi. Natubos na Ito. Ito'y sa Kanya na, at para sa mga Kanya na tinubos mula rito. Kita n'yo?

²⁸¹ At, tingnan n'yo, bahagi kayo ng lupang iyon. Tama ba? At noong tubusin Niya kayo, tinubos din Niya ang lupa sa kaparehong bagay, at magkasama na kayong muli. Oh, napakalinaw nito. Kita n'yo? Kailangan kayong matubos dahil bahagi kayo nito. At kung hindi pumatak ang Dugo sa inyo, hindi pa kayo natubos; hindi kayo tinawag. Pagkatapos ay lilinisin Niya ito; ganoon din ang ginagawa Niya sa Apoy. Kahit pa, pumatak na ang Dugo, kailangan pa rin itong malinis sa pamamagitan ng Apoy, tama iyon, para sa isang dakong tahanan para sa Diyos.

²⁸² Nanahan na ang Diyos, sa potensyal. Ang Kaharian ng Diyos ay nasa lupa na ngayon, sa mga puso ng Kanyang mga banal. Ang Kanyang mga katangian ang pinasimulan Niya roon sa pasimula. Ngayon ang mga katangian Niya ay natubos na. Ano pa ang hinihintay Niya? Ang tubusin ang lupa, upang mailagay ang Kanyang mga katangian rito, upang ganapin nang lubos ang Kanyang itinalagang plano. Nauunawaan n'yo ba ito?

²⁸³ Pansinin n'yo, walang mga libingan, walang mga luha, wala na kailanman, wala nang pagdanak ng dugo. Hindi na siya kailanman mababasa pa ng luha o ng dugo. Hindi na. Hindi na magkakaroon pa ng mga digmaan. Hindi na. Wala nang mga ulap ng taglamig. Wala nang malamig na niyebe sa dibdib niya;

hindi na lalapag pa sa ibabaw nito. Ang mainit na araw ay hindi na, hindi na kailanman susunugin ang damo nito. Hallelujah! Maging ang disyerto ay pamumulaklakan ng mga rosas. “Ang matandang iyan, na maalinsangang disyerto ay mamumulaklak, isang araw, na katulad ng isang rosas,” sinabi iyon ng Diyos; kapag natubos na siya, kapag dumaan na siya sa kanyang bautismo ng Apoy. Mayroong lahat ng uri ng mga cactus at mga dumidikit at lahat na na naroon ngayon, subalit may darating sa kanya na isang bautismo ng Apoy.

²⁸⁴ Katulad dati ng tao, noong mayroon pa siyang pagkapoot, masamang pag-iisip at pakikipagtalos na nasa kanya; noong dumating na ang bautismo ng Apoy, ay nilinis nito iyon. Wala nang paninibugho, wala nang anumang bagay pa; ito lamang ay ganap na isang dakong tahanan para sa Diyos. At, tandaan n’yo, iyon ang delegasyon Niya na kakatagpo sa Kanya sa dako roon. Amen! Oh, napaka . . .

²⁸⁵ Hindi lamang iyon isang kuwento; ’yun ay ang Katotohanan. Iyon ang sinabi ng Diyos. Iyon ang ipinangako Niya. Iyon ang patutunguhan ng Nobya. “Maging ang disyerto,” sabi Niya, “ay mamumulaklak, maging isang rosas.”

²⁸⁶ Si satanas, ang kasalanan, at ang mga makasalanan, ay wala na, magpakailanman. Tapos nang lahat; inihalos na sa Kawalang Hanggan. At lahat ng masasama, ang makapangyarihang arkanhel na iyon na naupo roon isang araw, si satanas, na gumawa ng lahat ng kasamaang ito, ay lilipulin. Matatandaan n’yo, sinabi ng Biblia, “Kung hindi gagawin ng kaluluwang iyon ang katulad ng Kanyang, sinabing gawin, ay pupuksain Niya maging ang kaluluwang iyon.”

²⁸⁷ Subalit, nakita n’yo, hindi Niya maaaring wasakin ang Kanyang Sarili at manatili pa ring Diyos. Kaya, kung ang kaluluwang iyan ay sa sanlibutan, kailangang mapuksa iyan. Ngunit kung ito ay Walang Hanggan, kasama ng Diyos, hindi ito kailanman nagpasimula, dahil ito’y bahagi ng Diyos at hindi kailanman mapupuksa. Amen! Napakaganda! Gaano—gaanong pasasalamat, na dapat na makita iyon ng Iglesia!

²⁸⁸ Mga tao, lahat ng inyong mga ginawa ay nakasalalay dito mismo. Ito ang sinisikap kong sabihin. Nilalaktawan ko na ang iba nito dahil gusto kong balikan ito muli.

²⁸⁹ Maging ang mga bagay na ito, si satanas, ang mga makasalanan, ay wala na, nang Magpawalang Hanggan; hindi na kailanman magkakaroon pa. Lahat . . . Kita n’yo, hindi kayang lumikha ni satanas. Kung kaya niya, siya sana’y Diyos. Kita n’yo? Magagawa lamang niyang baluktutin kung ano ang nalikha na. Kita n’yo? At lahat ng kabaluktutan ay, ang pagbabaluktot, ay mawawala na. At ang kamatayan ay ang pagbabaluktot ng buhay; at kapag wala nang pagbabaluktot, hindi na magkakaroon pa ng kamatayan. Ang katandaan

ay isang palatandaan ng kamatayan; at kapag wala na ang pagtanda, papasok na ang buhay. Lahat ng mga palatandaan ng pagbabaluktot at lahat na ng iba pang bagay ay wala na. Ang mga tinik at mga dawag ay tanda ng kasalanan, “ang lupa ay isusumpang kasama nila,” at mawawala na ang mga iyon. Dumating ang karamdaman, sa pamamagitan niyon; ito’y mawawala na. Mawawala na ang kamatayan. Hindi na magkakaroon pa ng pagdanak ng dugo.

²⁹⁰ Walang makakaparoong anumang sa lupain na iyon kundi kabanalan, ang mga Tinubos. Oh, naku! Oo. Oh, sadyang napakaganda ng pakiramdam ko. Ang Diyos, at ang Kanyang nilalang; at ang Kanyang mga nilikha sa sangnilikha na ito ay tinubos sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo. Nilinis sa pamamagitan ng Kanyang Sariling paraan ng paglilinis; ang Kanyang pamamaraan na pumapatay ng mikrobyo, pumapatay ng kasalanan!

²⁹¹ Katulad ng kung ang anumang bagay ay iniisterilisa, ang pinakamainam na pag-iisterilisa na mayroon tayo ay ang apoy. Maaari ninyong kunin ang anumang bagay at hugasan ito gamit ang mga bula ng sabon at lahat nitong mga kemikal na sinasabi nila, hindi pa rin ito ligtas. Subalit sunugin ninyo ito minsan!

²⁹² At kapag inisterilisa ng banal na Apoy ng Diyos ang lupa gamit ang mga Kemikal; iniangat na Niya ang Kanyang Nobya, na maisasama na Niya papasok sa Langit, habang nagaganap ito. At babalik na muli sa ibabaw ng lupa, na isa nang Bagong Langit at isang Bagong Lupa. Hindi na makapananakit ang maginaw na taglamig dito. Hindi na makapananakit ang mainit na mga tag-araw rito. Ang mga disyerto ay mamumulaklak na gaya ng isang rosas. Wala nang kasalanan at mga makasalanan.

²⁹³ Ang Diyos, at ang Kanyang mga nilikha at sangnilikha, ay nananahan nang magkakasama sa sakdal na pagkakaisa. Kung papaanong ang kalangitan at ang lupa ay mag-asawa, ay gayun din naman si Cristo at ang Iglesia, at magkakatatagpu-tagpo silang lahat sa isang napakamaluwalhating plano ng katubusan at dadalhin mismo roon sa mga sinapupunan ng Diyos muli. Nauunawaan n’yo na ba?

²⁹⁴ At, doon sa Bagong Lupa, ay may isang Bagong Bayan. Oh, naku! Ngayon makinig nang mabuti. Huwag ninyong kalilimutan ito. Na, sinabi ni Jesus, sa Juan 14, Siya’y paroroon upang maghanda. “Huwag magulumihanan ang inyong mga puso.” Noong papaalis na Siya, “Mayroon Akong dahilan kaya Ako aalis. Nanampalataya kayo sa Diyos,” sinabi Niya, “manampalataya din naman kayo sa Akin.” Hindi nila makita na Siya ay Diyos. Sabi, “Nanampalataya kayo sa Diyos, ngayon ay manampalataya rin kayo sa Akin. At Ako’y lilisan upang ipaghanda kayo ng isang Lugar. Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming mansyon; sa Kaharian ng Aking Ama ay

maraming mga palasyo.” Si Cristo ay naroon, na itinatayo itong Bagong Jerusalem ngayon. Ngayon makinig nang mabuti. Huwag gagalaw. Huwag, huwag n’yong palampasin ito. Si Cristo ay nasa Langit, ngayon, na inihahanda ang Bagong Jerusalem.

²⁹⁵ Kung papaanong nilikha ng Diyos ang mundo sa loob ng anim na araw, ginawa ang mundo sa loob ng anim na araw, o anim na libong taon. Gaya nga ng sinabi niya, “Huwag kayong maging mangmang,” nabasa natin sa Kasulatan, “ang isang libong taon ay isang araw.”

²⁹⁶ At si Cristo ay lumisan at naghahanda ng isang Lugar, na noon pa itinatayo sa loob ng maraming, maraming libong taon na, naghahanda ng isang Lugar. “At kung Ako ay aalis at maghahanda ng isang Lugar, babalik Akong muli, at tatanggapin kayo; upang saan man Ako naroroon, ay naroon din naman kayo.” Pansinin ninyo ang Manunubos at ang mga Tinubos!

²⁹⁷ Sana’y may oras pa tayo ngayon. Minarkahan ko rito, ang pagbanggit ni Solomon ng, “ang babaeng ito, ang Nobya.” Oh, kailangan na nating laktawan ito; tumatanghali na nang husto, kita n’yo. Babalikan ko ito, muli. “Nang sinisikap niyang makamtan ito, ngunit ito’y naipagkasundo na sa isang binatang pastol.” Inakala marahil ng iba na awit iyon na kanyang inawit. Oh, hindi. Si Solomon ang tagapagmana ng trono ni David, sa lupa, ngunit ipinakita na kailangang lumipas ang kahariang iyon. Iyon ay tipo ni Cristo na umiibig sa Nobya. Kita n’yo?

²⁹⁸ Pansinin n’yo na sinabi ni Jesus, sa Juan 14 ngayon, “aalis at maghahanda ng isang Lugar.”

²⁹⁹ Oh, anong magiging itsura niyon? Napag-isip-isip n’yo na ba ngayon, Nobya, kung anong magiging itsura niyon? Iyon ay inihanda at dinisenyo ng Makalangit na Arkitekto. Anong magiging itsura ng Bayan na iyon? Ngayon, pag-uusapan natin ang tungkol dito nang ilang minuto. Inihanda na iyon ng Makalangit na Arkitekto, dinisenyo iyon. At, tingnan n’yo, dinisenyo Niya iyon ng mga mapag-arugang kamay, para sa Kanyang sinisintang Nobya. Ano kaya ang magiging itsura niyon?

³⁰⁰ Mapagwawari n’yo ba ang isang lalaki, na may kaya, na pakakasalan ang isang mapapangasawang babae, kung papaano niya itinatayo at inilalagay ang lahat ng bagay nang eksakto sa panlasa nito, nang sadyang kung ano ang magugustuhan nito? Amen.

³⁰¹ Ngayon, dinisenyo ng Makalangit na Arkitekto ang Bagong Bayan, kung saan Siya maninirahan kasama ang Kanyang Nobya, ayon lamang sa panlasa Nito. Hindi kataka-taka na sinabi ng apostol, “Hindi nakita ng mata, hindi narinig ng tainga, o ni hindi kailanman pumasok sa puso ng tao.” Tingnan

natin kung magagawa nating suriing maigi iyon sa ilang sandali lamang, alamin kung ano ang magiging itsura niyon.

³⁰² Dinisenyo ito ng Makalangit na Arkitekto para sa Kanyang Sinisinta. Kita n'yo? Oh, tiyak na napakagandang lugar niyon, kapag, ang Makalangit na Kalikasan, isang Makalangit na Arkitekto ang nagdisenyo niyon para sa isang Makalangit na katangian na Makalangit na itinalaga ng isang Makalangit na Diyos Na—Na Siyang may-akda ng Makalangit na Buhay! Anong magiging itsura ng Bayan na iyon! Isipin ninyo iyon.

³⁰³ Tandaan n'yo, hindi iyon ang Langit. Ang sabi ni Juan, “Nakita ko itong bumababa mula sa Langit.” Iyon ay pasasa ibabaw ng lupa. Kita n'yo?

³⁰⁴ Hindi na ang lupang ito ay mapaparam; ito'y natubos nang lupa. Hindi sinabi ng Diyos na magbabangon Siya ng isang bagong henerasyon; tutubusin Niya 'yung naririto na. Hindi Siya magbabangon ng isang panibagong henerasyon; tutubusin Niya 'yung naririto na. Hindi Siya gagawa ng bagong daigdig; ito na iyon mismo. Susunugin lamang Niya ito, lilinisin ito, katulad ng ginawa Niya sa inyo. Kailangang manatili magpakailanman ang Kanyang mga plano. Ngayon, tingnan n'yo, mangyayari 'yon.

³⁰⁵ Tandaan, hindi iyon magiging ang Langit. “Iyon ay bumababa mula sa Langit.” Iyon ay isang Dakong tahanan, isang Lugar upang panahanan, upang Kanyang panahanan. Katulad, noon ni Juan, doon sa Isla ng Patmos, dito sa Apocalipsis 21, nakita niya iyon na “bumababa.” Nakita ni Juan ang Bayang iyon, “na bumababang mula sa Langit,” katulad ng isang kalapati, katulad ng nakita niya.

³⁰⁶ Narito dumarating ang Diyos, bumababa sa Kanyang makalupang tabernakulo, na si Jesus, doon sa . . . “bumababang buhat sa Langit.” Si Jesus ay nabautismuhan, pagdaka'y umahon . . .

³⁰⁷ Noong makatagpo Niya ang propeta! “Ang Salita ay dumarating sa propeta.” At Siya ang Salita. At naroon nakatayo ang propetang iyon, na pinabubulaanan ang lahat ng kanilang denominasyon, lahat na. At, noong makita niya ang Salita, ang Salita ay lumapit mismo sa kanya.

³⁰⁸ At labis na nabigla ang propeta, sinabi niya, “Kinakailangan na ako'y Iyong bautismuhan. Bakit Ka pumaparito sa akin?”

³⁰⁹ Sinabi Niya, “Payagan mo ngayon, sapagkat ganyan ang nararapat sa atin (alam na natin ang mensahe) upang ganapin ang buong katuwiran. Ako ang Hain; kinakailangan Itong mahugasan.” Pinayagan Siya nito.

³¹⁰ Nang umahon Siya mula sa tubig, sinabi nito, “Nakita ko ang kalangitan na bumukas.” Nakita iyon ng naturang propeta. Nakita nito ang kalangitan na bumukas.

³¹¹ At naritong dumarating, bumababa buhat sa Langit, ang isang anyo ng isang Kalapati; at isang Tinig, na nagsasabi, “Ito ang Aking bahagi ng lupa na Aking tinubos, at mula sa bahaging ito ng lupa ay tutubusin Ko ang iba pang bahagi nito, sapagkat Siya ang Aking Salita na nahayag.” “At ang buong sanlibutan, binigkas Ko ito upang lumitaw sa pamamagitan ng Aking Salita,” Mga Hebreo 11. “At matagal nang hawak ito ni satanas hanggang sa ngayon, subalit naparito Ako upang tubusin ito. Malaking bahagi nito ang bumuo sa Kanyang katawan, at Ako’y pumaparito upang manahan dito.”

³¹² Sinabi ni Juan, “Nakita ko ang banal na Bayan, ang Bagong Jerusalem na bumababa buhat sa Langit, gaya ng isang Kasintahang Babae na nagagayakan para sa kanyang Asawang Lalaki.” At saan iyon lumapag? Katulad na katulad lamang ng ginawa nito roon; sa ibabaw ng lupa.

³¹³ Si Jesus ay bahagi ng lupang iyon na binabaan ng Espiritu Santo, (tama ba?) at nanatili sa Kanya magpakailanman. Hindi Siya kailanman maaaring iwanan Nito. Naroroon Ito palagi. Siya at ang Diyos ay Iisa. Kinakailangang laging manatiling ganoon!

³¹⁴ At kaya nga nakita ni Juan ang Bayang banal, ang Bagong Jerusalem, na bumababang katulad ng isang kometa, o isang— isang kalapati, bumababang buhat sa Langit at lumalapag sa ibabaw ng isang tinubos, na buong sangkalupaan, (upang gawin ang ano?) upang angkinin ang bawat katangian na dahilan na ginawa Niya ang lupa. Bawat lalaki na ikinatawan sa Walang Hanggan, at bawat babae, ay tinubos na sa oras na iyon. Siya ay ganap na nilinis at sinunog sa pamamagitan ng Apoy.

³¹⁵ Si Jesus, sa matinding pagtukso sa Kanya doon sa ilang, sa loob ng apatnapung araw. Pagkatapos niyon, pansinin, nahanda na iyon noon para sa Kanyang ministryo.

³¹⁶ Isipin n’yo iyon, ang Banal na Espiritu na bumababa sa lupa, si Jesus, at ang Dugong banal na iyon! Ngayon masdan n’yo, at umaasa akong hindi ako magiging gaanong malalim para sa inyo, kita n’yo. Ang Dugong banal na nilikha ng Diyos; ang Dugo, ang Buhay, ang nilalang ng Diyos. “Si Jesus ang pasimula ng paglalang ng Diyos.” Oh! Nauunawaan ba ninyo? Ang Diyos, na ginawa sa paglalang. Siya ay Espiritu. Sinabi ng Biblia, “Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos.” Papaano Siya nagpasimula? Sa sinapupunan ng isang babae. Na ano? Ang babae ay hindi . . .

³¹⁷ Katulad ng kung papaanong hindi makita nilang mga taong bulag ang “binhi” ng serpiyente dito mismo. Kita n’yo? Si Eba ay inilagay rito sa lupa, at, bago pa man siya nahipo ni satanas, o ng kung ano pa mang iba, sinabi sa kanila ng Diyos, “Magpakarami kayo at kalatan ang lupa.” Siyanga, ngunit pumapasok dito si satanas. At, kung anak iyon ni Adan, kung gayon saan . . .

318 Si Adan ay direktang angkan mula sa Diyos. At nakukuha lamang ninyo ang kalikasan ng inyong magulang.

319 At kapag kayo ay ipinanganak na muli, tataglayin ninyo ang Kalikasan ng inyong Magulang, sa Langit. At ang inyong Magulang sa Langit ay ang katangian ng Salita. . . O, ang Salita ang katangian ng inyong Magulang. Kung gayon, papaano ninyo Ito maitatwa, kapalit ng denominasyon? Oh, naku!

Umaasa akong hindi ninyo iyon mapalampas. Alam kong mula ito sa Diyos.

320 Si Jesus. Narito Siya ay dumarating, bumababa; at hayun na si Jesus, ang katangian ng Diyos.

321 Ngayon, “ang babae,” siya. Masdan n’yo. Sinabi ng Diyos, “Dahil sa ginawa nila ito,” sabi, “papag-aalitin Ko ang iyong Binhi at ang binhi ng serpiyente.” Tama ba? At wala namang anumang binhi ang babae. Naisip n’yo na ba iyon? Mayroon siyang punlaan, hindi binhi. Kita n’yo, inilagay na ng serpiyente ang kanyang “binhi” roon.

322 Kung gayon, kung walang binhi ang babae, kailangan niyang manatili para magka-Binhi.

323 Nakita n’yo, sa pamamagitan ng seksuwal na ugnayan dito, ay nagmula kay satanas, sa serpiyente, na hindi isang reptilya noon; may mga paa pa noon, dahil ang kanyang mga paa ay naalis sa kanya. Siya ang pinakatuso, ang tanging hayop na magagawang—magagawang makipag-ugnayan sa babae.

324 Hindi ’yun magagawa ng binhi ng isang hayop ha, at wala nang iba pa. Sinubukan na nila. Hindi na iyon pupuwede. Kita n’yo, ang binhi ng buhay mula sa isang lalaking hayop ay hindi makahahalo sa isang babaeng tao. Hindi iyon pupuwede.

325 Ngunit iyon ang pinakamalapit na bagay. Kita n’yo, hindi nila mahanap ang uri na iyon sa pagitan ng isang chimpanzee at ng isang tao. Kita n’yo, bawat isa, sa pag-unlad nito pataas, mula sa mga ibon, at paitaas patungo sa mga unggoy, at iba pa, hanggang sa chimpanzee, pagkatapos ay may isang “nawawala.” Iyon ay ang serpiyente, hindi isang ahas; bawat pagkakabalangkas ng anyo ay nawala na sa kanya, dahil isinumpa siya.

326 Ngayon, hindi isinumpa ng Diyos si Adan; puwede ring gawin ’yun sa kanya, ngunit isinumpa Niya ang lupa, “mga tinik at mga dawag.”

327 Hindi Niya isinumpa si Eba, ngunit sinabi na si Adan ang magiging “panginoon” niya. Mula ngayon, huwag na niyang subukan ang anumang pangangaral o kung ano man, si Adan na ang kanyang tagapangulo. “At sa lahat ng araw ng iyong buhay, at sa kalumbayan, at iluluwal mo ang iyong. . . buhay sa lupa.” Ngunit sinabi Niya, “Papag-aalitin Ko ang iyong Binhi. . .”

328 Ngayon, wala siyang anumang binhi, hindi siya kailanman nagkaroon, kaya, kailangan niyang tumanggap ng isang Binhi sa kung anong paraan. Binigyan siya ng Diyos ng isang Binhi, hindi sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayang seksuwal, kundi sa pamamagitan ng paglalang.

329 Hindi ba ninyo makita na mga taong bulag na iyon ang “binhi” ng serpiyente? Oh, naku! Nauna na roon si satanas bago si Adan; iyon ang “binhi.”

330 Ngunit tumanggap siya ng isang Binhi. Ano ba iyon? Ang Diyos Mismo. “Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos.”

331 Ngayon tingnan n’yo noong ipanganak si Seth, o si Abel, siya ay isang matuwid na tao, mula sa kanyang ama. Ganoon din si Seth.

332 Saan ba nagmula ang masamang lalaking iyon; na mamamatay-tao, sinungaling? Kita n’yo, kita n’yo ba kung saan iyon nagmula? Tiyak na iyon ay isang “binhi,” dahil isa siyang binhi; si Cain ay isang tao.

333 Oh, saan na ba naroroon ang mga taong bulag na iyon? “Binulag sila ng diyos ng sanlibutang ito.” Aba, hindi nakapagtataka, sinabi ni Jesus na walang sinumang makakakita niyon. Nakita n’yo na?

Sasabihin ninyo, “Bakit hindi nila makita iyon?”

334 Sinabi ni Jesus minsan, sa Kanyang alagad, “Ipinagkaloob sa inyo na malaman ang Kaharian ng Diyos, ngunit hindi sa kanila.”

335 At iyan ang dahilan na kayo ay nanggaling pa ng labinlimang daang milya kuwadrado, kita n’yo, “Ipinagkaloob sa inyo na malaman ang Kaharian.” Tingnan n’yo, nagsisiparito ang mga tao galing pa nga ng Timog Africa at kung saan-saan pa, sa huling oras na ito kung kailan ang Nobya ay nakahanda nang pumasok sa Kaharian.

Sadyang wala na akong sapat na panahon. Pansinin n’yo. Masdan n’yo ngayon, kita n’yo.

336 Ngayoy nakikita n’yo na ba ang “binhi” ng serpiyente roon, nakita n’yo na kung papaano niya ginawa iyon? Iyon ay tamang-tama, kita n’yo. Ngayon sinabi ng ilan sa kanila . . .

337 Ngayon, katulad nung lalaki noong isang araw doon sa Tucson, na pinipilit . . . Ah, baka makinig siya sa teyp na ito. Pero, kung ganoon nga, lalaki, may gusto akong sabihin sa iyo.

338 Nang sabihin niya, “Sinabi ni Eba,” dito sila pumupunta, “Nagkaanak ako ng lalaki sa tulong ng Panginoon, o ng isang lalaki mula sa Panginoon.” Aba, tiyak nga. Ang Diyos ay may batas.

339 Tingnan n’yo, kumuha kayo ng isang binhi at itanim iyon dito sa isang bukirin kung saan may trigo, at magtanim kayo ng

mga dawag doon. Wala akong pakialam, bubuhayin ng siya ring araw at ng siya ring ulan ang binhing iyon. May batas ang Diyos, at hindi puwedeng mabali ang batas na iyon.

³⁴⁰ Walang anuman sa akin kung ang isang—kung isang . . . ang pinaka walang-modo na babae sa siyudad at ang pinaka walang-modo na lalaki, at hindi kasal at lahat na, ay magkaroon ng isang—isang relasyon, at magsama at magkaanak; ang anak na iyon ay kailangang dumating sa pamamagitan ng batas ng Diyos, dahil wala nang iba pang paraan. Kung hindi, gagawin ninyong manlilikha si satanas, at kung gayon siya’y isang diyos. Oh, napakabulag ninyo! Kita n’yo, batas ng Diyos, siyanga.

³⁴¹ Kung magkaanak man kayo, walang anuman sa akin kung ’yun ay si Esau, si Jacob, sinuman ’yon, o kung sino mang taong may masamang reputasyon, kung iyon man ay si Judas, kailangang dumating ’yun sa pamamagitan ng Diyos. May batas ang Diyos.

³⁴² Ang sabi ng Biblia, “Ang araw ay sumisikat sa matuwid at sa di-matuwid; ang ulan ay bumabagsak sa matuwid at sa di- . . .” Sa ika-6 na kabanata ng Mga Hebreo, at sinasabi nito na, “Ang—ang ulan ay madalas na bumabagsak sa lupa, upang diligan ito, at ihanda ito para doon sa paglalaanan ng pagkakabungkal dito, alam n’yo na, para sa ikabubuhay; ngunit ang mga tinik at mga dawag ay nabubuhay sa iisang ulan, iisang sikat ng araw.” Sapagkat, batas iyon ng Diyos, na pahinugin ang bawat binhi, na papagbungahin ang bawat binhi ng sarili nito.

³⁴³ Kaya, kinailangang mamunga iyon ng “binhi” ng serpiyente. At iyon ay hindi—hindi kailanman nakahadlang sa Diyos; ginanap niyon ang Kanyang buong plano, ginawa Siya niyon na Manunubos. Dapat na halos makita na iyon ng sinumang bulag, maliban na lamang kung iyon ay ikinubli. “Ang diyos ng sanlibutan” ay ikinubli iyon sa inyo. Iyon ay kasing linaw ng anumang bagay na nakikita ninyo. Hayan na. Hayan ang inyong “binhi” ng serpiyente. Ngayon pansinin n’yo.

Ngunit, “Si Jesus ang pasimula ng paglalang ng Diyos.”

³⁴⁴ Ngayon ano ba’ng ginagawa ng babae? Gayong, nanggagaling ang punla sa lalaki. Ngayon pabubulaanan n’yo ba iyan? Walang buhay sa babae, man lamang. Mayroon lamang siyang munting itlog, na isang punlaan dito.

³⁴⁵ Katulad ng kumuha kayo ng isang bukirin at inararo iyon nang husto, at—at mag-isprey rito, at ispreyan ang lahat ng mga mikrobyo rito. At hindi—walang damo man o kahit ano ang maaaring tumubo rito; at pagkatapos ay lagyan ninyo muli ng pataba, maghasik ng ilang mabuting binhi roon. Kung dumating ang kaaway at maghasik ng ibang binhi, pahihinugin ng iisang batas ng Diyos ang parehong binhi.

³⁴⁶ Buweno, hindi ganun ang layunin ng Diyos, kita n’yo. Ngunit ano’ng nangyari?

³⁴⁷ Kita n'yo, ang punlay mula sa lalaki ang nagdadala ng hemoglobin, na siyang dugo. Sa dugo ay ang buhay. At kung kayo man ay . . . Napanood ko na iyon, sa pagpapalahi ng mga baka at ganoong mga bagay. Napanood na namin ni Kapatid na Shakarian iyon, at ang mga doktor at iba pa, pinanonood kung papaano iyon naisasagawa, ng mga chemist. Kita n'yo? At narito ang punlay mula sa babae, na isang kumpol ng mga itlog. Narito naman ang punlay mula sa lalaki, na isang kumpol ng mga semilya.

³⁴⁸ Wala *itong* katiting na binhi sa loob nito. Ito lamang ay isang nagawang produkto mula sa lalaki. Ganoon siya napunta rito, sa simula, at isa lamang siyang punlaan. May isang itlog; meron itong matabang lupa para sa buhay na ito. At ang buhay na ito ay papasok at gagapang. Mayroong hiwaga, kung papaano na . . .

³⁴⁹ “Marahil,” sasabihin n'yo, “buweno, ang unang magtatagpo. Ang iba pa sa kanila ay mamamatay.” Aba, papaano, sino ang magtatakda niyon? “Buweno, 'yung nauna.” Itong nasa unahan kaya; ang unang itlog sa unahan, at ang unang binhi? Hindi, hindi.

³⁵⁰ Maaaring isang itlog 'yun; na naroroon pa, sa pinakahulihan, sa gitna ng punlay, na lilitaw ang isang binhi at paroroon at katatagpuin iyon. Ipinapakita na may karunungan na nagtatakda kung iyon ay magiging pula ang buhok, itim ang buhok; kung iyon ba ay magiging maliit, malaki; lalaki o babae. Kita n'yo? Hindi ninyo, wala na kayong anumang magagawa tungkol dito; hindi iyon uubra. Maaari ninyo silang paghaluin, at lahat na, walang magagawang anumang kaibahan iyon. Ang Diyos ang nagtatakda niyon. At pagkaraan pa ng ilang sandali, isang munting binhi ang gagapang papasok sa punlaan na iyon, sa itlog. Isang may maliit na buntot, parang ganoon, dito, na umiikot-ikot; mahuhulog, at doon na magsisimula ang gulugod ng sanggol.

³⁵¹ Ano ang babae kung gayon? Wala siyang binhi. Mayroon siyang punlaan upang tanggapin ang binhi. Kaya ang . . .

³⁵² Kita n'yo, pumaroon ang kaaway. Habang naghahasik ang mabuting manghahasik, nagtatanim ng mabuting Binhi; at ang kaaway ay dumating sa likuran niya, na nagtatanim naman ng masamang binhi. “Datapuwat ang ulan ay bumabagsak sa matuwid at sa di-matuwid; ang araw.” Kailangang tumubo lahat iyon.

³⁵³ Sinabi ni Jesus, “Pabayaang ninyo silang tumubo nang sabay. Sa araw na iyon ay bibigkisin sila, ang mga panirang-damo.” At sila'y binibigkis na ngayon, sa malalaking organisasyon; patungo sa malaking bigkis ng, World Council of Churches. At ano ang wakas? Susunugin. Subalit ang butil ay dadalhin sa bangan. Kita n'yo? Gayong, pareho silang nabubuhay sa iisang bagay, iisang tubig, iisang ulan.

354 Ang isang punongkahoy na citrus, na isang—na isang puno ng orange, ay mamumunga, kinakailangan; mamumunga iyon doon, kung iniugpong ito roon, ng isang granada. Mamumunga iyon ng isang limón. Mamumunga iyon ng isang suha. Kita n'yo? Ngunit hindi iyon magiging orange, ngunit iyon ay nabubuhay mula sa iisang buhay na ibinibigay ng puno ng orange.

355 Ang mga denominasyon ay naiugpong doon sa Puno ng Ubas. Dahil, kung nag-aangkin silang “mga Cristiano,” nabubuhay nga sila sa pamamagitan niyon. Si Caifas ay ganoon; alam n'yo na kung ano siya noon, at gayon ma'y nagpropesiya pa nga siya. Kita n'yo? Kita n'yo, sila ay nabubuhay sa pamamagitan niyon.

356 Oh, sana'y magkaroon tayo ng isang linggo, para talagang mapag-aralan natin ang bagay na ito nang husto, at maipaliwanag ito nang husto sa inyo—na hindi ninyo malalampasang makita ito. Lalaktawan ko na ngayon ang ilan sa mga bagay na ito.

357 Ngayon masdan. Tingnan n'yo, dinisenyo ito ng mga kamay na iyon para sa Kanyang Minamahal na Nobya, nagdisenyo nang may magiliw na pag-ibig para sa Kanyang Nobya.

358 Alalahanin n'yo na bumaba ang Banal na Espiritu kay Jesus, na, si Jesus ay bahagi ng lupa. Bakit? Ang binhi ng Diyos, ang Buhay ng Diyos, ay inanyuan sa sinapupunan ng isang babae (tama ba?), na siyang lupa. Buweno. At pagkatapos ay pumasok ang Buhay ng Diyos, kaya, “Siya ang pasimula ng paglalang ng Diyos.” Kita n'yo? At pagkatapos ang Dugong iyon ng Diyos, na naroroon sa pamamagitan ng binhing iyon; nang iyon ay nabubo sa Kalbaryo, bumuhos pabalik sa ibabaw ng lupa. Para ano? Upang tubusin ang lupa. Ngayon, ito'y naaring-ganap na; ito'y binanal na; tinawag na, at inangkin na; at ngayo'y tatanggapin na nito ang bautismo ng Apoy, at lilinisin para kay Jesus at sa Kanyang Nobya.

359 At kayo itong iba pang mga bahagi na hinango mula sa lupang ito. Ang lupa, kayo'y bahagi ng lupa; ang inyong katawan. Ang inyong kaluluwa ay bahagi ng Diyos, isang katangian ng Diyos, na nakikita rito sa lupa sa isang katawan. Ang katawan ay tutubusin.

360 Ngayon, tinubos ang kaluluwa, dahil ito'y nasa kasalanan. Kaya bumaba ang Diyos, sa pamamagitan ng isang proseso ng pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu, at tinubos ang inyong kaluluwa.

361 At kayo, bilang bahagi ng lupa, ito'y natubos sa pamamagitan niyon. Nasa proseso na kayo ngayon. Ito'y patuloy na lumalago. Ang inyong katawan ay inaring-ganap sa ilalim ng bautismo noon ni Noe. Amen! At, ang inyong laman, nang pumatak Iyon doon. At ang lupa ay lilinisin sa pamamagitan ng Apoy, ang lugar na pananahanan ninyo, sa pamamagitan ng

bautismo ng Banal na Espiritu; isang Dakong tahanan para kay Cristo at sa Kanyang Nobya, ang Bagong Jerusalem.

³⁶² Masdan n'yo ang Bayan na ito; sa lupa, na tataan sa lupa. Ngayoy malinaw na ninyong nakikita gaya nga ng sinabi ko, ang . . . ang pagbabagong ito, kailangang mabago ang lupa. Hindi nito maaaring taglayin Ito nang ganito. Hindi makapagpapatuloy ang iglesya . . . O, hindi makapagpapatuloy ang sanlibutan, pagkatapos ng Milenyum, nang hindi nababago. Kita n'yo? Upang magkaroon ng ganoong Lugar dito, kailangan nitong mabago.

³⁶³ Katulad lamang ng, kailangan tayong mabago sa pamamagitan ng Kanyang banal na Apoy, upang ikundisyon at gumawa ng isang lugar para sa Kanya upang mapaglagyan sa loob natin; iyon ay, ang Banal na Espiritu.

³⁶⁴ Pansinin n'yo ngayon, magiging maluwang ang Bagong Lupa. Uh-huh. Kita n'yo, maluwang! Ito'y babaguhin, totoo 'yon, sa pamamagitan ng Apoy, ngunit wala nang dagat. Pansinin, ang Bayang iyon ay labinlimang daang milya kuwadrado.

³⁶⁵ Ngayon makinig kayong maigi habang iginuguhit natin ang mga sukat na ito. Gusto kong burahin ang pisara, sandali lamang. [Binubura ni Kapatid na Branham ang mga naunang pagsasalawanan—Pat.]

³⁶⁶ Narito ang isang malalim na kapahayagan mula sa Diyos. Narito, hihinto lamang ako rito. Wala dito sa ibang . . . Tatalakayin ko ang iba pa nito, kung loloobin ng Panginoon.

³⁶⁷ Pansinin n'yo na ngayon ang lupa ay . . . Buweno, buksan n'yo roon sa Aklat ng Apocalipsis, makikita ninyo kung papaano niya sinukat iyon sa mga siko at sa mga estadio. Dalawampu't tatlong daang . . . Kaya ngayon ay napag-alaman natin na ang—ang naturang Bayan ay may sukat, na “labinlimang daang milya” kuwadrado.

³⁶⁸ Alam n'yo ba kung gaano kalayo ang maaabot niyon? Sinukat ko iyon, nitong linggong ito. Aabot iyon ng mula sa Maine hanggang sa Florida, at mula sa silanganang karagatan hanggang sa anim na raang milya na lampas pa, sa kanluran ng Mississippi. Sa ibang salita, kalahati ng Estados Unidos, para lang sa Bayang iyon.

Sasabihin ninyo, “Walang sapat na lugar.”

³⁶⁹ Kapag wala nang dagat ay magkakaroon na, dahil halos apat na kalimang bahagi nito ay nasa tubig. Tama ba? Patutuyuin ng pagsabog ang dagat, pabubugahin ang lupa. Oh, naku! Tandaan, labinlimang daang milya kuwadrado, napakalaking Bayan! At, subalit, tandaan, wala nang dagat.

³⁷⁰ “At ang lapad at ang taas ay magkapareho.” Kung ganoon labinlimang daang milya *paganito*, labinlimang daang milya

paganoon; labinlimang daang milya; ang haba ng luwang pataas. Labinlimang daang milya, isipin n'yo iyon, na malinaw na ginto. At ang naturang Bayan ay mayroong pader sa palibot niyon.

³⁷¹ Ngayon, ngayon, hindi naman ibig sabihin na, sa pagiging magkakasukat. . . Ang sabi, "At ang mga pader at ang saligan ay magkakasukat," hindi naman ibig sabihin nun na isa iyong blokeng pakuwadrado o kaya parisukat. May isa pang heograpikal na sukat, na ang mga sukat ay magkakapareho, 'yan ay, isang piramide. Parisukat, "ang pagkatayo ay parisukat," at ang mga pader ay magkakapareho.

³⁷² Hayaang iguhit ko iyon. [Gumuguhit si Kapatid na Branham ng mga pagsasalalarawan sa pisara—Pat.] Kita n'yo: haba, luwang, taas. Tayo'y tutungo na sa isang bagay, na kasing tiyak ng mundo. Kita n'yo? Pansinin n'yo, ang mga sukat ng anggulong *ito* ay magkaparehong-magkapareho, lahat ng mga ito, ang haba sa—sa taas. Hayan ang isa pang sukat, ang piramide, pinatutunayan niyan iyon.

³⁷³ Ito, sa pagiging ganito, ay tumpak na tumutugon sa tanda ni Enoc sa Egipto, ang piramide. Tumutugon nga ba? Si Enoc, bago pa ang paggunaw sa pamamagitan ng baha, noong papasok na sa pag-aaring-ganap, nagdala siya ng isang tanda, at sa loob ng piramideng ito ay may pitong baitang patungo sa silid ng hari. Masdan n'yo ang ikapitong baitang, kung inyong napag-aralan na ang mga sukat ng piramide, 'yung lumalabas para sumalubong doon sa paparating, upang iharap sa hari. Masdan n'yo kung kaninong puwesto ang naroroon, at makikita ninyo ang panahon na inyong kinabubuhayan, sa piramide.

³⁷⁴ Ngayon, gumawa ang Diyos ng tatlong Biblia. Ngayon, may isang katuruan tungkol sa piramide na wala namang kabuluhan, subalit mayroong tunay na piramide. Kita n'yo? Pansinin n'yo. Ngayon, ang Diyos, ang unang Biblia. . . Gumawa Siya ng tatlo. Kinakailangang ang lahat ng bagay ay nasa tatlo.

³⁷⁵ Paparito si Jesus nang tatlong beses. Dumating, minsan, upang tubusin ang Kanyang Nobya; susunod na pagkakataon, ay upang kunin ang Kanyang Nobya; susunod na namang pagkakataon, ay kasama na ang Kanyang Nobya. Kita n'yo?

³⁷⁶ Pansinin n'yo ngayon kung gaano kaganda. Kita n'yo? At sa piramideng ito ay may pitong baitang, at pagkatapos ay ang silid na ng hari. At tayo'y nasa ikapitong kapanahunan na ng iglesya, bago maupo ang Hari sa Kanyang Trono. At, tandaan, ang piramide kailanman ay hindi nagkaroon ng batong-panakip sa ibabaw niyon.

³⁷⁷ Ang unang Biblia ng Diyos ay nasa kalangitan, ang Zodiac; nagsimula iyon at sumubaybay sa bawat kapanahunan. Ang una, ang pasimula ng Zodiac, ay isang birhen; ganoong paraan Siya pumarito, noong una. Ang huling anyo sa Zodiac ay ang Leo na leon; ang ikalawang Pagparito. Bago lamang iyon ay may

magkabalagbag na isda, na siyang kapanahunang kanser; na ating kinabubuhayan ngayon.

³⁷⁸ Mayroong piramide pagkatapos niyon, si Enoc, na nagpatotoo nang tugmang-tugma. Wala na tayong oras para matalakay iyon nang detalyado, ngunit, balang araw, sa tulong ng Diyos, ipapakita ko sa inyo, kung paanong sadyang iginuguhit nang eksakto ang sukat ng panahon na ating kinabubuhayan. Kita n'yo?

³⁷⁹ Pansinin n'yo, ngunit ang sukat na ito na ayon sa heograpiya ngayon na mayroon tayo, na magkakapareho ang mga sukat, hindi nangangahulugan na iyon ay dapat na isang—isang blokeng pakuwadrado. Pansinin n'yo, katugma ito ng sa Egipto . . . o ng tanda ni Enoc sa Egipto.

³⁸⁰ Sa panahon ng pagdadalisay sa lupa, sa bautismo nito ng Apoy, magkakaroon ng pagsabog ng bulkan, na gaya ng pagsabog ng lupang ito, at itutulak paitaas ang isang anyong-piramide na Bundok. Kita n'yo? Maluwang ang lugar para magawa iyon! Ang buong bagay na ito ay mababago. Ang buong ibabaw ay mababago. Naunawaan n'yo ba iyon? Itutulak niyon pataas ang isang anyong-piramide na Bundok.

³⁸¹ Ito ay totoong magiging ayon sa Salita kung gagawin nito iyon, na gagawin nga nito. Ngayon pansinin n'yo, sapagkat, sa Isaias 65:25, kung saan kababasa pa lamang natin, sinabi Niya.

Sila'y hindi mananakit o magpapahamak man sa aking buong banal na bundok, sabi ng PANGINOON.

³⁸² Oh! “Sa Aking buong banal na Bundok!” Tandaan n'yo, iyon ay palaging isang “Bundok.”

³⁸³ Kung ang mga pader ay diretsong pataas-at-pababa, ang Bayang iyon ay makikita lamang mula sa labas . . . o mula sa loob, ang Trono ay makikita lamang mula sa loob; ngunit pansinin n'yo makikita lamang iyon mula sa loob.

Ngunit ngayon ay nakikita na natin ang pangako ng Isaias 4:5. Basahin lamang natin iyon.

³⁸⁴ Nagmamadali ba kayo? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Hindi, huwag kayong magmadali ngayon. Tayo—tayo—tayo'y patungo na sa—sa isang natatanging bagay ngayon, napakalaking—napakalaki ng—ng panahon na kailangan ninyong maunawaan mismo rito. Dahil, gusto kong liwanagin ito. At pagkatapos kapag binalikan na natin ito muli, aking—ipapakita ko na sa inyo sa pagkakataong iyon kung saan tayo—kung saan ang pinag-uusapan natin, kung ano, sa ating susunod na pag-aaral tungkol dito, sa ibang pagkakataon.

³⁸⁵ Oh, purihin ang Panginoong Jesus! Masdan ninyo rito, kung papaanong hindi maaaring mabigo ang mga Salita. Ngayon masdan ninyo rito sa Isaias. Isinulat ko iyon dito, kung makikita ko uli iyon, sandali lamang. Isaias 4:5. Ngayon pakinggan n'yo,

sinasabi niya ang tungkol sa Pagparito ng Panginoon, kung papaanong magiging napakaimoral na ng mga kababaihan. Oh, ang sabi niya, “Pitong babae . . .” Makinig kayo. Basahin lamang natin iyon. Tumingin kayo rito.

At pitong babae ay magsisihawak sa isang lalake sa araw na yaon, na mangagsasabi, Kami’y magsisikain ng aming sariling tinapay, . . . mangagsusuot ng aming sariling kasuotan: tawagin lamang kami sa iyong pangalan, alisin mo ang aming kadustaan.

³⁸⁶ Iyon na ang huling panahon, kung saan na tayo nabubuhay ngayon; pag-aasawa, diborsiyo, at prostitusyon, at kung anu-ano pa.

Sa araw na yaon ay magiging maganda at maluwalhati ang sanga ng PANGINOON, . . . ang bunga ng lupain ay magiging magaling at mainam . . . sa kanilang mga . . . taga Israel na nangakatanan. (Kung papaanong natakasan ninyo ang lahat ng sumpa na iyon! Kita n’yo?)

At mangyayari, na siyang naiwan sa Sion, at siya na nalabi sa Jerusalem, tatawaging . . . (Tingnan natin.) . . . sa Jerusalem, tatawaging banal, sa makatuwid baga’y bawa’t nasusulat sa mga nabubuhay sa Jerusalem, kita n’yo:

Kung saan huhugasan ng Panginoon ang karumihan ng anak na babae ng Sion, (tandaan n’yo, iyon palagi ay ang Nobya, kita n’yo) . . . at dadalisayin ang dugo ng Jerusalem (iyon naman ang nalabi sa mga Judio, saka ang Nobya, kita n’yo) . . . at sa gitna ng bayan na may bisa ng kahatulan, apoy . . .

³⁸⁷ Iyon palagi ang kahatulan ng Diyos, kapagka gagawin na Niya ang Kanyang panghuling kahatulan. Tinawag kayo, inaaring-ganap kayo, at dinadala kayo sa pagtutubos; pagkatapos ay darating sa inyo ang Kanyang kahatulan, at lilinisin ng Banal na Espiritu at Apoy ang kasalanan. Pagkatapos ay pagmamay-ari na Niya kayo.

³⁸⁸ Ganoon din ang gagawin Niya sa lupa, kapag nilinis na Niya ito sa pamamagitan ng Apoy, “at sa pamamagitan ng bisa ng pagsusunog.” Ngayon tingnan n’yo. Makinig kayo! Handa na ba kayo?

At ang PANGINOON ay lilikha sa itaas ng buong tahanan ng bundok ng Sion, at sa itaas ng kaniyang kapulungan, ng isang ulap na usok sa araw, at isang liwanag ng . . . apoy sa gabi: sapagka’t sa itaas ng lahat ng kaluwalhatian ay magkakaroon ng isang kubong na kayo.

³⁸⁹ [Nagsasalarawan sa pisara si Kapatid na Branham—Pat.] “Ang Panginoon, sa araw na yaon, sa ibabaw niyon, ay lilikha ng isang Apoy ng Liwanag upang magliwanag sa araw.” At nagpatuloy pa ito at ang sabi, “Iyon ay magiging isang silungan, isang kapahingahan, isang kanlungan.” Pansinin n’yo, pinapaging eksakto ito sa sinasabi ng Biblia, eksaktong-eksakto. Kung ang mga pader ay tuwid pataas-at-pababa, hindi ninyo makikita iyon. Kailangang nakapahilig iyon. “Sa Aking buong banal na Bundok ay...” “Lilikhain Niya ang Liwanag na ito sa ibabaw ng Bundok na ito, at iyon ay magiging isang pananggalang.” Oh, inaawit natin ang awiting iyon:

Oh, ang Bayan na iyon sa Bundok ng Sion,
 Bilang isang manlalakbay, gayunma’y mahal
 ko pa rin ito;
 Ngayon at sa lahat ng mga kapanahunang
 iyon,
 Kapag narating ko na ang Bayan na iyon na
 nasa ibabaw ng Bundok. Kita n’yo?

³⁹⁰ Pansinin n’yo, sa Bundok Sinai ay kung saan bumaba ang Diyos sa ibabaw niyon, noong mangusap Siya sa Israel sa isang Haliging Apoy. Bumaba Siya sa ibabaw ng isang bundok, ang Bundok Sinai.

³⁹¹ Sa ibabaw ng Bundok ng Pagbabagong-Anyo, noong ipinahayag Niyang, “Ito ang sinisinta Kong Anak; Siya ang inyong pakinggan,” bumaba Siya sa isang Haliging Apoy at nagniningning na kaliwanagan, sa ibabaw ng naturang bundok, sa harapan nina Pedro, Santiago, at Juan. At, doon, Siya ay naipakita na kasama pareho sina Moises at Elias; ang nailipat, at ang binuhay galing sa mga patay. Luwalhati!

³⁹² Ang Bagong Bayan at ang Bagong Lupa; ang bagong nilalang; ang Bayan sa ibabaw ng Bundok, na nasa itaas niyon ang Trono. [Gumuguhit ng mga pagsasalarawan si Kapatid na Branham sa pisara, para sa sumusunod na ilang mga talata—Pat.] Ang Trono sa dako *rito*, sa itaas; at ang mga naninirahan, akyat-panaog lahat, sa Bundok na ito.

³⁹³ At ang pader na nasa palibot nito, ay may labindalawang saligan. At ang bawat isa sa mga iyon ay mayroong bato sa dibdib na na kay Aaron noon, na kumakatawan sa labindalawang angkan ng Israel.

³⁹⁴ At, sa mga pintuan, mayroon silang apat na pintuan na inilagay na sadyang katulad na katulad ng templo roon sa ilang, katulad ng tolda noon sa ilang. Pansinin n’yo na ang bawat isa, ay mayroong—mayroong mga apostol, tatlo sa bawat panig, labindalawang apostol. Bawat isa... At iyon ay isandaan at apatnapu’t apat na siko kataas. Ang isandaan at apatnapu’t apat na siko ay eksaktong dalawandaan at labing-anim na talampakan, tinataya na ang bawat isa sa malalaking batong

iyon ay halos dalawampung talampakan kataas, ang pektoral sa pintuang iyon, na bumubuo sa pader na iyon na nakapalibot sa naturang Bayan.

³⁹⁵ Ngayon iyon, ang Bayan, ay hindi nakapatong sa ibabaw ng pader, dahil ang isang bayan, na labinlimang daang milya, ay hindi magagawa ang ganoon. Iyon ay ang pader *dito* na inyong papasukan, katulad ng mga pintuan ng dating Jerusalem. Pumapasok kayo sa pader, papasok doon.

³⁹⁶ At bawat isa sa mga ito, ay mayroong labindalawang saligan, at ang bawat isa ay mayroong esmeralda at ang iba't iba pang mga bato, na kumakatawan sa labindalawang angkan ng Israel.

³⁹⁷ At ang mga apostol, bawat isa, sa itaas ng malaking iyon, na isang purong-perlas na pintuan, ay nakalagay ang pangalan ng isang apostol. At hindi ba't sinabi ni Jesus, "Mauupo kayo sa labindalawang trono, na hinahatulan ang labindalawang angkan ng Israel"? Sino ang nakaupo sa may pintuan, upang humatol, kapagka pumasok na sila sa Bayan? Oh, naku! Hayan na. Ang mga hari sa lupa na pumapasok sa naturang Bayan, ay haharap sa apostol na hukom, gaya ng ipinangako ni Jesus. Oh, naku!

³⁹⁸ Sa Tronong ito, sa ibabaw nito, na labinlimang daang milya kataas, ay makikita ng buong sanlibutan ang Ilaw ng sanlibutan, si Jesus, na nakaupo sa Trono sa ituktok ng mundo, ituktok ng Iglesya, sa ituktok ng Bundok ng Sion; na labinlimang daang milya, kalahati ng sukat ng Estados Unidos, at direktso pataas hanggang sa makita n'yo Siya sa buong mundo, labinlimang daang milya kataas.

³⁹⁹ At akyat-baba *rito*, ay ang mga Tinubos. Naroroon ang mga bahay na purong ginto. Magkakaroon ng malalaking lansangan, at mga parke, at mga hardin. At ang Ilog ng Buhay ay nagmumula, dumadaloy mula sa Trono, at umaagos pababa sa maliliit na mga daluyan at, oh, doon sa mga baita-baitang. At ang Punongkahoy ng Buhay ay mamumulaklak sa bawat bakuran; at magbubunga ng mga Bunga Nito, labindalawang beses sa isang taon, bagong bunga bawat buwan.

⁴⁰⁰ At ang mga hari sa lupa ay magsisiparoon at dadalhin ang kanilang parangal. "At ang mga dahon ay para sa kagalingan ng mga bansa," kapag ang mga hari ay namumuhay na nang payapa roon. Kapag sila'y lalabas, pipitas sila ng isang puno, ng isang dahon katulad *niyan*. Katulad ng kalapati na bumalik, na humupa na ang poot ng Diyos, at dinala 'yung dahong holly sa loob ng daong. Kaya kapag humayo na ang hari, sa pagdadala ng kanyang pagluwalhati doon sa silid ng Nobya dito sa loob ng Bayan, ipapakita niya ang isang dahon sa kanyang kapuwa hari, at, "Tayo'y nasa kapayapaan na magpakailanman." Amen! Kagalingan ng mga bansa! "Naayos na ang lahat. Minsan ay naglaban-laban tayo para sa mga dugo ng isa't isa, kapatid.

At tayo'y nagtangi, at humiyaw; at namaril, at nanunog ng mga bata, lahat na. Ngunit ngayon may kapayapaan na, ang kagalingan." Hindi kagalingan ng sakit; tapos nang lahat iyon. Kagalingan ng bansa! Amen!

⁴⁰¹ Bayan na nasa itaas ang Trono. Apocalipsis 21:23, "At hindi sila mangangailangan ng ilaw, sapagkat ang Kordero at ang Panginoong Diyos ay siyang Ilaw roon." Kita n'yo? Ang Panginoong Diyos ay ang Haliging Apoy na iyon na sumunod sa mga anak ng Israel sa ilang. At Siya ay umakyat na sa Trono, doon sa sakdal na Kahariang iyon. . . kapag ang panahon. . . "ang Kaharian ay ibibigay na ni Jesus sa Ama, upang ang Diyos ay maging lahat, at sa lahat." Mauupo si Jesus sa Kanyang Trono rito, bilang ating Joseph. At ang Hari ay ang Ilaw na iyon na paroroon sa itaas ng Bundok Sion, at pupunuin ng Kanyang banal na Ilaw ang naturang buong Bayan. Hallelujah!

⁴⁰² Labinlimang daang milya kataas, at labinlimang daang milya kuwadrado, na ang mga paraiso ng Diyos ay naitayo sa buong Bayang iyon; mga lansangan, maluluwang na daan! Basahin ninyo ang inyong Apocalipsis 21, tingnan n'yo kung hindi nga ba 'yon tama. Kita n'yo, "Hindi nila kailangan ang ilaw roon, sapagkat ang Kordero ang siyang Ilaw." At sa ibabaw ng Trono ay makikita, na nakalagay, labinlimang daang milya.

⁴⁰³ Hindi iyon tumatayong direktso pataas nang *paganito*. Iyon ay nakapahilig, katulad ng piramide. Kung kalahati ang luwang niyon, kung ganun iyon ay magiging pataas nang *paganito*, nakita n'yo, mula sa isang bayan patungo sa isa pa. . . ngayon kung inyong mapapansin, mula sa isang panig ng naturang Bayan patungo doon sa isa pa.

⁴⁰⁴ Puwede ko pa kayong bigyan ng kaunting pagtanaw rito kung gusto n'yo. Napansin ba ninyo ang maliit na grupo rito? Nasa mga ganoon lamang na bahagi iyon, isang palibot ang saklaw nun. Georgia, California, hanggang sa Saskatchewan; mula sa Kansas, hanggang sa mabatong hangganan na baybayin ng Maine; ganoon ang sakop nito. Mga ganoon ang ikinakatawan nito mismo, mga labinlimang daang milya kuwadrado.

Oh, sila'y galing sa Silangan at Kanluran,
Sila'y galing sa malayong lupain;
Upang makipagdiwang sa ating Hari; upang
kumain. . . (Sa ano? "Ang tao'y hindi
nabubuhay sa tinapay lamang." Sa Tinapay,
Salita!) . . . upang maghapunan bilang
Kanyang mga panauhin;
Napakapalad ng mga manlalakbay na ito!

Sa mundo, masasabi kong, hindi pa ako nakakita ng mga taong katulad nila.

Oh, minamasdan ang Kanyang banal na mukha

Nagniningning sa Banal na Liwanag;
Pinagpalang nagsitanggap ng Kanyang biyaya,
Bilang mga hiyas na magsisikislap sa Kanyang korona.

Oh, si Jesus ay malapit nang dumating,
Ang ating mga kabagabagan sa sandaling iyon ay matatapos na.

Oh, paano kung ang ating Panginoon sa sandaling ito ay dumating na?

⁴⁰⁵ Hindi na magtatagal pa. Ang lahat na ng bagay ay talagang tugmang-tugma. Ayon sa heograpiya, ang Sodoma, ang mga mensahero; ang lahat ng bagay nakapuwesto na nang tamang-tama. Kita n'yo? Ano'ng ibig sabihin nito? Isipin lamang ninyo, darating sa isang maliit na tabernakulong ito, labinlimang daang milya kuwadrado, mula sa ganoon ding sukat.

⁴⁰⁶ Bakit ba labis na inaalala at pinagmamalalakitan ng Diyos ang maliit na lugar na iyon ng Palestina, kita n'yo, gayong maliit lamang iyon na dako? Subalit doon mismo nakalagay ang templo. Doon lilitaw ang Bagong Jerusalem, doon mismo. "Ang Olivo, ang Bundok ng Olivo ay mahahati, mahahati nang pakanan at pakaliwa," siyanga, kapag tumulak na siya paitaas mula sa ilalim. Hindi, ang sabi nila, na nahahati raw ito nang *paganito*. Iyon ay tutulak pataas, "Sa araw na yaon kapag itinuntong na Niya ang Kanyang mga banal na paa sa ibabaw ng Bundok na iyon." Pansinin n'yo, sa Kanyang Trono, labinlimang daang milya kataas!

⁴⁰⁷ Alalahanin n'yo, sinubukan Siyang tuksuhin ni satanas, minsan, sa itaas ng isang bundok. Kita n'yo?

⁴⁰⁸ Ang Bagong Bayan na iyon ay may labindalawang saligan, gaya ng natalakay na natin, labindalawang patriarka; isandaan at apatnapu't apat na siko; bilang ang pektoral ni Aaron; labindalawang pintuan na perlas, pangalan ng labindalawang alagad.

⁴⁰⁹ Si Jesus ay tatayo, ang Pangulong-Bato, sa Trono, kapagka pinutungan na Siya ng Kanyang mga banal bilang, "ang Hari ng mga hari, ang Panginoon ng mga panginoon." At Siya ang Pangulong-Bato.

⁴¹⁰ Hindi ko dala ang aking pitaka. Ngunit kung inyong mapapansin sa inyong pitaka, kung mayroon kayong isang dolyar na papel, mayroon silang tatak ng Estados Unidos; isang agila sa isang dulo, na hawak ang mga sibat, ang eskudo de armas, parang ganoon; at sa kabilang dulo naman, mayroon itong piramide, na may isang matang nakakakita-sa-lahat sa itaas nito. Kita n'yo, hindi nila nalalaman noon kung ano ang ginagawa nila. At doon ay nakasulat sa Latin, at makikita ninyo

na sinasabi nito iyon, na ito ay “ang dakilang tatak.” Hindi nila noon nalalaman ang kanilang ginagawa. Ni hindi rin alam ni Caifas noon na siya ay nagpropropesiya.

⁴¹¹ [Nagsasalarawan si Kapatid na Branham sa pisara—Pat.] Hayan ang Dakilang Tatak. *Heto* iyon, kita n’yo, ang Bayan. Hindi lamang iyon isang patag na blokeng pakuwadrado katulad *nito*, kita n’yo, kundi nakapahilig iyon pataas para makita. At sa ibabaw ng banal na Bundok na ito ng Panginoon, ay bababa ang Panginoon sa ibabaw ng Kanyang Bundok; *narito* Siya. Iyan ang dahilan kaya hindi inilagay noon ni Enoc ang batong-panakip. Kita n’yo? Iyan ang dahilan na darating na ngayon ang Batong-Panakip. At ang naturang Bundok ay itutulak pataas, at iyon ay magiging ang Bundok ng Panginoon.

⁴¹² At *dito* tahanan ang mga Tinubos. *Ang mga ito*, ang mga malalaking lansangan at maluluwang na daanan, katulad niyon, mga parke, at ang Ilog ng Buhay ay dadaloy, aagos patawid doon mismo. At ang bawat bahay ay magiging gawa sa malinaw na ginto. At ang mga kalye ay magiging gawa sa ginto. At naroroon ang mga punongkahoy ng Buhay, at magbubunga ng labindalawang uri ng bunga. At ang mga hari at ang mga kinikilalang tao ng mundo ay dadalhin ang kanilang papuri at pagluwalhati sa mga pintuan. At hindi isasara ang mga pintuan sa gabi, dahil walang gabi roon.

Sa Bayang iyon kung saan ang Kordero ang
siyang Ilaw,
Sa Bayang iyon na hindi dumarating ang gabi;
Mayroon akong tahanan doon, na wala nang
hirap at kabalisahan,
Oh, ako’y paroroon kung saan ang Ilaw ay ang
Kordero.

⁴¹³ Hindi ba ninyo nakikita na ang mga bayan, ang mga siyudad, ang mga kabahayan, ang mga tirahan, ay—ay nangungusap niyon sa ngayon mismo? Lahat nitong mga natural na bagay ay anino.

⁴¹⁴ Ipagpapahimbawa n’yo ang isang anino, doon sa malayo, katulad ng kamay ko. Bago magkaroon ng isang—isang positibo. . . o isang negatibo, kailangan mayroon munang isang positibo. At, makikita n’yo, na ang aninong iyon, para bang mayroon akong isang dosenang daliri, ngunit kapag pinaglalapit n’yo na ito, ito—ito ay humahantong sa iisa, at pagkatapos ay mapapawi na ang anino patungo sa kamay.

⁴¹⁵ At ’yan ay, maraming pagkakataon, iniisip ng mga tao na may tatlo o apat na Diyos. Napakalayo ng tinitingnan ninyo pabalik pa roon sa mga naunang repormasyon. Kita n’yo? Pumarito na kayo ngayon at, makikita ninyo, tutukan hanggang sa may lisa na lang. Tumpak nga.

416 Mayroong isang Nobya; hindi isang dosena, na mga denominasyon. Kundi isang Nobya, iyon ang mga Hinirang, mula sa bawat . . . mula sa—mula sa lupa na itinalaga rito, 'yung mga nakakakilala ng kanilang lugar sa Kaharian.

417 Sa Tronong ito, tingnan n'yo, napakataas! Ang Bagong Bayan; na may mga saligan; labindalawang pintuan; si Jesus, ang Pangulong-Bato; ang mga apostol, na humahatol; ang labindalawang angkan.

418 Ang piramide ni Enoc ay hindi nagkakaanino sa anumang oras ng araw. Nakapunta na ako sa Egipto, sa mga piramide. Talagang eksakto ang pagkakalagay niyon ayon sa heograpiya, at sa mga sukat nitong dakilang anyong heometrikal; na, kahit saan man naroon ang araw, ay wala kailanmang anino sa palibot ng piramide. Nakikita n'yo na ba kung papaano iyon?

419 At hindi na kailanman gagabi roon. Siya sa itaas ng Bundok, ay inaapawan iyon ng Kanyang kaluwalhatian. Ang Kanyang Kaluwalhatiag Liwanag ay naroroon sa lahat ng oras. Hindi na gagabi roon. Si Jesus, ang Pangulong-Bato!

420 Ngayon pansinin n'yo. Sa gayon, ang mga Tinubos ay lalakad sa Liwanag. Inaawit natin ngayon, "Lalakad tayo sa Liwanag, ang magandang Liwanag na iyon." Mayroong bagay sa loob natin na tumatawag. "Lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan." Dahil naghihintay na iyon. Kita n'yo? Iyon ang kung ano ang katangian, ang nararamdaman natin.

421 Tunay nga, na ito ay . . . Handa na ba kayo? Ito ang Bayan na hinahanap noon ni Abraham. Kita n'yo? Bilang isang propeta, alam niya na ang Bayan na iyon ay nasa kung saan. Sinabi iyon ng Biblia. At nilisan niya ang bayan na tinitirhan niya, at pumaroon siya; tingnan niyo kung saan siya pumunta, doon mismo kung saan iyon malalagay. Kita n'yo? "Naghanap siya ng isang Bayan na Ang nagtayo at gumawa ay ang Diyos," kita n'yo, bilang isang propeta.

422 Si Jesus ay lumisan upang maghanda, sa pamamagitan ng mga kamay na Makalangit, ng isang Makalangit na Bayan; Makalangit na Arkitekto, para sa isang Makalangit-na-nabiling mga tao, para sa itinalagang mga tao. Siya ay lumisan upang maghanda.

423 Hinahanap iyon noon ni Abraham. "At siya ay nagsabi na siya ay isang manlalakbay at isang dayuhan, sapagkat hinahanap niya ang isang Bayan na Ang nagtayo at gumawa ay ang Diyos." Ang propetang iyon, na nalalaman na iyon ay nasa kung saan! Nakita iyon ni Juan na bumababa, ngunit inakala ni Abraham na iyon ay nasa ibabaw na ng lupa noong panahong iyon. Bakit? Nakatagpo niya si Melquisedec, ang Hari niyon, at binigyan niya Siya ng ikapu. "Na walang ama, o walang ina. Siya ay walang pasimula ng buhay o walang wakas ng buhay." Nakatagpo Siya ni Abraham, at nagkomunyon sila roon mismo

sa literal na dako kung saan itatayo ang naturang Bayan, sa banal na Bundok ng Panginoon, kung saan maninirahan ang mga Tinubos. Oh, naku!

⁴²⁴ Ang panahon na iyon ay sadyang hindi humihinto. Hindi, tayo’y nasa panahon pa; di magtatagal patutungo na tayo sa Kawalang Hanggan.

⁴²⁵ Oh, banal na Bundok! Magkakaroon ng mga lansangan ng malinaw na ginto, mga maluluwang na daan; at mga bahay, at mga parke. Kung gusto ninyong basahin ito, Apocalipsis 21:18. Naroroon ang Punongkahoy ng Buhay; labindalawang iba’t ibang bunga, isa sa bawat buwan, ang ibubunga nito. Ang mga tao na kakain ng mga bungang ito, magpapanibago sila ng kanilang pagkain bawat, kada buwan.

⁴²⁶ At iyon ay—iyon ay mula . . . para lamang sa mga mananagumpay. Alam ba ninyo iyon? Hindi iyon para sa mga denominasyon.

Sasabihin ninyo, “Totoo ba iyan, Kapatid na Branham?”

⁴²⁷ Dumako tayo sa Apocalipsis 2, sandali lamang, at tingnan ito. Apocalipsis 2:7. Alamin natin ngayon kung iyon nga ba talaga ang Katotohanan o hindi. Ang Apocalipsis 2:7 ay mababasa nang ganito.

At ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu . . .

⁴²⁸ Ngayon, tandaan n’yo, hindi mga Judio ang kausap niya ha. Ito ay ang Iglesia, ang Gentil.

Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia; Ang magtagumpay, ay Aking pakakanin ng punong kahoy ng buhay, na nasa gitna ng paraiso ng Dios.

⁴²⁹ “Mga mananagumpay lamang, na nanagumpay sa hayop, nanagumpay sa kanyang tatak,” ’yan ay ang Katolisismo, Protestantismo, denominasyonismo, “na mga nanagumpay sa hayop, sa kanyang tatak, ang titik ng kanyang pangalan.” “Magkakaroon siya ng karapatan sa Punongkahoy ng Buhay, ang makapasok sa mga pintuan kung saan walang anumang nakakarumi ang makapasok.” Kita n’yo? Pag-isipan ninyo iyon. Ngayon, sandali lamang ngayon, habang pumapalaot pa tayo nang kaunti. Ang Punongkahoy ng Buhay ay para lamang sa mga mananagumpay.

⁴³⁰ Ang mga dahon ay para sa kagalingan ng mga bansa. Iyon ay, ang mga hari na naninirahan doon, na dinadala ang kanilang mga parangal doon, kapag dinala nila sa loob ang kanilang parangal at ilalapag iyon sa harapan ng Trono ng Diyos. Katulad lamang ng nasa labas, ang sampung . . . nagdala ang labing-isang angkan, bawat isa sa kanila, ng ikapu kay Levi, kita n’yo. Kapag dinala nila ang kanilang parangal sa . . . mula sa pinagpalang

lupain, doon, aabot sila mula sa Punongkahoy ng Buhay, pipitas ng isang dahon ng holly. . . o isang dahon ng Punongkahoy ng Buhay, at sila'y lalabas na magkakasama. Wala na roong digmaan. Ang lahat ay nasa kapayapaan. Ang mga dahon ay alaala, para sa kagalingan ng bansa.

⁴³¹ Ang siya ring Punongkahoy, hindi katulad ni Adan, siya. . . May isang Punongkahoy ng Buhay noon sa halamanan ng Eden, na maaari sana siyang makakain doon kung hindi lamang siya nahulog. Ipinapaalaala ng Punongkahoy ng Buhay na iyon sa kanya, sa tuwina, na ang kanyang bagong. . . ang kanyang kabataan ay nagpapatuloy pa rin. Kita n'yo?

⁴³² Magiging ganoon din sa mga bansa. Ang mga dahon ay para sa kagalingan ng mga bansa; pansinin n'yo, hindi ng karamdaman ha. Magkakaroon kayo ng ganoon ding karapatan na gaya noon ni Adan, katulad ng da-. . . ng kalapati na dala ang dahon na holly, iyon lahat. . . bawat hari ay kukuha ng isang dahon.

⁴³³ Pansinin n'yo, ang Ilog ng Buhay, marahil ay maraming maliliit na mga batis ang bumubuo niyon. Ngayon, sa lupang ito. . .

⁴³⁴ Magtatapos na ako sa ilang sandali na lamang. Sa lupang ito. . . O, hihinto na lamang ako. *Ganyan* pa karaming mga tala ang meron, ngayon mga tatlumpung pahina pa. Oo. Tingnan n'yo.

⁴³⁵ Sa—sa buhay na ito, hindi pa ako nakakita kailanman ng anumang bagay na lubos na pumapawi na gaya ng kapag nasa kabundukan ka at makakasumpong ng, gaya ng ipinangaral ko noong isang gabi, ng agos na iyon na bumubulubok, ang nagbibigay-buhay na pinagmumulan niyon. Mapapagod ka at mauuhaw, mapapasalampak sa tabi ng isang mainam na batis; na doon sa pinakaibaba kung saan hindi na mararating ng mga mikrobyo, pababa nang daan-daang talampakan sa lupa, ay bumubulubok palabas ang puro, dalisay, nagbibigay-buhay na tubig. Pinasasalamat natin iyon. Iyan ay maliit lang. Ngayon, ang lupa ay mayroong maraming batis na may nakakaginhawang tubig. Kapag kayo ay nauuhaw at naghihingalo, kumuha kayo ng mainam, malamig na inumin mula roon, iyon ay—tutulungan kayong mabuhay nun.

⁴³⁶ Subalit tingnan n'yo kung saan nagmumula ang Isang ito. Mula sa Trono, doon nito kinukuha ang mga nagbibigay-buhay na pinagmumulan nito. Nanggagaling mula sa ilalim ng Trono ng Diyos, kung saan nakaupo ang Diyos.

⁴³⁷ Lahat ng ito, lahat nitong lupa, itong lupang ito rito na pinananahanan natin ngayon; bawat isa, maging ito man ay Cristiano o pagano, ay may mga templo. Naisip na ba ninyo iyon? Ang mga iglesya, lahat sila.

⁴³⁸ Ngunit ang Isang ito ay wala ni isa. Ang sabi ng Biblia, “At walang templo roon. Ngunit ang Panginoong Diyos at ang Kordero ang siyang Templo niyaon.” Ang Kordero ang siyang Ilaw. Ang Kordero ang siyang Templo. Ang Kordero ang siyang Trono. Ang Kordero ang siyang Buhay. Siya ang Templong iyon. Kita n’yo, lahat ng mga templong ito ay mayroong bagay na kanilang sinasamba; ngunit, sa Bayang ito, Siya’yung bagay na iyon. Kasama Niya ang Kanyang mga tao. Pinupuno ng Kanyang Ilaw na Espiritu ang Bayan na piramide.

⁴³⁹ Katulad nina Pedro at Juan, doon sa itaas ng bundok. Binalutan ng Liwanag ang tuktok ng bundok, at nangusap ang isang Tinig, ang sabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak.”

⁴⁴⁰ Sa Apocalipsis 21:3 at 4, “Ang tabernakulo ng Diyos ay nasa tao.” Ang Diyos ay nanahan sa tao, sa pagtubos sa kanya, sa pamamagitan ng tatlong proseso na ito. Ngayon ay tutubusin na ng Diyos ang lupa at mananahan sa lupa, kasama ang Kanyang mga nasasakupan sa lupa, na Kanyang hinango mula sa lupa. At sa pamamagitan ng kasalanan ay nahulog ito, ngunit ang... Kinailangan Niyang hayaang magpatuloy iyon. Ngunit ngayo’y isinugo Niya si Jesus upang tubusin ang lupang iyon na nahulog, na mga kabahagi tayo. “Walang isa mang buhok sa inyong ulo ang mawawala.” Sinabi ni Jesus iyon. Sinabi Niya, “Ibabangon Ko iyon muli sa huling araw.” Kita n’yo? Bakit? Kayo ay bahagi ng lupa.

⁴⁴¹ Napansin ninyo, mayroon akong munting biro tungkol sa aking asawa na nagsasabi sa akin na nawala ko na raw ang buhok ko. Sinabi ko sa kanya na wala akong nawala ni isa sa mga iyon.

Sabi niya, “Saan na naroon ang mga iyon?”

⁴⁴² Sinabi ko, “Kung saan naroroon ang mga iyon bago sila napasa akin.” Saan man naroroon ang mga iyon noon, isang materyal; saan man sila naroroon ngayon, naghihintay ang mga iyon sa akin. Kita n’yo? Siyanga. Paroroon ako sa kanila, isang araw.

⁴⁴³ Ang matandang katawan na ito, na kumukulubot na at bumabagsak na, at nahuhukot na ang mga balikat, at nananakit na ang mga tuhod, at—at namamalat na sa lalamunan. Walang anumang iyon. Maaari ninyong ilibing ito sa dagat, subalit gigisingin ako ng Trumpeta!...?...Siyanga, po. Mababago tayo, isa sa mga araw na ito. Ako ay bahagi ng sanlibutang ito na tinubos. Kayo’y nasa sanlibutan, ngunit hindi ng *kosmos*. Nasa ibang kalagayan kayo, isang tinubos na kalagayan.

⁴⁴⁴ Pansinin, “Ang tabernakulo ng Diyos ay mapapasa tao.” Pansinin, “Ang mga dating bagay ay naparam na.” Ito, ang bagay na ito, ay naparam na. Ibig sabihin nito na ang Langit ay bumaba na upang manahan kasama ng tao. Kita n’yo? Ang Langit at lupa ay magkayakap na.

445 Katulad na katulad lamang nang ang Kalapati ay pumaroon sa bahagi ng lupa, na si Jesus; Siya ay ang alabok ng lupa, tao. Ang Diyos, na nagmula sa isang maliit na binhi ng Buhay na iyon, sa pamamagitan ng mapaglikhang kapangyarihan. At ang Dugong iyon na naroroon. . . Ang Buhay na nasa Dugong iyon ay umakyat pabalik sa Diyos, ngunit ang naturang Dugo ay pumatak sa ibabaw ng lupa, upang angkinin ito. [Kumakatok sa pulpito si Kapatid na Branham nang ilang beses—Pat.]

446 Dahil sa dugo na dinala, mula sa selulang binhi mula kay Cain, kita n'yo; ngayo'y nagbalik Siya na may lumilikhang kapangyarihan na katulad lamang ng ginawa Niya kay Adan, sa paglikha kay Adan, narito ang Ikalawang Adan. At sa pamamagitan ng paglagot sa selulang iyon doon, kung saan (ang kasalanan) si Cain ay nilagot ang selulang dugo na iyon ng matuwid, kita n'yo, ngayon naman ang Selulang Dugo na ito. . . Dahil sa, pinatay niya si Abel, ngunit si Abel noon ay ipinanganak sa pamamagitan ng pagtatalik.

447 Ngunit ang Isang ito ay hindi ipinanganak sa pamamagitan ng pagtatalik. “Iyon ay ang paglalalang ng Diyos, ang pasimula niyaon,” at tinubos Nito ang lupa. At lahat ng calcium, potash, petroleum, kosmikong liwanag, na bumubuo sa inyo, ay tinubos na. “Wala ni isa mang buhok ang mapipinsala. At ibabangon Ko iyon muli sa huling araw.”

448 Pagkatapos ay ano? Ang Diyos ay bababa upang manirahan sa lupa. Na, Siya ay bahagi nito, ang Sarili Niyang katawan. Binuhay Niya iyon para sa pag-aaring-ganap sa atin, at tayo'y inaring-ganap sa pagsampalataya roon at pagtanggap doon. Pansinin n'yo sa mga tipo, si Jesus ay naging. . . Sa tipo, si Jesus ay naging tao; ang Diyos. . . o itinalaga upang humalili sa kanyang lugar, upang tubusin tayo, upang papangyarihin ang lahat ng mga bagay na ito.

Pansinin, sa labas ng magandang mga pader nito, ng Bayan na ito.

449 Ngayon naunawaan n'yo na ba “ang Bayan”? Kita n'yo, iyon ay isang banal na Bundok. [Nagsasalarawan si Kapatid na Branham sa pisara—Pat.] “Walang mananakit o maninira sa Aking buong banal na Bundok, sabi ng Panginoon.” Ang naturang Bayan ay hindi isang blokeng pakuwadrado. Iyon ay isang Bundok. At ang—ang haba sa luwang sa taas, ay magkakasukat, kita n'yo; labinlimang daang milya sa gawing *ito*, labinlimang daang milya sa gawing *iyon*, labinlimang daang milya sa buong palibot; at labinlimang daang milya ang taas. Kaya iyon ay isang talagang malaking Bundok, katulad ng piramide, at ang Bayang iyon ay nasa ibabaw ng Bundok. Luwalhati!

450 Hayan na nga, naroon ang mga paraiso ng Diyos, ang Ilaw ng sanlibutan, ang sakdal na Kahariang iyon. Hindi ang ikapitong

araw; yaong Walang Hanggan! Kita n'yo? Hindi ang Milenyum; ang Bagong Lupa! Kita n'yo?

⁴⁵¹ Habang patungo ito sa Milenyum, nagdaraan ito sa pagbabanal na proseso nito, ngunit kailangan pa ring sunugin. Kita n'yo? Na, tinubos ng Dugo ang mga tao, ipinapakita nito ang alaalang ito na ito'y . . . na ang halaga ay nabayaran na, sa isang libong taon na iyon. Ngunit gayon pa man ay kailangang linisin ito sa pamamagitan ng Apoy; katulad lamang ninyo, ang Kanyang mga kinatawan ng Bayan na ito, ang delegasyon.

⁴⁵² Kaya kung kayo ay mamatay o kung kayo ay mabuhay, anong kaibahan nun? Kung darating Siya ngayon, o Siya ay darating sa isang daang taon pa, o isang libong taon pa, ako'y magpapahinga lamang hanggang sa dumating na ang aking pagbabago.

⁴⁵³ Kaya, matandang lalaki at matandang babae, huwag kayong panghinaan ng loob. [Nagsasalarawan si Kapatid na Branham sa pisara—Pat.] Kung isa kayong representasyon sa dako *rito*, sa katangiang ito ng Diyos; *ito*, ang Diyos; kung taglay ninyo ito, kung nairerepresenta kayo *rito*, hindi kayo maaaring . . . Kayo'y nasa Walang Hanggan. At kung kayo'y nakatawid mula doon sa ikapitong araw, patungo sa ikawalo, nakapasok na kayo roon sa Walang Hanggan sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo, kabilang na kayo *Rito*. Ngayon, kung nagtitiwala lang kayo sa isang sensasyon, o paglundag-lundag, o, “Ginagawa ko *ito*. Ipinapangilin ko ang aking ikapitong araw. Hindi ako kumakain ng karne,” at mga ganoong bagay, mapapahamak pa rin iyon, ano't ano man. Kita n'yo? Ngunit *Ito* ay ang Walang Hanggan. Kita n'yo? Ito ay ang Walang Hanggan, ang Pista pagkatapos ng pista ng mga tabernakulo. Kita n'yo?

⁴⁵⁴ Ang pista ng mga tabernakulo ang huling pista, ang ikapitong pista. Tayo ay sumasamba na ngayon sa ilalim ng kapistahan ng mga tabernakulo, ang ikapitong kapanahunan ng iglesya.

⁴⁵⁵ Sa Milenyum, tayo'y mapapasa ilalim ng pista ng mga tabernakulo, muli, sa ikapitong araw.

⁴⁵⁶ Ngunit, sa gayon, pagkatapos ng ikapitong araw, mayroon tayong isang Banal na Pagpupulong, babalik na doon sa Walang Hanggan. Papaano? Sa pamamagitan Niyaong Walang Hanggan na pumarito at tinubos tayo at ibinalik tayo, ipinapamulat sa atin na tayo ay bahagi *Nito*.

⁴⁵⁷ Ngayon papaano ninyo malalaman na kayo ay kabahagi? Dahil, doon, sa Salita para sa panahong ito, ang pangako para sa panahong ito. Ano ba iyon? Isang pagpapanauli pabalik sa unang araw, ang una. “At kanyang panunumbalikin ang mga puso ng mga anak sa kanilang mga magulang,” nagdadala ng isang pagpapanauli muli ng tunay na pentecostal, hindi ng mga sensasyon; at ihahayag ang pang-gabing Liwanag, ang siya ring

Anak na nagpakita sa pang-umagang Liwanag, na gaya ng ipinangako para sa panahong ito. Amen at amen!

⁴⁵⁸ Nasaan na ba tayo, mga kaibigan, nasaan na ba tayo? Naghihintay na lamang ngayon na maalis sa daan, upang ang Apocalipsis 11 ay magawa nang . . . maipakilala na sa mga Judio; siyanga, darating na ang Pag-Agaw.

⁴⁵⁹ Masdan, sa labas ng mga pintuan ng mga pader, na nakakalat sa buong Bagong Lupa, ang mga bansa ay tatahan sa Walang Hanggang kapayapaan. Ngayon ay ano na? Ang pinarangalang mga hari ay magdadala ng kanilang pagluluwalhati papasok doon. Hindi magkakaroon ng kasalanan doon. Wala nang mga babaeng putol ang buhok na papasok sa Bayan na iyon. Ginagarantiyahan ko iyan sa inyo. Wala nang nagsuot ng shorts, naninigarilyo, ang mga mapakiapid, mga patutot, o mga sinungaling, mga mananamba sa diyos-diyosan, maging ano man sila, ay hindi makapasok sa Bayan na iyon. Hindi, iyon ay mawawala nang lahat. Ang kasalanan ay mawawala na. “Walang anumang nakakarumi sa kabanalan niyon ang papasok doon.” Iyon ang sinabi Niya. “Ang lahat ay naparam na, magpakailanman.”

⁴⁶⁰ Tumingin kayo doon sa parang niyon at sa palibot ng mga pintuan niyon:

Ang oso ay magiging maamo, ang lobo ay magiging maamo;
At ang leon ay hihigang katabi ng kordero;
At ang hayop na mabangis, ay aakayin ng isang bata;
Ako’y mababago mula sa nilalang na gaya ko.

⁴⁶¹ Sa kamatayang ito na kumikilos sa aking mortal na katawan, na tumatanda na, ako’y mababago.

⁴⁶² Narinig n’yo na ba ang awit na iyon? “Ang oso ay magiging maamo. Ang lobo ay magiging maamo.” Hindi siya lulundag, at dadamba at susubukan kayong patayin. Sasamahan niya kayo sa paglakad doon sa daanan.

Sino ang magmamana niyon? Ang mga Tinubos. Sino nga ang mga iyon?

Pansinin, makapagtuturo lamang ako sa pamamagitan ng mga tipo ngayon. Pansinin mo, Kapatid na Lee.

⁴⁶³ Sino ang lumabas sa bagong lupa kasama ni Noe na propeta? ‘Yung mga kasama niyang pumasok sa loob ng daong. Tama ba? Iyon ‘yung mga lumabas doon. Kita n’yo? ‘Yung mga pumasok na kasama ni Noe, dahil sa kanyang mensahe, ay ‘yung lumakad palabas doon sa bagong lupa pagkatapos ng bautismo sa tubig niyon.

⁴⁶⁴ Ang siyang pumapasok na kasama ni Jesus ngayon. Papaano ba kayo makapasok sa Kanya? Sa pamamagitan ng isang

Espiritu; at Siya ang Salita. Kayo ay nagiging bahagi Niya. Anong bahagi Niya kayo? Ang Salita na nabubuhay sa panahong ito, nakakakilala. Lalakad kayong kasama Niya sa Milenyum. Doon na kayo lalakad palabas. Pansinin, hindi na isang bagong henerasyon. Isang paglilipat!

Sasabihin ninyo, “Oh, Kapatid na Branham!” Oh!

⁴⁶⁵ Pansinin, kung kaya ng Diyos na ibangon si Elias at kunin siya paitaas, dalawampu’t limang daang taon na ang nakakaraan, upang ilipat siya pabalik sa lupa muli, upang maging propeta para sa mga Judio, gaano pa kaya na magagawa Niya iyon sa Nobya!

⁴⁶⁶ Pagkatapos na lumabas ni Noe sa daong, pansinin kung ano ang sinabi kay Noe pagkatapos niyang lumabas mula sa baha, katulad lamang ng kay Adan noong una. Pagkatapos niyang lumabas, sa bagong lupa; ang sabi, “Magpakarami kayo at kalatan ninyong muli ang lupa,” pagkatapos ng baha. Pansinin, “maging mabunga, kalatang muli ang lupa,” gaya ni Adan noong una.

Ngayon makikita ninyo nang hustong-husto rito. Ngayon makinig kayong maigi.

⁴⁶⁷ Si Adan ay para “magpakarami at kalatan noon ang lupa.” Tama ba? Si Noe naman, pagkatapos ng bago, (ang sanlibutan ay nawasak), ay para “magpakarami at kalatang muli ang lupa.” Nakuha n’yo ba? Ngayon hindi n’yo ba makita kung ano ang “binhi” ng serpiyente? Ano ba ang kumalat na muli sa lupa? Nakuha n’yo ba? Sige. Nakita n’yo na ngayon kung papaano nakalapit si satanas kay Eba. Iyan ang dahilan kaya naghari ang kamatayan sa lupa magmula noon. At ang kalangitan, lupa, hayop, himpapawid, ay isinumpang lahat ng Diyos dahil doon. Iyan ang sumpa, dahil nauna dito si satanas.

⁴⁶⁸ Naparito si Jesus upang tubusin ito pabalik sa Ama. Upang magawa ito, Siya ay naging bahagi nito; gaya ng katatalakay ko lang. At mula sa mismong alabok na iyon (ang bahagi na si Jesus, Siya Mismo) na tinubos, sa pamamagitan Niya ay natubos ang lahat ng mga katangian ng Diyos kasama ng lupa.

⁴⁶⁹ Siya ang binigkas na Salita. Tayo na mga tinubos ay bahagi Niya. Kung gayon, kung magagawa mong kilalanin! Kita n’yo?

⁴⁷⁰ Inangkin ng mga Fariseo na sila nga. Subalit, nakita na ninyo ang una kong pagsasalarawan, sila lamang ay gayon sa intelektuwal. Hindi nila makilala ang Salita noong mahayag Iyon sa harapan nila mismo. Sinabi nila, “Ang lalaking ito ay isang masamang espiritu.”

⁴⁷¹ Ngayon, sa panahong ito, tinatawag tayo na mga bulaang propeta. Tayo’y tinatawag sa lahat ng maruming bagay na maitatawag, ng mga taong relihiyoso, kita n’yo, ng mga kilala

at matatalinong tao. Kita n'yo, hindi talaga nila maunawaan. Kita n'yo?

⁴⁷² Ang bautismo nito sa tubig ay hindi sapat upang linisin ito; maging ang sa kanila. Ang pagpapabanal, ng Dugo, ang nagpanumbalik nito, inangkin ito. Ngunit nilinis ito ng bautismo ng Apoy; katulad ng ginawa nito sa Kanyang Nobya. Katulad ng pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu.

⁴⁷³ Hindi kailanman nangakong magbabangon ng panibagong lahi, gaya ng sinabi ko, ngunit ipinangako Niyang tutubusin ang mga nahulog. Sila na mga—mga itinalaga, ay magmamana rito na gaya ng ipinangako Niya. At Siya ang di-nagbabagong Diyos; alam natin iyon.

⁴⁷⁴ Tandaan, kinuha ng Diyos si Elias, pagkatapos ng pag-agaw, at inilipat, inilipat siya pabalik sa gitna ng mga tao, upang gampanan ang lugar bilang isang propeta sa gitna ng kanyang bayan; hindi na magtatagal ay gagawin Niya iyan. At iningatan siya, na buhay, nitong dalawampu't limang daang taon. Siya'y magpapakita na namang muli.

⁴⁷⁵ Pansinin muli, ibinangon Niya si Moises mula sa mga patay. Nasaan ba ang kanyang libingan? May makakahanap ba niyon? Basahin n'yo ang Aklat ni Judas. Kita n'yo? Si satanas . . . Ang Arkanghel ay nakikipagtalo noon sa arkanghel, si satanas, sabi, nangahas . . . “sawayin ka ng Panginoon,” sa pakikipagtalo tungkol sa katawan ni Moises. At narito sina Pedro, Santiago at Juan ay nakatayo roon na nakatingin sa kanya, sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo, doon mismo sa lupain kung saan palilitawin ang naturang Bundok upang panahanan. Kita n'yo?

At naparito Siya upang tubusin ito.

⁴⁷⁶ Kita n'yo, naroon ang Iglesia na kinuha na sa pag-agaw, inirepresenta; naroon sila na mga nangatutulog, na inirepresenta. Saang dako? [Nagsasalarawan si Kapatid na Branham sa pisara, para sa ilang mga sumusunod na talata—Pat.] Sa Bayan na iyon; doon sa itaas ng bundok. Kita n'yo?

⁴⁷⁷ Naroon sina Pedro, Santiago, at Juan, na nakatingin; tatlo, isang saksi. Naroon sina Elias, Moises, at si Jesus; bilang Makalangit na saksi. Kita n'yo?

⁴⁷⁸ At naroon si Moises, ang patay, na ibinangon. Naroon si Elias, ang pag-agaw, na buhay pa rin. At pareho silang inirepresenta sa banal na bundok na ito.

⁴⁷⁹ At, si Jesus, ang Manunubos. Nang ang Diyos, sa itaas Niya katulad *nito*, ay nilukuban Siya, sinabi, “Ito ang sinisinta Kong Anak.”

⁴⁸⁰ Natatandaan ninyo, sinabi ni Jesus, mga isang araw bago 'yon, sinabi Niya, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, na may ilan na nangakatayo rito ngayon, na hindi makikita ang kamatayan, hanggang sa makita nila ang Kaharian ng Diyos na naitatag sa kapangyarihan."

⁴⁸¹ Ano iyon? Ang patay na binuhay na mag-uli at ang inagaw na mga banal, na magkakasama, inagaw pataas nang sama-sama upang katagpuin Siya sa alapaap. Nakalukob sa Kanya ang Diyos, at si Jesus ay nakatayo roon sa lilim na ito, sinasabing, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong lubos na kinalulugdan," ang kaayusan ng Bagong Kaharian. Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae!

⁴⁸² Hindi kayo binabago ng kamatayan. Binabago lamang ng kamatayan ang inyong dakong tinatahanan. Kita n'yo?

⁴⁸³ Natatandaan n'yo, si Samuel, noong patay na siya at dalawang taon nang nakalibing, siya'y nasa Paraiso na. At tinawag siya ng mangkukulam sa Endor, at nakilala siya ni Saul; at nakilala ng mangkukulam, din, at nagpatirapa ito. Hindi siya nagbago, kahit kaunti. Siya pa rin ang dating Samuel, kahit dalawang taon nang pumanaw, at propeta pa rin siya. Sinabi niya, "Bukas ikaw ay mamamatay sa labanan, kasama ng iyong anak na lalaki, at sa ganitong oras bukas ng gabi ay makakasama na kita." At ganoon nga ang nangyari.

⁴⁸⁴ Kita n'yo? At kapag bumalik si Moises, at si Elias, para sa Apocalipsis 11, mga propeta pa rin sila. Hallelujah!

⁴⁸⁵ At sa dako roon, sa Lupain, sa Bayang iyon kung saan ang Kordero ang siyang Ilaw, makikilala kita, Kapatid na McKinney. Makikilala ko kayo, na aking mga kapatiran, ang mga hiyas ko sa korona. Kapag nagsisidating na sila mula sa Silangan at sa Kanluran, patungo sa Bayan; na labinlimang daang milya kuwadrado, na ito'y malalagay roon, at ang Bayan ay itinayong parisukat. Kapag naroroon na kayo sa banal na Bundok, kung saan tumatahan ang Diyos sa ibabaw ng Bundok na iyon, at si Jesus ay nasa Trono na. At tumutunog ang ginintuang trumpeta kapag umalis na si Joseph, para lumakad sa buong Paraiso, at ang mga anak ng Diyos ay magsisiluhod at magsisisamba sa Kanya, nalalaman na sila ay tinubos na. Kita n'yo? Amen! Hallelujah!

Minsan ako'y nananabik sa Langit,
 At ang kaluwalhatian Doo'y aking
 mamamasdan;
 Anong ligaya kapag nakita ko na ang aking
 Tagapagligtas,
 Doon sa magandang Bayan na ginto!
 Ako'y patungo na sa magandang Bayang iyon
 Na inihanda ng Panginoon . . .
 [Blangkong bahagi sa teyp-Pat.]

486 Sinabi ni Isaias, sa Isaias 9:6, “At ang Kanyang kapayapaan at ang Kanyang paglago ay hindi magwawakas. Ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang mga balikat; ang Kanyang pangalan ay tatawaging Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama. At ang pamamahala ay maaatang sa Kanyang mga balikat; at ang Kanyang paglago at ang Kanyang kapayapaan ay hindi magwawakas.” Maging ang mga hayop ay naroroon. Oh, naku!

Ang oso ay magiging maamo, at ang lobo ay magiging maamo;
 At ang leon ay hihigang katabi ng kordero,
 At ang hayop na mabangis, ay aakayin ng isang bata;
 Ngunit ako’y babaguhin.

487 Ako’y mababago mula sa nilalang na ito na ako, kapag dumating na ang Araw na iyon, sapagkat ako’y paparoon sa Bayan na iyon. Ako’y patungo na sa magandang Bayan na iyon! Nararamdaman ko na ang tumutubos na Kapangyarihan sa buong puso ko ngayon.

488 Kung hindi ito totoo, kung gayon ay sinayang ko lang ang buhay ko; tinuruan ko ang iba ng mga bagay na mapandaya. Ngunit kapag tumutunghay ako at nakikita na ang ipinangako Niya sa panahong ito, at makita Ito na pinagtibay; at titingin dito sa labinlimang daang milya kuwadrado na kongregasyon na nakaupo rito, isang Hinirang na tinawag mula sa mga denominasyon at mga lahi at mga kredo at mga gayong bagay, na nagkakatipong sama-sama; habang nakikita ko ang Salita na pinatotohanan ang Sarili Nito, nalalaman ko, nang walang bahid ng alinlangan, na ang mga hiyas ng aking korona ay madadaig ang kinang ng lahat ng bagay sa sanlibutan, sa Araw na iyon.

489 Darating ang panahon! Mga kababayan, hindi tayo nagkakatipon dito para sa walang kabuluhan. Hinihintay lamang natin ang panahon na iyon. Talagang, napakahuli na, ngunit si Jesus ay totoong, napakalapit pa rin. At, ang Kaluwalhatian Niya, iyon ay kahanga-hanga. “Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging Tagapayo.” Ang Bayan na iyon, nakikita n’yo ba ito? Doon mananahan ang Nobya at ang Nobyo, at hindi na kailanman. . .

490 Ngayon, kung iniisip n’yo na napakainam kapag bumibiyahen tayo ng daan-daang milya upang maupo rito at kumain ng Kanyang Salita, na anino pa lang ito, gaano pa kaya kapag tayo ay nanirahan na sa Bayang iyon kasama Niya! Kapag naging kapitbahay n’yo na ako, at kapag kumain tayo ng mula sa mga punong iyon, at lalakad tayo sa mga lansangan na iyon, kapag lumakad na tayo sa mga gintong lansangan na iyon

patungo sa bukal, iinom sa bukal na iyon, lalakad sa mga paraiso ng Diyos, na ang mga Anghel ay lumilipad-lipad sa lupa, na inaawit ang mga himno, oh, napakagandang Araw niyon! Wala itong katumbas. Para bang baku-bako ang landas, kung minsan nagiging mahirap, ngunit, oh, iyon ay magiging bale-wala lang kapag nakita ko na Siya, bale-wala lang. Ano ang halaga ng masasamang katawagan at mga gayong bagay na sinabi nila, ano'ng halaga nun kapag nakita ko na Siya roon sa mainam, magandang Bayan ng Diyos?

491 Iyukod natin ang ating mga ulo.

Patungo ako sa magandang Bayan na iyon
 Na inihanda para sa Sariling Kanya ng aking
 Panginoon;
 Kung saan ang lahat ng mga Tinubos sa lahat
 ng kapanahunan
 Aawit ng "Luwalhati!" sa palibot ng Puting
 Luklukan.
 Minsan ako'y nananabik sa Langit,
 At ang mga kaluwalhatian niyon Doo'y aking
 mamamasdan;
 Anong ligaya kapag nakita ko na ang aking
 Tagapagligtas,
 Sa magandang Bayan na iyon ng ginto!

492 Doon sa isla ng Patmos, nakita iyon ni Juan! [Umiiyak si Kapatid na Branham sa kagalakan—Pat.]

493 Minamahal na Jesus, ang pag-asang ito, ang aking pag-asa ay naitayo sa wala nang iba pa, Panginoon. Iyon ang ina ng aking puso; ang Bayan na iyon, ang dakilang Hari. Diyos, huwag pong ipahintulot na isa man sa narito ay mapahamak, kung maaari. Saliksikin nawa namin ang aming mga buhay muli, ngayon, Panginoon, na naghihintay sa Pagparito ng Panginoon. Kung saan, lahat sila na mga Tinubos, doon sa malaking koliseo noon sa Roma, kung saan silang mga Cristiano ay kinain ng mga leon, ay babangon mula sa alabok balang araw!

494 Hindi na magkakaroon ng mga libingan sa gilid ng burol ng Kaluwalhatian. Walang hawakan ng pintuan na pagsasabitan sa koronang pamburo. Walang luhang papatak doon. Wala, wala. Walang bunton ng madamong lupa. Walang bagyong hahampas doon. Magiging lubos na maluwalhati roon.

495 Tulungan Mo kami, Panginoon. Kung mayroon mang isa rito . . . na tinawag dito sa Hapunan ng Kasalan ng Kordero, dito sa isang libong taon ng paghahari sa Milenyum, at saka papasok na sa Bayan pagkatapos ng Pulót-Gatà. Ang Milenyum ay Pulót-Gatà lamang. Pagkatapos Siya, ang Nobya, ay iuuwi na ang Kanyang. . . Iuuwi na ng Nobyo ang Kanyang Nobya. Sa Nobya na iyon. Ang Kanyang Nobyo; sa Nobya Niya. Oh, Siya'y

umalis na upang maghanda ng isang Tahanan, mula nang Siya ay nakipagkasundo nang magpakasal.

⁴⁹⁶ Maging tapat nawa kami sa Kanya Na Siyang Salita, sapagkat Siya ang Salita. Kahit gaano pa kami pagsikapang laitin ng iba, inilalayo kami Dito; Panginoon, ilapit Mo pa ako.

For sometimes I grow homesick for Heaven,
And its glory I There shall behold;
What a joy that will be when my Saviour I see,
In that beautiful City of gold!

⁴⁹⁷ Ang Magiging Tahanan ng Nobyo at ng Nobya! Siya ay babalik na. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . sa Hapunan ng Kasalan; iyon ay magaganap ng tatlo't kalahating araw. Pagkatapos ay babalik muli, sa Milenyum, sa aming pulót-gata. At pagkatapos ay Kanyang—ipapakita Niya ang naturang Bayan. Katulad ng nobyo na sinusurpresa ang nobya, kung paanong nakatayo roon ang munting nobya sa pagkamangha habang siya ay nakatingin sa kanyang magiging tahanan! At sa pamamagitan ng pananampalataya, ngayon, Panginoon, nakikita namin iyon doon. Magiging dito iyon mismo sa lupang ito. Ipinangako Mo po iyon.

⁴⁹⁸ Ang Iyong Iglesya ay ganap na matutubos, isa sa mga araw na ito. At pagkatapos ang Iyong sanlibutan ay matutubos na, ang iba pang maliliit na bahagi. Ngunit una ay tinubos Mo ang Iyong bayan, ang kanilang mga katawan na gawa mula sa sanlibutan.

⁴⁹⁹ Tulungan Mo kami, Diyos. Kung mayroon mang isa rito na hindi pa lubusang nakakatiyak doon, Panginoon, nawa'y tanggapin nila ito ngayon na mismo.

⁵⁰⁰ Alam ko na ito'y napahaba at mainit, ngunit, mga tao, hindi naman tayo laging tatayo rito. Hindi ako magiging laging pastor ninyo. Tiyakin na natin ito.

“May paraan ba, Kapatid na Branham?”

⁵⁰¹ Oo, maging bahagi kayo ng Salita, isang bahagi ng Salita ng panahon na ito. Hindi maaaring maging bahagi ng Salita ng panahon ni Moises; tapos na ang bahaging iyon, 'yon ang mga paa. Nasa Ulo na tayo ngayon. Ito ay si Cristo. Hindi ang panahon ng mga bisig, doon kay Luther, hindi. Ito ang panahon ng Ulo. Si Cristo, ang Pangulong-Bato, ay lalapat na sa Katawan.

⁵⁰² Kung sadyang sa pakiwari ninyo'y hindi pa kayo lubos na sigurado tungkol dito, saan man na magagawa ninyo, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay para makita ko. Ang lahat ng iba pa ay manatiling nakayuko. Pagpalain ka ng Diyos.

⁵⁰³ Sasabihin mo, “Alalahanin mo ako sa panalangin, Kapatid na Branham. Gustung-gusto kong maparoon! Ako—ayaw kong maiwanan, Kapatid na Branham. Ako—sinusuri ko, ginagawa ko

ang lahat ng magagawa ko, subalit ipanalangin mo ako ngayon, maaari ba?” Pagpalain ka ng Diyos.

⁵⁰⁴ Habang pinag-iisipan ninyo ito ngayon, manalangin lamang, sabihing, “Diyos . . .” Iyon ay nasa inyong sariling puso. Kita n’yo, kung may nararamdaman kayong humahatak, tumitimo sa inyong puso, iyon nga ito. Iyon ’yung katangian na sinisikap na ihayag ang sarili niyon.

I’m bound for that beautiful City
My Lord has prepared for His Own;
Where all the Redeemed of all ages
Will sing “Glory!” around the White Throne.
Sometimes I grow homesick for Heaven,
And the glories I There shall behold;
What a joy that will be when my Saviour I see,
In that beautiful City of gold!

⁵⁰⁵ Makalangit na Ama, kunin Mo po kami ngayon, Panginoon. Hayaan ang Dakilang Pastol, ang Dakilang Pastol na Manunubos, ang Dakilang Pastol na iniwan ang Kaluwalhatian, nalalaman na ilan sa mga katangian ay nangaligaw doon sa malalawak na lambak ng kasalanan, kung saan ang mga lobo at ang—ang mga hayop ay sisilain ang munting tupang iyon di magtatagal; subalit iniwan Niya ang mga ginintuang pasilyo, nanaog sa lupa at naging isa sa amin, upang maihayag Niya ang pag-ibig ng Diyos sa amin. Doon ay natagpuan Niya sila, ang iba sa kanila ay nasa mga denominasyon, ang iba sa kanila ay nasa tahanan ng kasamaan, ang iba sa kanila ay nasa mga lansangan, bulag, ang iba sa kanila ay nasa mga pali-paligid at malalaking lansangan, ngunit tinubos Niya ang bawat isa na itinalaga sa Kanya ng Ama upang tubusin.

⁵⁰⁶ At inatasan Niya kami, na aming ipamumuhay ang bahaging ito ng Salita para sa aming mga kapanahunan. At nakita namin ang dakilang repormasyon ni Luther, sa kapanahunang iyon; at ng kay Wesley; at ng Pentecostal. Ngayo’y hinihintay namin ang Pangulong-Bato ng Bayan. Oh Diyos, nakikilala namin ang kapanahunan at ang pangako na ibinigay sa amin para sa panahong ito, kung paanong Ito ay ipanunumbalik muli. “Pahihinugin ng pang-gabing Liwanag ang bunga nito. At mangyayari na magkakaroon ng isang araw na hindi naman araw o gabi, na matatawag, ngunit sa gabi ay magli-Liwanag.”

⁵⁰⁷ Ang siya ring maluwalhating Anak ng Diyos na iyon, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa katawang-tao dito sa lupa, na binubuhay ang pangako mismo nang tumpak, ay nakabulag sa paningin ng mga Fariseo at mga Saduceo at mga Herodiano, at iba pa.

⁵⁰⁸ At ngayon ay naulit muli iyon, ang Salita ay nahahayag na katulad Nito noon. Ang Salita, na nalalaman ang lihim ng puso, katulad na katulad lamang nito noon, na gaya ng sinabi

ng Kasulatan, na hindi maaaring mabigo. Tulungan Mo kami, Diyos, na mapagtanto iyon.

⁵⁰⁹ Tulungan Mo po ang mga ito ngayon na nagtaas ng kanilang mga kamay. Nawa sila ay maghigpit pa nang kaunti; isuot nila na bilang panyapak ang Ebanghelyo ng kapayapaan; isuot ang buong kagayakan ng Diyos; ilapat ng suot ang helmet; taglayin ang kalasag ng pananampalataya; magmartsa nang pasulong, magmula ngayon. Ipagkaloob po ito, Panginoon.

⁵¹⁰ Sandali na lamang, kami'y tatawagin na, kung gayon darating na ang Pag-Agaw. Isang napakaliit na grupo, katulad ni Enoc, ang kukunin pataas.

⁵¹¹ Pagkatapos, “ang mga labí ng binhi ng babae, na nag-iingat sa mga utos ng Diyos,” ang mga Judio, “na nagtataglay ng patotoo ni Jesus Cristo,” ang Gentil, ay tutugisin na parang mga aso, “at ibibigay ang kanilang buhay para sa kanilang patotoo.”

⁵¹² Pagkatapos, isang dakilang umaga, ay ang pasimula na ng Milenyum, para sa—magsisimula na ang Pulót-Gatà.

⁵¹³ “At pagkatapos ang iba sa mga patay ay hindi mabubuhay hanggang sa matapos ang isang libong taon.” Pagkatapos, sa katapusan ng isang libong taon, mayroon doong Paghuhukom, ipinapakita na si Ham ay nasa daong noon. At si Ham ay naroroon pa rin sa mga nalabi. 'Yung mga nakarinig Nito at tinanggihan Ito ay kailangang mahatulan.

⁵¹⁴ Ngayon, ipagkaloob ito, Panginoon, na hindi kami mapabilang sa kanila, kundi mapabilang sa tawag patungo sa Hapunan ng Kasalan. Sapagkat, tunay ngang nakikilala namin si Jesus sa aming kalagitnaan ngayon. Kami'y papasok na kasama Niya; palabas ng sanlibutan, papasok sa Kanya. Pahintulutan kaming lumakad sa Bayan na iyon, na lalabas na kasama Niya.

⁵¹⁵ Tumatanda na po ako, Panginoon. Wala na akong marami pang pangaral na ipapangaral. Subalit tunay akong nagtitiwala sa Iyo. Hinihintay ko ang Bayan na iyon, katulad ng ginawa ng aking amang si Abraham. May Bagay sa loob ko na nagsasabing parating na iyon. Sinisikap ko saan mang dako, Panginoon, na ikalat ang Liwanag at tawagin sila. Huwag ipahintulot na isa man sa mga ito, Panginoon. . . .

⁵¹⁶ Napakaganda, kani-kanina lang, ay ipinahayag Mo iyon sa akin. Mula sa sirkumperensiya na mga labinlimang daang milya, na isa lamang *dito* at *doon*, ay nauupong sama-sama ngayon, na nagkatipon sa isang maliit na dako, naghihintay sa paglitaw ng Bayan na iyon. Aming ipinahahayag na kami ay mga manlalakbay at mga dayuhan. Kami'y mga itinakwil. Ang mga pagano, ang sanlibutan, ay nagtatawa at ginagawang katatawanan; ang mga panrelihiyong denominasyon ay nanunuya; ngunit hindi kami natitinag ng ganoong mga bagay. Gawin Mo po kaming bahagi ng Salita, Panginoon, na hindi

natitinag. “Mangyayari ito sa mga huling araw.” Maging kami nawa iyon, Panginoon, mapabilang nawa kami sa kanila. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁵¹⁷ Pinaniniwalaan n’yo ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”] Itaas natin ang ating mga kamay nang *paganito*.

I’m bound for that beautiful City
My Lord has prepared for His Own;
Where all the Redeemed of all ages
Will sing “Glory!” around the White Throne.
Sometimes I grow homesick for Heaven,
And glories I There shall behold;
Oh, what a joy that will be when my Saviour I
see,
In that beautiful City of gold!

⁵¹⁸ Ngayon, kung tayo’y tatahang sama-sama sa Bayan na iyon, makipagkamayan lamang sa iba, sabihing, “Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay. Taga-saan ka? Louisiana, Georgia, Mississippi? Ako’y manlalakbay, din. Naghihintay ako sa Bayan na iyon.”

⁵¹⁹ Naghihintay ako sa Bayan na iyon, Kapatid na Neville, sa dako roon. Tayo’y papunta na roon . . . ? . . . Kapatid na Capps, naghihintay ako sa Bayan na iyon, hanggang ngayon, sa gabing ito. [Sinimulan na ihiging ni Kapatid na Branham ang *No Disappointment*—Pat.]

And its glories I There shall behold;
What a joy that will be when my Saviour I see,
In that beautiful City of gold!

Oh, the bear will be gentle, and the wolf will
be tame;
And the lion shall lay down by the lamb, oh,
yeah;
And the beast from . . . will be led by a child;
And I’ll be changed, changed from this creature
that I am, oh, yeah.

Oh, there will be peace in the valley for me
some day;
Oh, there will be peace in the valley for me.
(Tama! Siyanga!)
There’ll be no more sorrow, no more sadness,
no more trouble I’ll see;
And there will be peace in the valley for me.

⁵²⁰ Ang ating di-nakitang Hari, sa umagang ito, ay mahahayag. At hindi ko na titingnan si Bill Dauch sa gulang na siyamnapung taon. Hindi n’yo na ako titingnan bilang limampu. Kundi mababago ako, sa Araw na iyon.

And when the beast from the wild, will be led
by a child;
But I'll be changed, changed from this creature
that I am.

521 Hindi ka ba magagalak? Wala nang mga uban; ang hukot na mga balikat. Kundi kagandahan, imortal, titindig ayon sa Kanyang wangis, magniningning nang higit pa kaysa sa araw. Oh, napakaganda!

. . . for me, O Lord, I pray;
There'll be no sadness, no more sorrow, no more
trouble I'll see;
And there will be peace in the valley for me.

522 Iyan ang ipinarito natin. Ilan sa inyo ang nangangailangan ng kalakasan para sa paglalakbay? Ipagkaloob nawa ng Diyos iyon sa atin! Ilan sa inyo ang may karamdaman sa inyong katawan, mga sugatang sundalo? Isang dosena, o higit pa. Naniniwala ba kayo na Siya'y naririto, ang dinakikitang Hari? Mga bagay na nakikita; ang di-nakikita ay inihahayag ng nakikita. Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, maliban sa katawang pisikal. Ngayon, kung ito ang Kanyang Espiritu na nangaral nito sa pamamagitan ko, gagawin Niya ang mga gawa na ginawa Niya noong naririto pa Siya. Oh, napakaganda!

I am bound for the promised land,
I am bound for the promised land;
Oh, who will come and go with me?
I am bound for the promised land.

All over those wide extended plains
Shines one Eternal Day;
There God the Son forever reigns,
And scatters night away.

Oh, I am bound for the promised land,
I am bound for the promised land;
Oh, who will come and go with me?
I am bound for the promised land.

523 Limandaan ang lumulusong doon sa ilog, noong unang araw na nagpakita ang Anghel ng Panginoon, upang pagtibayin, katulad ng ginawa Niya sa Bundok Sinai, na nakatagpo ko Siya. Lumusong ako sa ilog, at daan-daan ang umaawit ng awit rin na iyon para sa bautismo. Heto na Siya, bumababa, ang siya ring Haliging Apoy na iyon na nakikita ninyo sa larawan doon; bumababa, na pababa mismo rito sa may ilog, at nagsabi, "Kung papaanong isinugo si Juan Bautista upang manguna sa Kanyang unang pagparito, ang Mensaheng ito ay mangunguna sa ikalawang Pagparito." Kita n'yo? Hayan na nga, kita n'yo.

Oh, who will come and go with me?
I am bound for the promised land.

524 Ang siya ring Haliging Apoy na iyon ay naririto kasama natin. Alam ba ninyo iyon? Ginawa Niya ang iba sa atin para sa isang bagay, at ang iba ay para sa iba naman. Kung kayo, nang wala ni isa mang pag-aalinlangan, ay sasampalatayanan na Siya ay nasa kalagitnaan ng gusali, naniniwala akong patutunayan Niya ang Kanyang Sarili sa inyo. Makakasiya ba iyon sa inyo? Kung hindi ko malapitan ang bawat isa . . . Mag-aalas-dos na, pero kung kayo . . . Lagpas na nang kaunti sa ala-una, pala. Kung kayo'y sasampalataya, hayaan Siyang bumaba sa atin! Nasaan ang ating pananampalataya? Kita n'yo, kailangan ninyong sampalatayanan iyon. Kung hindi ninyo pinag-aalinlanganan iyon, kahit kaunti, iyon ay kikilos.

525 Ako—napagkikilala ko ang Banal na Presensiya ng Katauhan ni Cristo, Na siyang Salita. At sinabi ng Biblia, “Ang Salita ay . . . mabisa kaysa sa tabak na may dalawang talim, at Ito’y tumatagos sa utak ng buto, at kumikilala ng mga haka na—na nasa puso, ipinahahayag ang lihim ng puso.”

526 Tingnan n'yo. Aba, hindi ko alam ang mga bagay na iyon, mga taon na ang nakalipas. At nang sinabi ko iyon, na hindi iyon nalalaman, tingnan n'yo kung ano ang Kanyang ginawa. Sinabi Niya, “Ngayon hahawakan mo ang kamay ng mga tao, at, huwag kang mag-isip ng anuman, bigkasin mo lang kung anong katangian ang sinabi sa iyo. Sabihing iyon ay tumor, anuman iyon.” Saka sinabi, “Darating ang panahon na hindi mo na kakailanganing gawin iyon.” Kita n'yo? Kita n'yo? “Kikilalanin Niyon ang mismong bagay na nasa kanila.” Nagkaroon na tayo ng lahat ng uri ng mga panggagaya, alam natin iyon, halos para madaya ang mga Hinirang kung maaari. Masdan ninyo kung papaanong ang iba pa sa bagay na iyon ay sumasang-ayon sa Salita, kung gayon ay malalaman ninyo kung iyon nga ay tama o hindi. Ngunit, gayon pa man, si Jesus ay nananatiling siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

527 Ilan ang mga naririto na may sakit, at nalalaman na hindi ko kayo kilala? Itaas ang inyong kamay, sabihing, “Ako—alam kong hindi mo ako kilala.” Oh, halos, palagay ko, sa lahat ng dako. Ang tanging bagay na kailangan lang ninyong gawin ay sampalatayanan lamang ito.

Only believe, only believe,
All things are possible, only believe;
Only believe, only believe,
All things are possible, only believe.

528 Sinabi ni Jesus, “Kung paano ang nangyari sa panahon ng Sodoma, ay ganoon din naman ang mangyayari kapag ang Anak ng tao ay mahayag sa ibabaw ng lupa sa huling panahon. Kapag ang Anak ng tao ay mahayag, o, ipahayag ang Kanyang Sarili sa huling panahon.” Ngayon, hindi sa naunang panahon, sa kalagitnaan ng panahon; sa huling panahon, kita

n'yo, magpapahayag Siya. At ngayo'y nasa huling mga araw na tayo. Ang Sodoma ay eksakto nang nakaayos, lahat na, ang mga mensahero, talagang parehong-pareho.

⁵²⁹ Anong nangyari sa—sa munting labí na tinawag palabas kasama ng grupo ni Abraham? Mayroong Isang dumating sa kalagitnaan nila, nasa katawang-tao; ipinakilala sa katawang-tao, kumakain kasama nila, umiinom kasama nila, ang siya ring pagkain na kinakain nila, lahat na. Tumayo Siya sa kalagitnaan nila, sinabi ang Mensahe. Saka Niya sinabi, “Gagawin Ko ang dakilang bagay na ito.”

⁵³⁰ At patuloy na pinag-iisipan ni Abraham, “Ito na kaya iyon? Noon pa ako naghahanap ng isang Bayan. Ito na kaya ang Hari?”

⁵³¹ At sinabi Niya, “Bakit pinag-alinlanganan ito ni Sarah?” Doon sa loob ng tolda, sa likuran Niya.

⁵³² Sinabi ni Abraham, “Panginoong Diyos, Elohim!” Dahil, nakilala Niya ang mga iniisip ni Sarah.

⁵³³ Sinabi ni Jesus na iyon ay mauulit muli kapag Siya ay nahayag na sa huling panahon, ang Pangulong-Bato na bumababa na sa Katawan. Upang tubusin ang . . . Iyon ang mga tinubos, paririto upang kunin na ang Sariling Kanya. Naririto Siya kasama natin.

⁵³⁴ Ngayon, mayroon lamang mga isang dosenang kamay, o higit pa, ang nagtaas. Naniniwala akong kayang pagalingin ng Diyos ang bawat isa sa inyo. Siyanga. Naniniwala akong gagaling kayo. Hindi ako naniniwala na ang isang tao ay totoong mauupo sa isang lugar na ganito nang hindi . . . sa ganitong uri ng panahon, at ganitong kapaligiran, nang hindi nalalaman, napagkikilala ang isang bagay.

⁵³⁵ Gusto kong manalangin kayo. Gusto kong alamin n'yo kung ano ang problema sa inyo, sa—sa—sa inyong puso, kita n'yo, at pagkatapos ay magsimulang manalangin, sabihin n'yo, “Panginoong Jesus, ipahayag Mo po ito. Ako'y—nakikipag-usap ako sa Iyo kung ano ang problema sa akin. At ngayon po ay isugo Mo ang Iyong Espiritu Santo kay Kapatid na Branham, upang tupdin ang sinabi niya na Katotohanan, sa Mensaheng ito na ipinangusap niya ngayon patungkol sa Iyo, nalalaman ko na iyon ay ang Katotohanan. Ngayon, ipahayag Mo po iyon sa akin, Panginoon. Mangusap Ka po sa akin.”

⁵³⁶ Ngayo'y nagkalat na, tila ba rito at sa palibot. Kaya manalangin lamang, at manampalataya lamang nang buong puso ninyo, na ipagkakaloob iyon ng Diyos.

⁵³⁷ Ngayon gusto kong tumingin kayo sa akin, at manalangin. Kagaya lamang ng sinabi nina Pedro at Juan, “Tumingin ka sa amin.” Mayroon siyang gusto, at iyon ay matatanggap na niya. At may bagay kayong gusto, at naniniwala ako na iyon ay matatanggap na ninyo. Sinabi niya, “Tumingin ka sa amin.”

538 Sinabi niya, “Pilak at ginto, ay wala ako; ngunit kung anong mayroon ako, ay ibibigay ko sa iyo.”

539 Ngayon, kagalingan, ay wala ako. Ang lahat ng iyon ay na kay Cristo. Ngunit kung ano ang nasa akin, isang kaloob ng Diyos, ay ibinibigay ko sa inyo, pananampalataya upang sampalatayanan Siya. Ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang bawat isa sa inyo ay magsigaling. Sampalatayanan ninyo iyon. Kita n’yo? “Kung magagawa mong sumampalataya!”

540 ‘Yung babaeng nakaupo roon, na nakatingin sa akin. Umiiyak siya, kani-kanina lamang, nananalangin. Mayroon siyang sakit sa thyroid na bumabagabag sa kanya. Hindi kita kilala. Ikaw ay estranghero sa akin. Totoo iyon, hindi ba. [Sinasaki ng kapatid na babae, “Tama iyon.”—Pat.] Hindi ka tagarito. Ikaw ay taga-Chicago. Gng. Alexander. Kung tama iyon, iwagayway mo ang iyong kamay. Ngayo’y bumalik ka na sa Chicago at gumaling.

541 Ano ang nahipo niya? Ang parehong Bagay na nahipo nung babae na inaagasan ng dugo, ang laylayan ng Kanyang damit, hindi ng sa akin.

542 Narito ang isang munting babae na nakaupo sa kalagitnaan ng karamihan, kung magagawa ko na maunawaan niya ako. Ikaw na iniangat ang iyong ulo nang patagilid. Hindi kita kilala. Estranghero ka sa akin, ngunit ikaw ay nagdurusa sa sakit sa tiyan. Nakaupo sa tabi mo ang iyong asawa. Mayroon siyang problema sa kanyang tainga. Ang pangalan mo ay Czap. Kayo’y mga estranghero sa akin. Hindi kayo tagarito. Kayo’y taga-Michigan. Kung tama iyon, iwagayway n’yo ang inyong mga kamay. Magbalik kayo sa Michigan, na magaling na. Pinagaling kayo ng inyong pananampalataya. “Kung magagawa mong sumampalataya, ang lahat ng bagay ay mangyayari.”

543 Munting babae roon na may sakit sa lalamunan, na nakaupo rito mismo sa bandang dulo, taga-Georgia, na nakadamit ng puti. Magbalik ka, sa Georgia, na magaling na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Sinasampalatayanan mo ba iyon?

544 Babaeng nakaupo ryan, na nakatingin sa akin, diyan mismo sa may dulo ng upuan. Mayroon siyang sakit sa sinus. Kung sasampalatayanan niya ito, pagagalingin siya ng Diyos. Gng. Brown, manampalataya ka nang buong puso mo, si Jesus Cristo ay. . . Ikaw ay estranghero sa akin, ngunit kilala ka Niya. Uh-huh. Sinasampalatayanan mo ba iyon? Itaas mo ang iyong kamay. Siyanga.

545 Nakahiga rito sa tiheras na ito. Sabihin sa kanya na tumingin sa dako rito. Siya’y nahihirapan, nang patuloy. Kung mapagaling ko siya, gagawin ko po iyon, ginoo. Hindi ko kayang magpagaling. Hindi siya tagarito; nanggaling pa sa malayo. Ikaw ay taga-Missouri. Ang iyong mga sakit ay sa loob. Ngunit kung ikaw ay sasampalataya nang buong puso mo, at

hindi mag-alinlangan, kaya kang pagalingin ni Jesus Cristo; at makababalik ka na sa Missouri, na magaling na, at ihayag ang iyong patotoo. Sinasampalatayanan mo ba iyon? Kung gayon ay tanggapin mo iyon, at buhatin mo ang iyong tiheras at umuwi na. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

⁵⁴⁶ Sumasampalataya ba kayo? Iyan ang pagkakakilanlan ng Presensiya ng Walang Hanggang Hari. Sinasampalatayanan n'yo na ba ito ngayon, nang buong puso ninyo? Ngayon, tunay na gumawa Siya ng isang bilog, sa palibot mismo ng gusaling ito. Sinasampalatayanan ba ninyo ito nang buong puso ninyo? Sumasampalataya ba kayo na kayo'y nasa Kanyang Presensiya?

⁵⁴⁷ Ngayon, sinasampalatayanan ba ninyo at tinatanggap na isa kayo sa mga delegasyon ng Kahariang ito? Itaas ang inyong kamay. Sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakup sa kanila na mga nagsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito ay gagaling." Tayo ay sa isa't isa; kayo'y bahagi ko, ako'y bahagi ninyo; tayong lahat ay bahagi ni Cristo. Ngayon, sama-sama, ipatong natin ang ating mga kamay sa isa't isa.

⁵⁴⁸ Sa dako mismo rito, 'yung babae sa tiheras ay bumangon na, lumalakad na sa palibot, uuwi na upang maging magaling na. Amen.

⁵⁴⁹ Kayo'y, bawat isa, ay magaling na, kung sasampalatayanan ninyo iyon. Ngayon ay ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa't isa, at kayo ang bahaging ito ni Cristo. Ipanalangin ninyo ang taong pinapatungan n'yo ng inyong mga kamay, sa paraan lamang na nais ninyo.

⁵⁵⁰ Panginoong Jesus, napagkikilala naming naririto Ka. Ikaw ang aming Hari; ipinakikilala Mo ang Iyong Sarili sa aming kalagitnaan. Pinasasalamat na Ka namin sa Presensiyang ito. At, Panginoon, sinabi Mo, "Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Maalis ka,' hindi pag-alinlanganan iyon; sampalatayanan na ang inyong sinabi ay mangyayari, makakamtan ninyo iyon, makakamtan ninyo ang inyong sinabi."

⁵⁵¹ Kung gayon, sa pagsunod sa utos na ito, sa pagsunod sa Salita ng Diyos na hindi mabibigo, kami bilang mga delegasyon Mo mula sa labinglimang milya kuwadrado, katulad ng Bayang iyon, sinasabi namin kay satanas, ang talunang diablo, "Ang iyong wakas ay para sunugin. Kami ang mga delegado mula sa Bayan na parisukat, ang Bayan kung saan ang Kordero ang siyang Ilaw. Kami ang mga nahayag na katangian ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na mga tinubos ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya."

⁵⁵² Satanas, lumabas ka, at lisanin mo ang bawat taong may karamdaman na naririto, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Mga banal na kamay na tinubos na, dahil sinasampalatayanan nila ang Salita at pawang mga katangian ng kaisipan ng Diyos, ngayon

ang mga kamay na iyan ay nakapatong na sa isa't isa. Hindi mo na sila mahahawakan pa. Lumabas ka, sa Pangalan ni Jesus Cristo!

⁵⁵³ Ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, ngayon, Siya'y naririto. Sinasabi ng Kanyang Salita na Siya'y naririto. Ang inyong presensiya at ang inyong pananampalataya ay nangungusap, na, isa kayo sa delegasyon. Maging sa bawat sukat ng heograpiya na maipapakita natin, ay gayon nga. Napagkikilala ba ninyo na kayo ay tinubos na mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos? Napagkikilala ba ninyo na *ito* ang inyong Tahanan? *Dito* kayo patutungo.

⁵⁵⁴ Kaya kayo pumaparito, kaya kayo lumalapit kay Cristo, kayo ay kumakain ng Kanyang Salita. At kung magkakaroon kayo ng panahon na tulad nito, rito, sa pamamagitan lamang ng Kanyang nahayag na mga katangian, gaano pa kaya kapag pumaroon na tayo sa Kanyang Presensiya? Oh, iyon ay magiging napakaganda! Bawat isa sa inyo ay may karapatang pagalingin ang mga maysakit, ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa mga maysakit. Bawat isa sa inyo ay may karapatang magbautismo.

⁵⁵⁵ Kung mayroon mang naririto na hindi pa nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, nakabukas ang bautismuhan.

⁵⁵⁶ Iyan lamang ang tanging paraan upang makarating kayo, uh-huh, siyanga, ay ang sundin ang bawat Salita. Tandaan, isang maliit na pagbabago sa Salita, sa pasimula, ang nagdulot ng bawat kasalanan sa ibabaw ng lupa. Sinabi ni Jesus, "Ang sinumang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito, ay hindi makakapasok." Ang kanyang pangalan ay aalisin sa Aklat, sa sandaling gawin niya iyon.

⁵⁵⁷ At walang anumang dako sa Biblia kung saan ang sinuman ay nabautismuhan, sa Iglesia, nang iba kundi sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung hindi pa kayo nabautismuhan sa ganoong paraan, maiging gawin n'yo na ito.

⁵⁵⁸ "Oh," sasabihin ninyo, "wala namang anumang kaibahan iyon." Meron noon kay Eba.

⁵⁵⁹ Sinabi ni satanas, "Oh, tunay nga, ang Diyos, alam mo ang Diyos . . ." Ngunit, ginawa nga Niya. Sinabi Niya na ganoon.

⁵⁶⁰ Ibinigay Niya kay Pedro ang mga susi ng Kaharian, at kung ano ang natalian noon sa Pentecostes ay natalian na magpakailanman. Iyon ang dahilan na ang Nobya ay nagpakitang muli, sa ikalawang pagkakataon; tiyak na may isang Iglesia na tatawagin palabas sa huling panahon, kung papaanong mayroon noong unang panahon, na katulad na katulad lamang. Ang Punongkahoy ay lumago mula sa mga ugat nito, hanggang sa lumaking ang Puno na Nobya, katulad ng ginawa nito sa panahon na iyon; ang obramaestra muli ng Diyos, gaya ng sinabi ko dalawang Linggo na ang nakakaraan, na isasama doon sa Bayang iyon.

Pagpalain kayo ng Diyos. “Sumasampalataya na ako ngayon.”

⁵⁶¹ Si satanas ay talunan na. Alam niya. Siya’y nasa lupa, gumagala siya na gaya ng leong umuungal. Hindi na magtatagal hanggang sa siya’y, oh, siya’y tapos na. Alam niya ang oras niya. Gumagala siya na gaya ng leong umuungal.

⁵⁶² Ngunit, tandaan n’yo, ang Prinsipe ng Kapayapaan ay nakatayo sa tabi; Yaong Dakilang Banal. Ang Arkitekto ng aking pagkatao, ang Arkitekto Na gumawa sa akin kung ano ako, Na gumawa sa inyo kung ano kayo, ay naririto. Kung ang Arkitekto, Na nakakaalam kung papaano buuin ang gusali, ang tamang lugar nito, sino ba ang nakakaalam ng mas mainam pa kaysa sa Arkitekto? At Siya’y naririto upang magpatunay, Siya Mismo, na Siya’y naririto.

⁵⁶³ Ngayon ito’y nakasalalay sa inyong pananampalataya. Manampalataya, manampalataya lamang! Uh-huh.

I’m bound for that beautiful City
 My Lord has prepared for His Own;
 Where all the Redeemed of all ages
 Will sing “Glory!” around the White Throne.
 Sometimes I grow homesick for Heaven, (kapag
 tapos nang lahat ito),
 And the glory that I There shall behold;
 What a joy that will be when my Saviour I see,
 In that beautiful City of gold!

⁵⁶⁴ Tandaan, sa simbahan, mamayang gabi, ay magpapakomunyon sila. Kung naririto kayo sa siyudad, pa rin, kung nais dumalo, gusto naming makasama kayo. Iyon ay isang alaala sa kung ano ang ating kakanin, isa sa mga araw na ito, kasama Niya.

⁵⁶⁵ Mahal ko kayo. Hindi ko alam kung papaano ito ipahahayag. Palagay ko kayo ang asin ng sanlibutan. At naririnig ko ang inyong pag-uugali sa kalagitnaan ng sanlibutan, kung gayon nagbibigay iyon sa akin ng higit pang tiwala sa inyo.

⁵⁶⁶ Subalit, isipin n’yo, ang maliit na grupong ito ay magiging, kaaya-aya man tayo, ay magkakahiwa-hiwalay, isa sa mga araw na ito. Papangarapin natin ito. Ngunit kung ang isa man sa atin ay mangyaring pumanaw bago tayo magkita-kitang muli, tayo’y . . .

I will meet you in the morning, by the bright
 river side,
 When all sorrows has drifted away;
 I’ll be standing by the portal, when the gates
 open wide,
 At the close of life’s long, weary day.

I will meet you in the morning, by the bright
 river side,
 I'm often . . . ? . . . by the river, and, with rapture,
 old acquaintance renew; (Makikita ko kayo
 sa pagkakataong iyon, makikilala kayo.)
 You will know me in the morning, by the smile
 that I wear,
 I will meet you in the morning, in the City, that
 is built foursquare.

567 Gustung-gusto n'yo ba iyon? “Hanggang sa magkita-kita tayo!” Ngayon magsitayo tayo. *Take The Name Of Jesus With You*, bigyan mo kami ng tipa.

568 Mahal n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga? [“Amen.”] Naniniwala ba kayong ito ay Katotohanan? [“Amen.”] Patungo ba kayo roon, sa biyaya ng Diyos? [“Amen.”] Hanggang sa makarating na tayo roon:

Dalhin ninyo ang Pangalan ni Jesus,
 Bilang kalasag sa bawat bitag;
 At kapag mga tukso'y pumalibot sa inyo,
 Bigkasin lang sa panalangin ang banal na
 Pangalang iyan.

Iyon lamang ang gagawin, hanggang sa makita namin kayong muli. Sige.

Take the Name of Jesus with you,
 Child of sorrow and . . .

[May nagsasabi, “Mamayang gabi?”—Pat.] Hindi.

It will joy and comfort give you,
 Take it everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
 Hope of earth and joy of Heaven;
 Precious Name, O how sweet!
 Hope of earth and joy of Heaven.

569 Ngayon, kinailangan kong laktaw-laktawan ang aking Mensahe. Isang araw, kung loloobin ng Panginoon, babalik ako at tatalakayin itong mga “maluluwang na daan,” at tatalakayin iyon, kita n'yo, kung saan puwede tayong magkaroon ng mas mahaba-habang oras. Dumadaing kayo noon sa hindi natin pananatili nang matagal. Tumagal na tayo, ngayon. Mainit. Ngunit, ngayon, pagpalain kayo ng Diyos. Gustung-gusto ko ng ganyang pag-aawitan.

570 Isang kapitbahay rito, ang nagsabi, noong isang gabi nang patayin nila ang speaker sa labas, ang sabi, “Nasiyahan ako nang husto sa Mensahe, pero bakit ninyo itinigil 'yung magandang pag-aawitan, kita n'yo, doon sa labas?” Kaya, kapitbahay, kung nakikinig ka ngayong umaga, sa palagay ko'y mayroon

tayong pinakamainam na mga kapitbahay sa Jeffersonville. Ipinaparada natin ang ating kotse sa harapan ng kanilang bahay at lahat na ng iba pa; wala silang sinasabing anuman tungkol dito; patuloy lamang tayo. Kaya, pinasasalamatan natin sila ngayon.

⁵⁷¹ Oh, talagang kamangha-mangha Siya! Sumainyo nawa ang Diyos ngayon.

. . . Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.
Till we meet . . .

⁵⁷² Iyukod natin ang ating ulo. Pauwiin na tayo ng pastor, sa ilang sandali na lamang. Sumainyo nawa ang Diyos!

. . . we meet at Jesus' feet, (sa dakilang Bayang
iyon, sa Trono),
Till we meet! Till we meet!
God be with you till we meet.



ANG MAGIGING TAHANAN NG MAKALANGIT
NA NOBYO AT NG MAKALUPANG NOBYA TAG64-0802
(The Future Home Of The Heavenly Bridegroom And The Earthly Bride)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 2, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org